

Lingguwistikong Etnograpiya ng Sambal

Lingguwistikong Etnograpiya ng Sambal

Karapatang-sipi © 2021 ng Komisyon sa Wikang Filipino at ng Katutubong Pamayanang Kultural ng mga Sambal.

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng manuskritong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga may-akda at tagapaglathala.

Mga mananaliksik at sumulat ng manuskrito:

Ma. Teresa De Guzman
Enrico U. Baula
Norman King

PAUNAWA. Hindi inilathala ang manuskritong ito. Ang pagkopya at pamamahagi sa publiko ay ipinagbabawal.



Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel,
Malacañan Complex, San Miguel, Lungsod Maynila 1005
Tel. (632) 8736-2525
email: komisjonsawika@gmail.com

TALAAN NG NILALAMAN

Panimula	5
Pamamaraan ng pananaliksik	5
Mga suliraning kinaharap: Ang proseso ng FPIC	6
Kasaysayan ng Sambal Wika sa Pilipinas	8
Ang probinsiya ng Zambales	11
Ang wikang Sambal Botolan	14
Kahal, ahawa at Pamilya	20
Ang kamag-anakan	26
Pakikipag-ugnayan sa komunidad	27
Sistema ng Batas at Pagkamit ng Hustisya	27
Siklo ng buhay	28
Paglilihi at Panganganak	29
Pagpapasuso o pamanuno	32
Materyal at di-materyal na kultura at tradisyon ng mga Ayta Sambal Botolan	34
Iba't ibang laro ng mga Sambal Ayta	35
Edukasyon, Partisipasyon, Kalusugan, Transportasyon, komunikasyon at iba pa	39
Talasalitaan ng Wikang Ayta Sambal Botolan	45
<u>Ang wikang Sambal Kakilingan</u>	56
Transportasyon	59
Kabuhayan ng mga Ayta Kakilingan	59
Mga Pananamit	61
Proseso ng kasal	62
Mga paniniwala ukol sa kasal	63
Ang pagpapamilya	63
Siklo ng buhay	64
Mga laro at pinagkakalibangan	65
Sistema ng batas at pagkamit ng hustisya	65
Pilabunen	66
Talasalitaan ng Wikang Ayta Sambal Kakilingan	66
Ang wikang Sambal Tina	69
Munisipalidad ng Palauig Zambales	70
Munisipalidad ng Masinloc, Zambales	71
Munisipalidad ng Sta Cruz, Zambales	71
Munisipalidad ng Candelaria	71
Mga Paksa	
Sistemang Pangkabuhayan	71
Pangingisda	72
Pagtatanim	79
Siklo ng buhay	85
Pamilya at Pagkakamag-anak	86
Talasalitaan ng mga salita sa wikang Sambal Tina	87

Panimula

Kilala sa tawag na **Sambal** o **Sambali** o **Sambal Tina** ang wikang ginagamit ng mga katutubong Sambal na matatagpuan sa munisipalidad ng Santa Cruz, Candelaria, Masinloc, at Palauig sa Zambales. Tintawag naman na wikang **Sambal Botolan** ang wika ng mga Sambal na sinasalita sa bahagi ng Botolan, Zambales. Habang **Sambal Kakilingan** naman ang tawag sa wikang sinasalita ng mga Sambal Ayta na naninirahan sa San Marcelino, Zambales.

Sa pananaliksik na ito, idinokumento ang mga wika at kultura ng mga Sambal sa tatlong lugar. Bukod dito, kumuha rin ng mga katutubong salita mula sa mga nabanggit na wika ng mga Sambal sa bawat munisipalidad sa pamamagitan ng rekomendadong talasalitaan o wordlist. Sa pananaliksik, ang tatlong wikang naidokumento na ito ay *mutually intelligible* o naiintindihan ng bawat tagapagsalita ng bawat wika ang wika ng isa't isa na mga wikang na ginagamit sa probinsiya ng Zambales.

Pamamaraan ng pananaliksik

Gamit ang perspektibang analitikal sa etnolingguwistikong grupo, nagsimula ang pag-aaral sa wikang Sambal noong Abril 2018 at tumagal hanggang Mayo 2019. Dito sinuri ang varayti ng wika ng Sambal sa Zambales sa pamamagitan ng metodong pakikipanayam sa mga informant na taal at mahusay sa wikang Sambal (key informant interview), ginabayang-talakayan (focus group discussion), nakikiugaling-pagmamasid (participant observation) at pagribyu ng mga limbag na dokumento (document review) na may kaugnayan sa yugto, kalagayan at mga karanasan sa buhay ng mga informant. Kasabay ng pangunahing datos ang pagkuha rin ng sekondaryang datos na may kaugnay sa pag-aaral. May mahigit na isang daang katao ang naging informant para sa panayam sa bawat barangay at tatlong ginabayang-talakayan upang magkaroon ng balidasyon sa mga naunang naipahayag sa Key Informed Informant o KII (Tingnan ang talahayanan 1)

Talahayanan 1: Ang lugar ng pag-aaral at bilang ng informant			
Petsa ng pangangalap ng datos (Pangunahin at sekondaryang datos)	Lugar ng Pag-aaral	Wikang Pinag-aralan	Bilang ng kinapanyam
May 2018-Hunyo 2018	Brgy. Tabalong at Lucapon, Sta Cruz Zambales	Sambal Tina	10
Hunyo 2018-Agosto 2018	Brgy. Uacon at Alwa at Sitio Palauig Zambales	Sambal Tina	10

Hunyo 2018- Agosto 2018	Brgy. Baloganon, Masinloc, Zambales	Sambal Tina	10
Agosto 2018- Disyembre	Brgy. Palis, Botolan Zambales	Sambal Botolan	20
Agosto 2018- Disyembre 2018	Brgy. Nacolcol, Botolan Zambales	Sambal Botolan	10
Agosto 2018- Disyembre 2018	Brgy. Moraza, Botolan Zambales	Sambal Botolan	10
Disyembre 2018- Mayo 2019	Brgy. Sta Fe, San Marcelino	Sambal Kakilingan	30

Mga suliraning kinaharap sa pag-aaral : Ang proseso ng Free Prior Informed Consent



Larawan 1: Pagpupulong sa mga Ayta Kakilingan kasama ang kawani ng NCIP

Nagdulot ng pagkalito ang hindi pagkilala sa Memorandum of Agreement (MOA) ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) na ibinigay ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) para sa mabilis na pagpoproseso ng koordinasyon sa komunidad. Sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito, naging balakid ang pagproseso ng Free Prior Informed Consent (FPIC) sa munisipalidad ng San Marcelino upang gumawa ng pag-aaral ukol sa wika ng mga Sambal Ayta Kakilingan, dahil makaapat na beses na nare-iskedyul ang aming pagbisita sa lugar. Una, dahil sa masamang panahon, malambot at matubig ang aming dadaanan. Pangalawa, nagkasabay sabay ang pagpunta ng mga kawani sa isa pang pag-aaral kaya di nasamahan ang aming pangkat. Pangatlo, bagamat tag-araw na, masyadong maalikabok at malambot pa ang lupa baka raw kami ay mabalawah at ang pang-apat kailangang may sumama na isa lang kawani ng NCIP upang magtala ng mga tao sa lugar.

Noong Disyembre 2018, nagkaroon ng pagkakataong magsagawa ng

Field-based investigation (FBI) sa Brgy. Sta Fe, Munisipalidad ng San Marcelino sa probinsiya ng Zambales. Kasama ang ibang kawani ng NCIP, kung saan ito ay kinabibilangan nina Ginoong Randy Bernales, Ginoong Ira Encinares, mga kawani ng NCIP at ang Indigenous Peoples Mandatory Representative o IPMR na si Ginoong Jumer Jipoloti. Sa natunghayan sa panahon ding iyon nagkaroon pa lamang ng listahan ang opisina ng NCIP sa mga katutubong nagsasalita ng Sambal Kakilingan (Larawan 1: Mula sa FBI sa Sta. Fe San Marcelino). Noong Marso 29, 2019 pa lamang din nagkaroon ng lagdaan ng MOA sa pagitan ng mananaliksik, abogado ng NCIP na si Atty. Roman Antonio, Gng. Evelyn Dagsaan (sekretarya ng NCIP), IPMR Jumer Hipolito, kinatawan ng KWF na si Ginoong Earvin Pelagio, at ilang miyembro ng komunidad bilang kinatawan ng Sambal Kakilingan. Pagkatapos ng lagdaan ay nagkaroon ng balidasyon sa mga datos na nakalap sa kanilang lugar noong 1 Hunyo 2019 (Tingnan ang larawan 2).



Larawan 2: Balidasyon sa datos na nakalap sa mga Ayta Kakilingan

Iba naman ang naging karanasan ng mananaliksik sa pakikipag-ugnayan sa komunidad ng mga Sambal Botolan at Sambal Tina sa Munisipyo ng Sta Cruz, Zambales. Bago pa nagsimula ang pag-aaral ay mayroon nang nakuhang pahintulot ang mananaliksik sa komunidad dahil nagkaroon na ng unang pag-aaral ang mananaliksik sa lugar bagama't ginawa ito sa ibang barangay.

Para naman sa Sambal Iba, hindi na kinailangang magsagawa ng FPIC at dumaan sa NCIP dahil ang mga komunidad ng Sambal Tina ay hindi nabibilang sa mga katutubo tulad ng mga Ayta ng Zambales. Bagamat ganito ang estado, sumunod pa rin sa protokol ang mananaliksik at kumuha ng pag-endorso galing sa gobernador, mayor at punong barangay ng bawat lugar.

Kasaysayan ng wikang Sambal sa Pilipinas

Sa kasaysayan ng Pilipinas, ang mga ninuno ng mga Negrito ay sinasabing hango sa orihinal na mga wika ng mga Proto-Austronesian na Malayo-Polynesian na isa sa unang nanahan sa ating bansa at nakipag-ugnayan sa kanila. Pinapalagay na ang wikang ginamit ng mga Negrito ay mula pa sa mga migranteng Neolitikong Taiwan noong 4 kya (thousands years ago, batay sa arkeolohikal na datos) na nakita sa mga lugar ng Batanes at Hilagang Luzon. Ang haka-hakang nagmula sa wikang Austronesian ang wikang sinasalita ng mga Negrito ngayon ay maaaring dahil iilan na lang ang nagsasalita sa sinaunang wika ng mga Negrito gawa ng pangmatagalang pakikisalamuha at pagkikipag-uganayan sa mga nagsasalita ng Austronesian na wika. (Tingnan ang talahanayan 2 Mula kay Reid 2013).¹

Talahanayan 2: Etnolingguwistikong Grupo ng Pilipinas at kani-kanilang lokasyon	
ETHNOLINGUISTIC GROUP	LOKASYON
Batak (bya)	Palawan
Mamanwa (mmn)	Northeastern Mindanao
Inati (atk)	Panay
Inata (atm)	Negros
Pamplona Atta (att)	Western Cagayan Province, Luzon
Faire-Rizal Atta (azt)	Western Cagayan Province, Luzon
Pudtol Atta (atp)	Apayao Province, Luzon
Abenlen Ayta (abp)	Tarlac Province, Luzon
Mag-antsi Ayta (sgb)	Zambales, Tarlac, and Pampanga Provinces of Luzon
Mag-indi Ayta (blx)	Zambales and Pampanga Provinces, Luzon
Ambala Ayta (abc)	Zambales, Pampanga, and Bataan Provinces, Luzon
Magbeken Ayta (ayt)	Bataan Province, Luzon
Northern Alta (aqn)	Aurora Province, Luzon
Southern Alta (agy)	Nueva Ecija and Quezon Provinces, Luzon
Arta (atz)	Quirino Province, Luzon
Central Cagayan Agta (agt)	Cagayan Province, Luzon
Dupaningan Agta (dup)	Eastern Cagayan Province, Luzon
Palanan Agta (apf)	Isabela Province, Luzon
Disabungan Agta (apf?)	Isabela Province, Luzon
Casiguran Agta (dgc)	Aurora Province, Luzon
Maddela Agta (dgc??)	Quirino Province, Luzon
Umiray Dumaget (due)	Southern Aurora, Northern Provinces, Luzon
Alabat Agta (dul)	Quezon Province, Luzon
Rinconada Agta (agz)	Camarines Sur Province, Luzon
Partido Agta (agk)	Camarines Sur Provinces
Manide (abd)	Camarines Norte, western Camarines Sur Provinces
Remontado Dumágat/Sinauna Tagalog (agy)	General Nakar, Quezon Province/Tanay, Rizal Province

¹ Reid, LA. (2013) Who Are the Philippine Negritos? Evidence from Language. Volume 85, Issue 1 Special Issue on Revisiting the “Negrito” Hypothesis

Sa ginawang pag aaral ni Reid (2016)², bago pa ang pagdating ng mga Austronesian sa Pilipinas, mayroon nang dalawampu't pito (27) na mga grupong Negrito sa Pilipinas na nagpapanatili pa rin ng kanilang pagkakakilanlan bilang naiiba mula sa mga grupo ng mga hindi Negrito.

Ipinapalagay na ang mga Negrito ngayon na nabubuhay sa bansa ay mga kamag-anak ng mga sinaunang populasyon ng mga unang tao na nanirahan sa bansa, batay sa ebidensiyang arkeolohikal mula sa kuwebang Callao sa hilagang Luzon, pinetsahan sa c. 67,000 BP (before present) (Mijares et al. 2010 kay Lobel 2010)³, at mula sa kuweba ng Tabon sa Palawan, na may petsang c. 47,000 BP (Détroit et al. 2004 kay Lobel 2010) gayundin ang mga paghuhukay mula sa isang lugar sa Hilagang Palawan na pinaniniwalaang natirahan ang naturang lugar na may 11,000-taon (Ochoa et al. 2014 mula kay Dizon 2010)⁴. Ito ay sumusuporta sa kasalukuyang natuklasan nina Mijares na tinaguriang isang hominin, na pinangalanang *Homo luzonensis*, na nanirahan sa lupain ng Luzon na hindi bababa sa 50,000 hanggang 67,000 taon na ang nakararaan.⁵



Sa klasipikasyon ng wika sa Pilipinas, (batay sa ginawang sintesis ni Ruhlen (1987) Ethnologue: Philippines) nahahati sa dalawang distribusyon ang sangang Kanlurang Malayo-Polnesian, ito ay ang 1) Hilagang Luzon na binubuo ng tatlong (3) grupo – Hilagang Cordillera, Ilokano, at Timog Gitnang Cordillera at ang; 2) Bashic-Gitnang Luzon-Hilagang Mindoro na may tatlo (3) ring grupo-Bashic, Gitnang Luzon at Hilagang Mindoro. Sa ikalawang pangkat ng Bashic-Gitnang Luzon-Hilagang Mindoro napapaloob ang wikang Sambal (tingnan ang Talahanayan 3).

Sa klasipikasyon ng wika sa Pilipinas, (batay sa ginawang sintesis ni Ruhlen (1987) Ethnologue: Philippines) nahahati sa dalawang distribusyon ang sangang Kanlurang Malayo-Polnesian, ito ay ang 1) Hilagang Luzon na binubuo ng tatlong (3)

² Reid, LA 2016 Accounting for Variability in Malayo-Polynesian Pronouns: Paradigmatic Instability or Drift? Journal of Historical Linguistics 6(2): 130– 164.

³ Lobel, J. 2010 Manide: An Undescribed Philippine Language. Oceanic Linguistics 49(2): 478–510. Mijares A. S., F. Détroit, P. Piper, R. Grün, P. Bellwood, M. Aubert, G. Champion, N. Cuevas, A. Mijares A. S., F. Détroit, P. Piper, R. Grün, P. Bellwood, M. Aubert, G. Champion, N. Cuevas, A.

⁴ De Leon, and E. Dizon 2010 New evidence for a 67,000-year-old human presence at Callao Cave, Luzon, Philippines. Journal of Human Evolution 59(1): 123–132. DOI: 10.1016/j.jhevol.2010.04.008 (Accessed Sept. 21, 2014) Ochoa, J., V. Paz, H. Lewis, J. Carlos, E. Robles, N. Amano, M. R. Ferreras, M. Lara, B. Vallejo

⁵ <https://www.nationalgeographic.com/science/2019/04/new-species-ancient-human-discovered-luzon-philippines-homo-luzonensis/>

grupo – Hilagang Cordillera, Ilokano, at Timog Gitnang Cordillera at ang; 2) Bashic-Gitnang Luzon-Hilagang Mindoro na may tatlo (3) ring grupo-Bashic, Gitnang Luzon at Hilagang Mindoro. Sa ikalawang pangkat ng Bashic-Gitnang Luzon-Hilagang Mindoro napapaloob ang wikang Sambal (tingnan ang Talahanayan 3).

Talahanayan 3: Bashic-Gitnang Luzon-Hilagang Mindoro: Wikang Sambal⁶
1. Bashic: Ibatan
2. Gitnang Luzon: a) Sinauna; b) Sambalic- Ayta-Abelen, Ambala, Bataan Sambal, Mag-anchi Sambal, Magindi/Baloga, Bolinao Sambal, Botolan Sambal, Tina Sambal c) Kapampangan
3. Hilagang Mindoro: Alangan, Iraya, Tadyawan

Kilala ang Pilipinas sa pagkakaroon ng magkakaibang kultura na may tinatayang labing-dalawa (12) hanggang labing lima (15) milyong katutubo (IPs) na kabilang sa isang daan at sampung (110) grupo ng etnolingguwistiko sa bansa.⁷ Nasa 10-20% ang kabuoang bilang ng populasyon ng mga katutubo sa bansa. Matatagpuan ang mga ito sa Hilagang Luzon at Mindanao, at ilang bahagi Kanlurang Visayas.⁷ Kabilang sa mga pangunahing grupo ng mga IP ang Igorot ng Northern Luzon, ang mga Lumad ng Mindanao, ang mga Mangyan ng Mindoro, at ang mga Negrito na nakatira sa iba't ibang rehiyon ng bansa. Tulad ng mga Ati ng Panay, Agta ng Bicol, at Ayta ng Luzon. Sa Luzon, isa ang rehiyon ng Gitnang Luzon partikular sa Zambales sa tahanan ng mga Negrito na mas kilala sa tawag na Sambal. Ang wika ng mga katutubong Sambal ay may apat na baryasyon: ang wikang **Sambal Tina**, **Sambal Kakilingan**, **Sambal Botolan** at **Sambal Bolinao**. Sa pag-aaral na ito, tatlong wika lamang ang pinag-aralan. Ang **Sambal Tina**, **Sambal Kakilingan** at **Sambal Botolan**. Matatagpuan ang mga Sambal Tina sa Hilaga ng probinsiya ng Zambales, partikular sa munisipalidad ng Masinloc, Candelaria, Paluig, Sta Cruz at Iba. May mahigit na 70,000 na katutubong Sambal ang matatagpuan sa malaking bahagi ng Hilagang Luzon.

Ang wikang Sambal Tina ay 70% na mutually intelligible o parehong nagkakaintindihan sa wikang Sambal Botolan at maging ang Sambal Kakilingan. Madalas ginagamit ang Sambal Tina sa pakikipagkalakayan sa simbahan at sa mga politikal na pangangampanya. Iilan na lamang ang nagsasalita ng wikang ito lalo na sa kabataan.⁸ Ayon sa kay Mayor Engr. Domingo G. Panganiban⁹, isinusulong niya ang pagtuturo ng wikang Sambal Tina sa mga paaralan upang matutuhan ito ng kabataan at hindi itong tuluyang mawala.

⁶ Ibid

⁷ <https://www.iwgia.org/en/philippines>

⁸ SIL Ethnologue 2000

⁹ <http://www.philippineslanguages.sil.org/ical/papers/stone-The%20Sambalic%20Languages%20of%20Central%20Luzon.pdf>

Ang probinsiya ng Zambales



Larawan 3: Mapa ng Pilipinas kung saan ipinakikita ang lokasyon ng Zambales

Hango sa wikang Malay na “**Samba**” ang pangalang Zambales. Nangangahulugan itong “sumasamba” o “to worship” sa wikang Ingles. Nang dumating ang mga Kastila, sa Zambales nakita ng mga Kastila na ang mga taong nakatira sa babaying dagat ay sumasamba sa mga espiritu ng mga namatay nilang kamag-anakan. Dito nagsimulang tawagin ng mga Kastila ang mga tao na “**Sambali**” na di naglaon ay naging “Zambal” (Reed, 1904 kay Guanzon 2009)¹⁰. Nakilala ang Zambales noong una itong mailathala sa kasaysayan noong 1572 kung saan si Juan de Salcedo, apo ni Miguel Lopez de Legaspi (kauna-unahang gobernador ng Pilipinas), ay napadpad sa naturang lugar (Larawan 3: Mapa ng Pilipinas na nagpapakita sa lokasyon ng Zambales)¹¹. Nagkaroon ng usapan tungkol sa teritoryo ng Zambales dahil sa ito ay sumasaklaw sa ilang bayan ng Pangasinan. Sa pamamagitan ng Republic Act no. 2711, ang teritoryo ng Zambales ay inayos at naging isang hiwalay na lalawigan noong Marso 1917 (Valencia, 2000 kay Guanzon 2009)¹².

Ang Zambales ay isa sa pinakamalaking probinsiya sa Gitnang Luzon. Ang

¹⁰ Guanzon, Ma. Teresa P. (2009). “Ang Nawini ng Sambal Ayta sa Botolan, Zambales, at ang ‘Tawirang Pag-aakma ng sarili’ pagkatapos ng Pinatubo.” (Body and Self: Strategies of Accommodation of the Ayta of Botolan Zambales after Pinatubo.” Dissertation. Department of Anthropology, UP Diliman

¹¹ Ibid

¹² Ibid

probinsya ay nahahati sa labingtatlong (13) munisipalidad at isang lungsod. Sa probinsiyang ito matatagpuan ang wikang Sambal Kakilingan na isa sa diyalekto ng wikang Sambal. karaniwang itong maririnig na sinasalita ng mga Ayta na naninirahan sa munisipalidad ng San Marcelino. May kabuoang populasyong 33,665 katao ang bayan ng San Marcelino batay sa sensus noong taong 2015.¹³ Kabilang sa kabuoang populasyon ng San Marcelino ang mga nagpatalang Ayta na nakatira sa naturang lugar. Unang napag-aralan ang diyalektong Sambal Kakilingan ni Michiko Yamashita na nailimbag noong taong 1993 bilang isang kahingian sa kaniyang masteradong kurso sa programang MA Linguistics sa UP Diliman.¹⁴ Ang komunidad ng Sambal Kakilingan ay makikita sa kanlurang bahagi ng Bulkang Pinatubo. Ito ay may layong 30 kilometro sa San Marcelino. Nása 200 na mga Ayta ang naninirahan dito na namumuhay bilang mangangaso at naggagasak (nagtatanim). Regular na nakikipag-ugnayan ang Sambal Kakilingan sa mga Ayta ng Brgy. Villar, Botolan, Zambales dahil sa ugnayang pampamilya sapagkat marami sa mga Sambal Kakilingan ay may mga kamag-anak sa Botolan, Zambales.¹⁵



Larawan 4: Ang larawan ng mag-asawang Ayta ng Bataan^{16 17}

Ang Sambal Botolan naman sa kabilang banda ay kilala rin bilang Ayta Hambali na sinasalita ng may mahigit na 32,867 na katao (SIL Ethnologue 2000)¹⁸ na matatagpuan sa paligid ng munisipalidad ng Botolan (Antworth 1979, ix)¹⁹. Sa

¹³ "Province: Zambales". PSGC Interactive. Quezon City, Philippines: Philippine Statistics Authority. Retrieved 12 November 2016.

¹⁶ Yamashita, M.(1992). Kakilingan Sambal Texts with Grammatical Analysis. Cecilio Lopez Archives of the Philippine Languages, 1992

¹⁴?

¹⁵ Kapanayam sa PMR ng Sta. Fe Kakilingan na si Jumer Jipolito noong Nobyembre 2018

¹⁶ <http://gutenberg.readingroo.ms/2/0/3/2/20329/20329-h/20329-h.htm#d0e737>

¹⁷ Reed, William Allan (1904), *Negritos of Zambales*. Manila Bureau of Public Printing

¹⁸ Yamashita, Michiko (1992). *Kakilingan Sambal Texts with Grammatical Analysis*. Cecilio Lopez Archives of the Philippine Languages and the Philippine Linguistic Circle, Publication 8, edited by Ernesto Constantino. Quezon City: University of the Philippines. Pp, iii, 149.

¹⁹ <https://www.ethnologue.com/>

bulubunduking bahagi ng Hilagang-Kanluran ng Zambales matatagpuan ang kanilang komunidad, at maging sa Kanlurang bahagi ng probinsiya Pangasinan. Mula sa lingguwistikong pag-aaral, kung susuriin ang wikang Sambal Kakilingan ay mas malapit ito sa wikang Sambal Botolan. Ang pagkakaiba lamang nito ay ang ponolohiya, grammar at ilang leksikal aytem.²⁰ Gayundin, lumilitaw na ang wika ng Sambal ay maihahambing na malapit sa sinaunang Tagalog na sinaunang salita ng mga naninirahan sa Tanay, Rizal. Sinasabi na ang mga taong nagsasalita ng Sambal ay orihinal na naninirahan sa lugar ng Tanay, Rizal at nagsimulang lumipat pa-Hilaga. Habang ang Austronesian Tagalog naman na mula sa Masbate at Mindoro ay nagsimulang lumipat mga 6,000 B.C.²¹ Ayon naman sa pag-aaral ni Brinton, pinaniniwalaan na ang salitang Ayta²² ay nagmula sa Malayan na salita na **hêtam** na tao na ang ibig sabihin ay maitim na tao, o di kaya sa salitang Negrito na “**aita**” na ang ibig sabihin ay kulot na buhok (1898). Ang salitang **Ita**, ay ang pangalang ginagamit ng maraming Filipino upang tumukoy sa mga grupo ng Negrito na may kulay na maitim. May mga pagkakataon na nagkakapalit ang pagkabaybay o pagkasulat ng Ayta o Aeta gaya ng pag-aaral ni Padilla (2000: 53)²³, o isang baryasyon ng Kapampangan “Eta”. Sa diskusyon ni Brinton, inilalarawan ang Ayta bilang mga taong may maliit na katawan, maninipis na binti, at ekstensibong pagkakulot ng buhok. Hindi ito malayo sa paglalarawan nina Estioko at Griffin (1975)²⁴, na nagsasabing ang mga Ayta ay madalas na may katangian na maliit, may kaitiman ang balat, kulot ang buhok, may malaki at bilog na mga mata at may pangong ilong. Ang kabuoang pagkakakilanlan ng pamumuhay ng mga Ayta ay madalas nailalarawan bilang isang klase ng pamumuhay na walang takdang pag-uugali at pamamaraan (Brinton, 1898)²⁵. Ang mga Ayta, ayon kay Brinton, ay walang permanenteng tahanan, walang sistema ng pagsasaka, hindi kaugalian ang pagpapalayok, at samakatuwid ay sumusunod sa nomadikong pamumuhay (Larawan 3: Nomadikong Ayta). Bagamat hanggang ngayon ay may mga pagtatalo sa pagpapaliwanag sa kanilang pinanggalingan, ang tanging tiyak ay kabilang sila sa grupo na unang tumira sa Pilipinas. Sa ginawang pag-aaral naman ni Reid (1987) ang mga pangalan ng mga grupo ng Negrito na pinaka-interes ay ang mga iyong sumasalamin sa Proto-Extra-Formosan *qaRta (q) 'Negrito'; Ang mga tuntuning ito ay kinabibilangan ng Agta, Atta, Arta, Alta, at Ayta, kasama ang iba baryant depende ito sa pagbigkas ng ponemang *R. Ang pagkaiba-iba ng bigkas o intonasyon nito ay tumutukoy din sa pagkakilanlan nila sa uri ng kanilang pagsasaka.²⁶

²⁰ Reid, Lawrence. Determiners, Nouns, or What? Problems in the Analysis of Some Commonly Occurring Forms in Philippine Languages

²¹ **Ibid**

²² Magkaiba man ang pagbabaybay ng Ayta at Ayta ay iisa lamang ang inilalarawan ito ay ang mga Ayta sa Pilipinas

²³ Padilla, S. G. 2000. Negrito hunters and gatherers in the Philippines today. *Indig. Aff.* 2:52–55.

²⁴ Estioko, A. Griffin, P. *Bion Philippine Quarterly of Culture and Society* Vol. 3, No. 4 (December 1975), pp. 237-2

²⁵ Brinton, Daniel G. *The Peoples of the Philippines*. *American Anthropologist* Vol. 11, No. 10 (Oct., 1898), pp. 293-307

²⁶ Reid, Lawrence A. 1987. The early switch hypothesis: Linguistic evidence for contact between Negritos and Austronesians. *Man and Culture in Oceania* [Tokyo: Japanese Society for Oceanic Studies] 3 (special issue). 41–60.

Sambal Botolan

Ang Bagon²⁷

Bagon ang gamit sa pagbangon
Sa lahar ng Botolan ito ay ahon
Kagyat na mabagal kung ituring
Ni minsan di ito kinakitahan ng daing

Sa aking paglakbay aking tangay-tangay
Simbulo ng bagon bilang lakas na taglay
Sana'y inyong masakyan at maranasan
Ang bagon ng Botolan na talagang maasahan

Mula noong pumutok ang Bulkang Pinatubo noong 1991, malaking bahagdan ng populasyon ng mga Ayta ng Pampanga ang napilitang lumikas patungo sa kanilang tinutuluyan sa Zambales. Kabilang sa mga munisipalidad ng Zambales ay ang Botolan, Cabangan, Candelaria, Castillejos, Masinloc, Palauig, San Antonio, San Felipe, San Marcelino, San Narciso, Santa Cruz, Subic at Iba na siyang kabisera nito. Ang lungsod ng Olongapo ay ang nag-iisang lungsod ng lalawigan. Ang mga Ayta noon ay maituturing na nomadiko, o palipat-lipat. Pangangaso at pangangalap ang pangunahing kabuhayan ng mga Ayta noon (Grey, 2016). Ang Ayta ng Zambales ay madalas nakararanas ng iba't ibang sakuna. Isa nga rito ay ang pagsabog ng bulkang Pinatubo noong 15 Hunyo 1991. Humigit-kumulang tatlong (30) taon pagkatapos ng pagsabog, malaki na ang naging pagbabago sa kanilang pamumuhay at kultura. Bunga ng pagputok ng Pinatubo ay naging sapilitan sa mga katutubong Sambal ang pakikipag-ugnayan sa mga di-katutubo at sa ibang etnolingguwistikong pangkat. Ang mga Aytang nagpasyang bumalik at nanatili sa paanan ng bulkan ay kasalukuyang ipinagpapatuloy ang nakagisnang pamumuhay kahit alam nila na may banta ng peligro ang pamumuhay malapit sa bulkan. Dahil kadalasan kapag umuulan, malakas din ang agos ng lahar at di maaaring madaanan ang mga daanan. Dahil sa karanasang ito, ang komunidad ng Ayta ay mas lalong naging matatag na umangkop dahil sa pagputok ng bulkang Pinatubo noong taong 1991.

Umiiikot sa **Pangangaso**, panghuhuli ng mga ibon, palaka, mga hayop, pangunguha ng mga prutas, ugat-pananim, mga insekto, kabute at iba pang mga pananim ang kanilang kabuhayan sa bundok. (Shimizu 1989)²⁸. Ang mga nakalalap na bunga at lamang-ugat ang siyang nagbibigay ng karagdagang kita sa mga Sambal. Karaniwang ibebenta nila bilang mga mga kalakal sa pamilihang bayan ang mga nakakalap na bunga at lamang-ugat. Sinasabing ang kultura't wika ng Ayta ay unti-unting nagbabago dahil ang mga kanilang etnikong kaalaman ay hindi naidodokumento at walang sistemakitong pagtatala sa kanilang kabuhayan at kapaligiran. Dahil sa pangyayaring ito unti-unting nawawala sa mga nakababatang miyembro ng komunidad ang mga wika o mga salita hinggil sa mga halaman at hayop na matatagpuan sa kanilang lupaing ninuno na sa kalaunan ay maaaring malimutan o mamatay. Sa ginawang pag-

²⁷ De Guzman 2019 March. Ethnopoetry. (Ang ethnopoetry ay isang tula na hango sa datos ng etnograpiya)

²⁸ Shimizu, Hiromu. Pinatubo Aytas: Continuity and Change. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1989.

aaral naman ni De Guzman (2010),²⁹ tinalakay niya ang diskurso ng tawirang pag-aakma sa pabago-bagong panahon na halaw sa karanasan ng mga Botolan Ayta sa Zambales hinggil sa epekto ng isang sakunang nagpabago ng kanilang kasaysayan, tradisyon at pamumuhay,- ang pagputok ng Bulkang Pinatubo noong 1991. Dito naisalaysay ang pabalik-balik na pagtira ng mga Sambal Ayta mula sa resettlement o **Banwa** at pabalik sa orihinal nila tirahan sa **Baytan o** bundok. Una ay ang pagdating ng mga dayuhang sumakop at umangkin ng kanilang mga lupain. Pangalawa ay ang epekto ng pagsabog ng bulkang Pinatubo sa kanilang buhay at kabuhayan. Ginamit ng mga Ayta ang kanilang mga katutubong kaalaman, kakayahan at pag-uugali para maigpawan ang anomang kapahamakang nararanasan dulot man ito ng kalikasan o ng kapuwa-tao. Halimbawa, isang magandang modelo ang ginawang pagbabalik ng mga Ayta sa dati nilang komunidad para muling itayo at pagyamanin ang likas na yaman na mayroon sila sa kanilang lehitimong lugar. Ginusto nila ito kaysa manatili sa mga resettlement area na mistula silang nakakahon at nakapaloob sa pamamahala ng mga taong salat sa pag-intindi at pagkilala sa kanilang kultura at kakayahan. Hindi maitatanggi na may kaugnayan ito sa ginawang pag-aaral ni Fox (1952) noon ukol sa mga iba't ibang halaman na nakakalap ng mga Ayta sa paligid ng bulkang Pinatubo. Kasama din dito ang paglista ng mga maiilap na hayop at mga kagamitan sa panghuhuli sa kanila. Nagbigay siya ng mga bilang ng mga halaman, hayop at kagamitan sa pangangaso ng mga Ayta sa Zambales. Gamit ang *taxonomic analysis*^{30 31} kung saan tiningnan ang mga lokal na pangalan at siyentipikong pangalan ng mga halaman at mga hayop na nahuhuli sa kagubatan.³⁵ Mahalaga ang naging pag-aaral na ito upang ilistang muli at ikompara ito sa mga natitirang mga hayop at halaman sa kasalukuyan sa kanilang talasalitaan o mga talâ ng halaman at hayop o *ethnobotany*. Dito nasasalamain ang mga partikular na suliranin na sanhi ng mga likas na kalamidad sa mga katutubong lipunan sa ikatlong daigdig, lalo na sa etniko o kultural na mga minorya, na hanggang ngayon sila ay nakatanggap ng pansin sa panlipunan na siyentipikong pananaliksik. Ang potensiyal na dahilan ay upang gamitin ang kanilang tradisyonal na kaalaman at mga kaugaliang kinakaya sa panahon ng kalamidad. Ang halimbawa ng Ayta sa Zambales, na isang etnolingguwistikong grupo na nakilala dahil sa pagsabog ng bulkang Pinatubo, ay nagpakita kung paano maaaring matukoy ng tradisyonal na aktibidad na pang-ekonomiya at panlipunang pag-uugali ang ilang iba't ibang mga estratehiya sa kaligtasan³²

²⁹ De Guzman, M. *Panahunang-Tawiran: Ang Tawirang-Pagaakma ng mga Sambal Ayta sa Pabago-bagong Panahon (Seasonal Migration of the Samabal Ayta of Botolan as an Adaptive Strategy to Changing Environment)*. Malay Journal 23.1 (2010): 19-20 September 2010 ISSN-0115-61-95

____ (2013). *Sense of Smell: The Strategies of Accommodation and Appropriation among the Sambal Ayta of Botolan Zambales*. IJRSS Volume 3, Issue 1 ISSN: 2249-2496

³⁰ Fox, Robert (1952). The Pinatubo Negritos: Their Useful Plants and Material Culture. *Philippine Journal of Science* 81(3-4). 1952.


³¹ Ang isang taxonomy ay isang "sistema ng samahan ng kaalaman," isang hanay ng mga salita na naayos siba't ibang kahulugan at "bokabularyo." Elizabeth DePoy PhD, MSW, OTR, Laura N. Gitlin PhD, in *Introduction to Research (Fifth Edition)*, 2016

³² Seitz, Stefan 1998. *Coping Strategies in an Ethnic Minority Group: The Ayta of Mount Pinatubo*. *Disasters*. Mar1998, Vol. 22 Issue 1, p76. 15p.

Sa ginawang pag-aaral naman ni Guanzon (2009),³⁷ inilarawan dito ang katawan at ang pagbabagong-anyo sa pisikal na anyo ng mga Sambal Ayta sa Botolan, Zambales. Gamit ang katawan, binabago ng mga Sambal Ayta ang pagtingin sa sarili upang makipag-ugnayan sa iba't ibang kapaligiran at lipunan. Inilalarawan ng mga Botolan Ayta ang **Nawini** bilang isang katawagan. Ang **Pagpapapiyat at Tektek** (scarification) at **Pagpapatayad-gugot** (teeth filling) ay mahalagang tradisyon sa pagbabagong estado ng isang Sambal Ayta sa kanilang kultura. Halimbawa ang isang batang lalako o babae nagpatektek nangagngahulugan siya ay dumaan na sa transisyon mula sa pagkabata hanggang pagbibinata o pagdadalaga. Gayundin ang paglalagay ng **Tatu**, pagbabago ng kulay ng buhok, pagbabagong-amoy, pagpapaputi ng balat at pagpupulbo ay itinuturing na pagkilos upang mabago ang pagtingin sa sarili na inihalalintulad sa gawi ng mga unat na tagabayan.³³

Sa pagputok ng Bulkang Pinatubo, nagsilikas ang mga Sambal Ayta sa paanan nito at napilitang tumira sa **Banwa** o Loob-Bunga. Habang nasa Banwa, iba't ibang salik ang nakaaapekto sa kanilang pamumuhay at pakikipag-ugnayan kung kaya't naging dahilan ito upang tumawid at bumalik muli sa **Baytan** (bundok). Isa sa mga salik sa pagbalik at pagtawid ay ang pisikal na katangian ng lupang tinataniman sa **Banwa**. Itinuturing na **Maamot** (mainit) ang lupa o **Maamot nin luta** kung kaya't hindi sila makapagtanim. Di na rin nakakapangaso o **Makapangaho** dahil wala namang mga hayop na mahuhuli sa *resettlement area*. Kaya kahit tinututulan ng pamahalaan na sila ay bumalik sa dating lugar dahil ito ay mapanganib, ang mga Sambal Ayta ay pilit na nakikipagsapalarang balikan ang dating kabuhayan sa **Baytan**.

May mga panahon na ang mga Sambal Ayta ay nasa Banwa at Bayan. Iba't ibang lipunan at kapaligiran ang madalas tawirin ng mga Sambal Ayta upang mabuhay. Tinaguriang **tawirang-pag-aakma** at **tawirang pag-aangkop** ang kilos na ito. Binabago ng mga Sambal Ayta ang kanilang moda o pisikal na ayos at maging ang pagtingin sa sarili upang makaakma at makaangkop sa mga lipunang tinatawiran: ang



³³ Guanzon, Ma. Teresa (2009) "*Ang Nawini ng Sambal Ayta sa Botolan, Zambales, at ang 'Tawirang Pag-aakma ng sarili' pagkatapos ng Pinatubo.*" (*Body and Self: Strategies of Accommodation of the Ayta of Botolan Zambales after Pinatubo.*) (Disertasyon sa PhD sa Antropolohiya).

Baytan, Banwa at Bayan.³⁴ Ganito rin ang naging pag-aaral ni Marler (2011).³⁵ Ang epekto ng pagsabog ng bulkang Pinatubo noong 1991 sa tradisyonal na paggamit ng mga likas na yaman ng mga katutubong Ayta ay unti-unting nawawala lalo na sa mabagal na lipat-kaalaman sa bagong henerasyon ng mga Ayta. Dahil dito, nanganganib nang mawala mula sa kultural listahan sa Pilipinas ang kanilang tradisyonal na kaalaman.

Ayon sa Summer Institute of Linguistics, and wikang Sambal Botolan ay nasa estado na patuloy na ginagamit ng mga nakatira sa Botolan, Zambales. Ipinapakita sa talaan na nanatiling ginagamit ang wikang Sambal sa pang-araw-araw ng buhay. Nakabatay ito sa mga natipong mga datos at ang pag-analisa nito nina Fay Harriet Minot at Charlotte Houck ng Summer Institute of Linguistics taong 1957 hanggang sa kasalukuyan. Tiningnan ang bibliograpiya at mga listahan ng mga salita na nailathala sa pamamagitan ng lexicography. Gumamit ng iba't ibang modelo mula sa teoretikal hanggang sa metodo. Ang pag-aaral na ito'y nakatuon sa ponema at grammar ng wikang Sambal Botolan sa Botolan, Zambales. Ganito rin ang naging pag-aaral ni Minot (1964)³⁶ na siyang naging batayan sa pag-aaral na ginawa ni Antworth ukol sa grammatical sketch ng Sambal Botolan. Nagkaroon ng mga talasalitaan ukol sa mga gamit, salik at maging kahulugan nito. Sa pamamagitan ng leksikograpiya, nagkaroon ng pag-aanalisa at pagkokompara sa wikang Sambal sa probinsiya ng Zambales at ang baryasyon nito sa wikang ginagamit ng Botolan Sambal Ayta. Ganito rin ang binasang papel nina C. Paz (1993)⁴² ukol sa pag-aaral ukol sa wika sa bansa, isang tuon ay ang Sambal na wika partikular sa ponemang Proto-Austronesian.⁴³ Ang Sambal Botolan [sbl] ay kadalasang sinasalita sa Central Luzon, tulad ng munisipalidad ng Botolan at ilang parte sa Cabangan. Ang mga diyalektong kaugnay sa wikang Sambal o Ayta Hambali (Hambali Botolan) na kaugnay din sa wikang Ayta Mag-anchi ng Pampanga.³⁷ Ang Botolan ay mayroong 20 ponema: 16 katinig at 4 na patinig. Ang bawat pantig ay naglalaman ng hindi bababa sa isang katinig at isang patinig (tingnan ang Talahanayan 4 at 5).

³⁴ Guanzon, Ma. Teresa (2009) "*Ang Nawini ng Sambal Ayta sa Botolan, Zambales, at ang 'Tawirang Pag-aakma ng sarili' pagkatapos ng Pinatubo.*" (*Body and Self: Strategies of Accommodation of the Ayta of Botolan Zambales after Pinatubo.*" (Disertasyon sa PhD sa Antropolohiya).

³⁵ Marler, Thomas E. 2011. *The Ayta-Pinatubo loop. Communicative & Integrative Biology*. Nov. 2011, Vol. 4 Issue 6, p788-790. 3p. 1Western Pacific Tropical Research Center, University of Guam, UOG Station, Mangilao, Guam USA ISSN: 1942-0889

³⁶ Minot, Harriet, and Charlotte Houck. 1964. *Dependent and included clauses in Botolan Sambal*. Manuscript. Summer Institute of Linguistics, Philippines.

³⁷ Third Philippine Linguistics Congress noong taon 1983 at the University of the Philippines, Quezon City.

Talahanayan 4: Punto ng Artikulasyon

Paraan ng artikulas-yon	PUNTO NG ARTIKULASYON					
	Pangalangala					
	Panlabi	Pangalanga/ Pangipin	Palatal	Velar	Laryngeal	Glottal
Pasara walang tunog [stops]	p	t		k		q
Pasara may tunog [stops]	b	d		g		
Pasutsot walang tunog [fricative]		s			h	
Pailong [Nasal]	m	n				
Lateral-liq		l				
Lat-Flap		r				
Semi-V	w		Y			

Talahanayan 5: Tsart ng Patinig

	UNAHAN	SENTRAL	LIKOD
Taas	I	E	U
Baba		A	

Mga Halimbawang Salita na Gamit ang Ponema Patinig

/i/ : [i] mataas-paharap na di pabilog na patinig (high-front unrounded na consonant)

[tuli] ‘tainga’

/E/ : [E] mataas-gitna na di pabilog na patinig (high- central unrounded na vowel)

[bEbEy] ‘bibig’

[kElEt] ‘kulot’

/a/ : [a] mababa-gitna na di pabilog na patinig (low-central unrounded na patinig)

[qabu] ‘abo’

/u/ : [u] mataas-likod na di pabilog na patinig (high-back rounded vowel)

[gugut] ‘gilagid’

Mga Halimbawang Salita na Gamit ang Katinig na Ponema

Paimpit [Stops]

/p/ : [p] walang tunog na bilabial stop
[pa:lal] ‘palad’

/t/ : [t] walang tunog na alveolar stop
[gamEt] ‘kamay’

/k/ : [k] walang tunog na velar
stop [kElEt] ‘kulot’

/b/ : [b] may tunog na bilabial
stop [bayaq] ‘maga’

/d/ : [d] may tunog na alveolar
stop [da:ya] ‘dugo’

/g/ : [g] may tunog na velar
stop [qagtay] ‘atay’

/q/ : [q] glottal stop

[nandulaq] ‘dumura’

Pasutsot [Fricatives]

/s/ : [s] walang tunog alveolar fricative
[pu:suq] ‘puso’

/h/ : [h] walang tunog laryngeal fricative
[aha:wa] ‘asawa’

Pailong [Nasals]

/m/ : [m] bilabial nasal
[maqa:mut] ‘mainit’

/n/ : [n] alveolar nasal
[nawi:ni] ‘katawan’

/ŋ/ : [ŋ] velar nasal
[ŋi:pEn] ‘ngipin’

Isa ito sa mga wikang sinasalita sa Gitnang Luzon. Ang Sambal ay kabilang sa mga wikang Malayo-Polynesian na parte ng wikang Austronesian (Hammarström, H., Forkel, R., & Haspelmath, M., in Comrie 2018)³⁸. Ito ay maririnig na sinasalita sa mga katutubong

³⁸ Hammarström, H., Forkel, R., & Haspelmath, M. in The World’s Major Languages edited by Brnard Comries 3rd edition 2018

naninirahan sa Botolan at Cabangan, Zambales. Ang wikang Botolan Sambal ay mayroong apat na patinig, ang /a/, /e/, /i/, at /u/. Ang paglagay ng diin o *stress* sa mga salita ng Sambal Botolan ay mahalaga. Ito ang nagsisilbing gabay sa pagkakaiba sa mga salitang may iisang baybay ngunit may magkakaibang kahulugan. Ayon sa panayam mula kay April Boy Magtanong, labing-walong taong gulang na may lahing Ayta at Tsino (*half Ayta-half Chinese*) na lumaki na sa Nacolcol Loob-Bunga, Botolan, Zambales, Sambal ang wikang madalas na ginagamit sa loob ng tahanan, at maging sa kanilang komunidad sa pagitan ng mga kapuwa Ayta.

“...Sambal din kasi ginagamit sa bahay... natuto lang din ako mag-Ingles... mga 3-4 years old ako... yung sa Chinese, sa mama ko [na half Chinese], tinuruan ako noong mga, ah, 4-5 years old ako.” (April Boy Magtanong, 18, tungkol sa mga wikang natutunan, June 26, 2018)

Bilang Ayta, batid niyang may bahid pa rin ng diskriminasyon sa kanila dahil itinuturing daw silang “iba”, at kung minsan pa raw ay pinag-uusapan pa sila gamit ang ibang wika upang hindi nila maunawaan ang sinasabi tungkol sa kanila. Sa mga pagkakataong sila ay tinutukso ng kapuwa Ayta, ginagamit din nila ang kanilang katutubong wika upang hindi rin sila maintindihan ng ibang tao. Ginagawa nila ito bilang depensa sa sarili at sa mga kasama nila mula sa mga masasakit at mapanghusgang pananalita at pag-iisip ng ibang tao sa kanilang grupo. Para kay April Boy, masasabing halo na ang wikang ginagamit ng karamihan sa mga Ayta sa kanilang komunidad. Malaking impluwensiya ang wikang madalas gamitin sa mga trabaho sa labas ng komunidad gaya ng Tagalog na natututuhan naman nila. Dagdag pa niya, “...yung mga bata dito, diyan sa skul kasi... ang tinuturo din Tagalog kaya natuto na din.” Bukod pa rito, ang ilan sa kanilang komunidad ay bahagyang may kakayahang makaintindi at makipag-usap gamit ang wikang Ingles. Ang wikang ito rin ang kanilang ginagamit tuwing may turistang dumadayo sa kanilang komunidad. Para kay April Boy, magandang may alam na iba pang wika dahil mas madali nilang maintindihan kung ano ang ipinapahiwatig ng ibang tao. Ito rin ay daan upang maiwasan na sila ay tuksuhin sapagkat naiintindihan nila ang sinasabi tungkol sa kanilang mga Ayta.

Kahal Banwa at Kahal Baytan

Ang estrukturang pamilya ng mga Ayta Sambal Botolan

Patriyarkal ang estruktura ng pamilya ng mga Sambal Botolan Ayta. Ang ama ang tumatayong puno ng pamilya dahil siya ang punong nagdedesisyon at naghahanap-buhay para maitaguyod ang pamilya. Isa sa mga pribilehiyong natatanggap ng kalalakihan ay ang pag-aasawa ng marami o ang pagiging *polygamous*. **Ahawa** ang kataga para sa isang asawa lalaki man o babae. Bago magkapag-asawa kailangan munang itakda ang petsa ng kasal. Dalawang uri ang kasal sa Sambal Botolan, ito ay **Kahal bakil** at **Kahal banwa**. Ang **Kahal Bakil** ay kasal na isinasagawa sa baytan o bundok at ang **kasal banwa** naman ang ay kasal sa bayan.³⁹

Bunga ng pakikisalamuha sa mga tagabayan o mga unat, namulat na rin ang mga Sambal Botolan Ayta sa ibang paraan ng pagpapakasal. Tinatawag na **Kahal pugo** ang kasal sa barangay. **Kahal himbahan** naman ang kasal sa simbahan, at **Kahal hibil** ang kasal sa sibil. Minsan ay nakikibahagi din ang mga Ayta sa mass wedding

³⁹ De Guzman, MT. Panahunang-Tawiran: Ang Tawirang Pag-aakmang mga Sambal Ayta sa Pabago-bagong Panahon 2010

(pagpapakasal ng maramihan) na idinaraos at ginagawa naman sa Banwa o Bayan.⁴⁰ Mahalaga ang kahal sa mga Sambal Ayta sapagkat ito ang hudyat ng pagbabago ng estado ng isang babae at lalaki. Ngunit bago mangyari ang kasal kailangan munang patunayan ng isang lalaking Sambal na kaya niyang buhayin ang kanyang magiging pamilya. Ang lalaking Sambal ay kinakailangan makapagbigay ng **bandi**. Ang **Bandi** ayon sa pag-aaral nina Rice at Tima (1973) kay Guanzon⁴¹ ay may mahalagang papel sa pagpapakasal. Ito ay isang regalong hinihiling sa panig ng babae. Hindi maaring magsama ang lalaki't babae hangga't hindi naibibigay ng lalaki ng lahat ng hinihiling ng mga magulang ng babae. Naninibilhan ang ilang kalalakihang Ayta sa pamilya ng babae dahil mahal ang pagbibigay ng **bandi**.

Maaaring mga gamit sa **Paggahak** o paggagasak o mga gamit sa bundok. Ang mga halimbawa ng bandi ay ang **Yawo** (pana), **Utak** (jungle knife), **Taguho** (panghukay ng lamang-ugat), **KurEn** (kaldero). Dagdag pa rito, kailangan din magbigay ng manok, **Baboy Diko** o baboy ramo, **Damuag** (kalabaw), radyo puno (transistor radio), saging, **Kamote Kayapkap** (sweet potato), kamoteng kahoy, **Luko** (gabi), at iba pang bagay na hinihiling ng mga magulang ng babae ang lalaking Ayta. Dahil magastos ang pagbibigay ng bandi, may mga ilang kalalakihan na itinatanan na lamang ang mga kababaihan. Kung sakaling magkaganito, mas mahal ang magiging kabayaran o **Bandi** ng pamilya ng lalaki sa pamilya ng babae. Bukod sa mga nabanggit sa itaas, may pagkakataong nagsisipag-asawa ang mga kalalakihan ng babaeng unat upang maiwasan ang mahal ng pagbibigay ng **Bandi**.⁴¹

Inaasahan na ang **Ahawang Babae** ay tapat sa **Ahawang Lalaki** dahil kung sila ang unang mangangaliwa o magkakaroon ng ibang asawa, kailangan nilang maibalik lahat ng binigay na **Bandi** lalaking **Napangahawa**. Habang nagbibigay ng **Bandi**, patuloy pa rin ang pagsasagawa ng **Pahungaw** o pag-uusap ng mga magulang ng lalaki't babae. Kailangang magkasundo ang dalawang panig sa laki o halaga ng **Bandi**, at takdang araw ng pagpapakasal.

Ang proseso ng Kahal ay nahahati sa tatlong bahagi: Ang **Hogo**, **Suson**, at ang **Banhal**. Sa **Hogo**, nagaganap ito kapag namanhikan ang magulang ng lalaki sa pamilya ng babaeng nais nilang ipakasal. Magkakaroon ng pagpupulong ang mga kamag-anak ng babae at lalaki tungkol sa **Bandi** na dapat ibigay ng pamilya ng lalaki. Kinakailangang sa tahanan ng babae ginagawa ang proseso ng **Hogo** pagkalubog ng araw. Inaasahang may dalang kanin at baboy na pagsasalu-saluhan ang pamilya ng lalaki na nagsagawa ng **Hogo**. Kung walang dalang baboy, maaaring magdala ng manok o kaya sardinas na pagsasaluhan ng dalawang pamilya. May pagkakataon na di kinakatay ang baboy, kapag ganitong pamamaraan, ang baboy ay magsisilbing paunang bayad sa **Bandi**. Kapag sila ay nasa loob na ng bahay, ang mga maghahanda ng mga makakain at maiinom ay ang magkasintahan habang ang mga matatanda ay naguusap na ukol sa takdang petsa ng kasal. Kapag nag-uusap ang mga matatanda di maaring sumabat ang magkasintahan sa usapan. May **Pulyador** ang bawat pamilya. Ang **Pulyador** ay ang tagapagsalita o kinatawan ng bawat pamilya. Kapag nagkasundo na ang bawat pamilya, ang isang-daang pisong papel ay ilalagay sa gitna ng panyo at ito ay itatali. Hihilahin ng babae at lalaki ang magkabilang dulo ng panyo upang mas humigpit ito. Kailangan siguraduhin na mahigpit ang pagkakatali ng magkasintahan bilang tanda ito ng pagsasama hanggang sa huli. Ang pinakamahalagang bahagi ng

⁴⁰ Guanzon, Ma.Teresa. "Ang Nawini ng mgaSambal Ayta ng Botolan, Zambales, at ang 'Tawirang-pag-aakma ng Sarili' Pagkatapos ng Pinatubo". (Disertasyon Unibersidad ng Pilipinas Lungsod ng Quezon) 2007. Di pa inililimbag.

⁴¹ Ibid

Bandi na inilalatag sa **Hogo** ang pagpapakita ng pagiging taos-puso ng pamilya ng lalaki, ito rin ay nagpapahiwatig sa pamilya ng babae na maging maluwag sa kakayahan ng panig ng lalaki pagdating sa **Bandi**. Sa oras na magkasundo na ang dalawang pamilya sa kasal, ang susunod na proseso ay ang **Suson** na ginaganap sa loob ng ilang araw upang pag-usapan ang **Bandi**. Ang pag-uusap na ito ay pinangangasiwaan ng haligi ng tahanan ng bawat panig at kung kinakailangan ng pag-aareglo ay kukunsulta sa ibang nakatatandang miyembro ng pamilya. Madalas ang **Bandi** ay binabayaran nang hulugan. Kung nagkataon na hindi magsang-ayon ang bawat panig sa **Bandi**, ang kaayusan na naganap sa **Hogo** ay mawawalang-bisa at ang bandi na naibigay na sa babae ay kinakailangan ibalik sa panig ng lalaki kahit nabawasan na nila ito. **Suson** naman ang tawag sa pagkakasundo ng dalawang pamilya tungkol sa pagbibigay ng bandi at maging sa takdang araw ng pagpapakasal. Matapos ang **Suson**, ang lalaki ay kinakailangan manilbihan sa tahanan ng babae. Ang paninilbihan na ito ay tinatawag na **Manoyo o Mangampo**. Sa **Panonoyo**, ipapakita ng lalaking Ayta ang tamang asal at ang pagiging matino nito sa pamilya ng babae. Bukod pa ryan, kailangan ipakita ng lalaking Ayta ang kakayahan sa pagpapamilya. Lahat ng trabaho ng babae ay kailangang gawin o tulungan ng lalaki. Kailangan ding mag-igib ng tubig, mangalap ng kahoy at magbuhat ng mabibigat na bagay. Bawal na bawal ibagsak ang mga gamit na binubuhat. Bawal umutot o dumighay sa loob ng kanilang tahanan, bawal ipakita ang inis at pagod at lalong-lalo nang bawal tawagin direkta sa pangalan ang mga magulang ng babae. Kapag may nagawa ang isang lalaki sa mga pinagbabawal ay kailangang maghanda ng regalong maibibigay bilang pagpapaumanhin sa nagawang kasalanan. Ang manok o pera ang kadalasang binibigay sa kasong ganito. Ang manok ang kadalasang ibibigay kapag maliliit na kasalanan lang ang nagawa subalit kung itinuturing na malaking kasalanan na tulad ng direktang pagtawag sa pangalan ng mga magulang, ang pera ang magiging kabayaran at kadalasan itong umaabot sa lima hanggang sampung libo.

Kapag nagkasundo ang magkarelasyon at ang mga pamilya ng babae at natapos na ang paninilbihan ng lalaki, ang magkasintahan ay **Magbubukno** na sa pamamagitan ng pagtatali ng mahigpit ng panyo na mayroon isang daang piso. Sumunod dito, kailangang ng **Magpahungaw** na kung saan kailangan na magbigay ng isang buong baboy at isang kabang bigas sa pamilya ng babae. Pagkatapos naman na makapagbigay ng **Pahungaw**, isusunod naman ang pagbibigay ng **Bandi** sa pamilya ng babae. Sa **Bandi** naman, hihingi ng gamit ang magulang ng babae sa pamilya ng lalaki. Halimbawa nito ay ang mga gamit sa bahay ng lalaki, o kahit anong makikita sa bahay ay maaari nilang hingiin. Halimbawa nito ay ang gamit sa bahay tulad ng kaldero o karaoke. Pagkatapos nito kailangan na ng lalaki na **Mag-entriga** sa pamilya ng babae, kung saan ay magbigay ng **Damulag** o kalabaw at pera. Ang halagang pera na dapat **i-entriga** ay depende sa mapag-uusapan na halaga ng magkabilang panig. Pagkatapos nito ay doon pa lang pag-uusapan ng dalawang **Pulyador** sa dalawang panig na kung saan at kung anong uri ng kasal ang mangyayari.



Larawan 5: Dururo

Makikita sa larawan ang **Dururo** (ritwal) ng isang **Banhal**, na kung saan ginaganap ang pormal na seremonya ng **Kahal** at maaari itong maganap kahit hindi pa nababayaran nang buo ang **Bandi**. Sa ngayon, bihira na ito dahil sa hirap magbuo ng **Bandi** at itinuturing itong malaking pasanin sa panig ng lalaking Ayta. Ang mahalaga sa kasalan ay ang mapakain ang lahat ng mga bisitang darating. Kinakailangang hindi magkulang ang ihahanda dahil inaasahan din ang mga bisita na magbibigay ng pera at sa handa nakasasalalay kung ang bisita ba ay nasiyahan o nabusog sa pagkaing inihanda sa kasalan. Lahat ng mga taong nagtatrabaho sa pamilya at imbitado ay obligadong magbigay ng pera sa ikinasal dahil ang perang makukuha sa **Kasal** ay magiging paunang pambuhay ng bagong mag-asawa. Kung kaya't mas pabor na maraming dumating na bisita mas maganda. Bagamat kung tutuusin isa rin ito na nagdudulot problema sa pamilya ng lalaki dahil sa laki ng gastos.

Nagbigay ng detalyadong paglalarawan ang impormante na si Ginoong Suteru ukol sa **Bandi** at mga ritwal na ginagawa kapag may ikinakasal, aniya:

Parte ng ritwal ang pagbibigay ng atang sa mga kamag-anakang namayapa. Sa atang na ito kailangang magkatay ng baboy para i-alay at kainin ng mga dadalo sa kasal. Bukod diyan kailangan din silang mag-atang kay Apo Namalyari ⁴²sa araw ng kasal at bago kumain ang lahat sa salo-salo.

⁴² Ang kinikilalang Dyos ng mga Samble Botolan Ayta, na siyang nangangalaga sa kalikasan.



Larawan 6: Dururo

Sa gabi bago ang **Kahal**, kailangan ng tulong ng isang **Manganitu**, siya ang nakatakda upang makipagusap sa mga **Anitu** o espiritu. Ang **Manganitu** ang siyang magtatawag sa mga espiritu ng mga kapamilya na pumanaw na upang sa araw ng kasal **ay** walang masamang mangyayari sa magiging mag-asawa pati na rin ang kani-kanilang mga pamilya. Sa gabi bago ang araw ng kasal, tinatawagan na ang mga espiritu na maaaring manggulo sa kasal upang magpaalam at ipaalam sa mga yumaong kamag-anakan na ikakasal na ang kanilang kapamilya. Pinaniniwalaan na kahit namayapa na ang mga kamag-anakan kailangan isama pa rin sila sa ganitong mga kaganapan o sa hakbang sa buhay ng mga taong nabubuhay pa. Kailangan maramdaman pa rin ng mga namayapang kamag-anakan na kasama pa rin sila sa okasyon o sa mga magaganap sa bagong yugto ng kanilang kamag-anakan. Ang ganitong ritwal ay maaaring sa pamamagitan ng pagkanta o pagsalita lamang. Tinatawag itong isang dururo. Ang **Dururo** ay ang pagdadasal at **Pag-aatang** o pagbibigay alay sa mga espiritu ng mga kamag-anakan at ilang mga **Kamana** o espiritu na mga nasa paligid ng kanilang komunidad upang hindi sila magambala. Bukod pa rito, inilalarawan din ang **Dururo** bilang isang mahalagang dasal na ginagawa para kay **Apo Namalyari**. Pinaniniwalaan ng mga katutubong Sambal Botolan Ayta na si Apo na Malyari ang Diyos na sinasamba at sinasabing tagapagbantay o tagapangalaga sa mga katutubong Ayta, bulkang Pinatubo, at ng buong lalawigan ng Zambales. Sa pagsasagawa ng **Dururo** kailangang magpulong ang mga kasama sa dasal at pag-uusapan kung saan gagawin o bakit gagawin ang dasal. Pagkatapos nilang pag-usapan kung saan at bakit nila ito ginagawa, mayroong isang katutubo na kailangang pumuwesto sa gitna na siyang magsasagawa ng dasal habang ang ibang katutubo ay nakapaligid sa Aytang nagdasal. Ginagawa nila ang **Dururo** kapag mayroon silang kasamahan na may sakit, nag-aalay sa mga masamang espiritu na nakapaligid sa kanilang lugar at maging sa **Kahal**. Nag-aalay sila ng manok at baboy para umalis ang mga masamang espiritu na nakapaligid sa kanila para rin hindi na sila gambalain o guluhin ng mga ito. Kapag may ikinakasal, kadalasan ito ang sinasambit ng mga nagdadasal para sa mga ikakasal:

Itong kamag-anak natin ay ikakasal na bukas, kaya sana ay wala sanang mangyaring masama sa takdang araw ng kanilang kasal.

Sa paraang ito kahit na di makakapunta ang mga espiritu, magpapaalam pa rin sila. Ganito rin ang kanilang sinasambit kay Apo Namalyari na kung saan nagbibigay-galang at nagpapasalamat sa mga biyayang kanilang natatamasa. Si Apo Namalyari sa pananaw ng mga Sambal Botolan Ayta ay siyang nangangasiwa sa kanilang kalikasan, kapaligiran at kanilang kaligtasan.

Panalangin sa kaligtasan⁴³

*Apo Namalyari
Labay nawen makaurong kun nawen
[Gusto naming makauwi sa amin]
Tambayan mo kay po
[Kaya tulungan ninyo naman po kami]
Hika bungat ya pag-asahan nawen
[Ikaw lang ang pag-asa namin]
Labay nawon makaurong Pinatubo
[Gusto na naming makauwi sa Pinatubo]
Kaya an ipanalangin nawen komo Apo Namalyari
[Kaya iyon ang dinalangin namin Apo
Namalyari] Ampaki-ilgukay komo agkay ray
lonto
[At nakikiusap kami sa iyo na wag ka na puputok] at
morong kaya na
[at babalik na kami]
Main tiwala kay komo Apo
Namalyari [Nanalig kami sa iyo
Apo Namalyari]*

Iba't iba ang mga pamahiin ukol sa pagpapakasal at ito ay ayon sa sumusunod: a) bawal magtrabaho pareho ang babae at lalaki bago ang kasal; b) bawal humawak ng matutulis at bawal magbuhat ng mabibigat na bagay; c) bawal isukat ang damit pangkasal lalo na kapag hindi pa kasal. Maaari lamang itong isuot sa mismong araw ng kasal; d) bawal magkasal sa plaza, pinaniniwalaan na ang okasyong ito ay sagrado at dapat ang pamilya lamang ng mga ikakasal ang maaaring makasaksi. Bukod pa ryan ang plaza ay nagsisilbing puntahan ng tao upang maglaro at iba pang patimpalak na itinuturing na di sagrado para sa kasal. Pinaniniwalaan ng mga Sambal Botolan Ayta na kahit anong tibay ng pagsasama ay magkakaroon ng dahilan ng paghihiwalay ng mag-asawa lalo na kapag sila ay ikinasal sa plaza. Aniya ang magiging relasyon ay parang plaza na pinagdarausan ng paligsahan na mayroong nanalo at natatalo. Hindi paligsahan ang relasyon kaya hindi maaring idaos ang kasal sa ganitong lugar na hindi seryoso tulad ng simbahang sagrado. Sa ganitong pananaw, ang ilang mga Ayta ay di pabor sa malawakang kasal na pinapatupad ng kanilang Mayor na libre tuwing Disyembre.

Dahil sa pagbabago, ang mas batang henerasyon na mga Ayta ay mayroon nang

⁴³ Guanzon, Ma.Teresa. "Ang Nawini ng mga Sambal Ayta ng Botolan, Zambales, at ang "Tawirang-pag-aakma ng Sarili" Pagkataposng Pinatubo". (Disertasyon Unibersidad ng Pilipinas Lungsod ng Quezon) 2007. Di pa inililimbag

kakayahang makapamilya ng kanilang mapapangasawa. Hindi na nila pinapaborahan ang sinasabing kasunduan o *arranged marriage* ngunit hinihingi pa rin ang opinyon at paggabay ng kani-kanilang mga magulang sa pag-aasawa. Gayundin ang pagbabagong pananaw ng kalalakihan sa pag-aasawa ng marami o *polygamy*. Sa kasalukuyan, nananaig sa karamihang mga lalaking Sambal ang pagkakaroon lamang ng iisang asawa dahil ayon sa kinapanayam :

[imbes na gamitin mo yung pera sa pagkuha ng bagong asawa, gamitin mo nalang yung pera na yun para mabuhay mo yung pamilya mo lalo na yung anak mo].

Sa nakasanayan noon, ang kadalasang gumagawa ng pag-aasawa nang marami ay ang mga namumuno sa tribo (Reed 1904 kay Guanzon 2007).

Kung susuriin, ang edukasyon ng mga unat ang kinamulatan na rin ng bagong henerasyon ng mga Sambal. Ang pormal na edukasyon ang isa sa mga posibleng dahilan ng pagbabago sa pananaw ng pag-aasawa ng mga Sambal, gayundin sa kanilang katutubong wika.

Sa panahon ngayon mas dumami ang termino at kaugaliang tagalabas sa paglalarawan ng detalye sa pagpapakasal. Gayunpaman hindi pa rin nawawala ang dating nakasanayang detalyeng terminolohiya sa pagpapakasal bagaman ito'y nadagdagan lalo na't sa kasalukuyang proseso nito. Ayon kay Ginoong Suter, bilang isang ama at bilang isang lalaki, naniniwala siya na ang responsabilidad niya sa pamilya ay ang maalagaan sila, mapakain at mapag-aral ang mga anak. Subalit ayon sa kanya, hindi na raw gaanong ganito ang nangyayari sa loob ng tahanan. May panahon na ang lalaking asawa ang gumagawa ng gawaing bahay at ang babaeng asawa naman ang naghahanapbuhay tulad ng pagtitinda o nangangamuhan sa ibang lugar. Dahil sa pakikisalamuha sa ibang kultura o yung mga taga-labas, nabago na ngayon ang pananaw ng mga Sambal Botolan Ayta kaugnay sa hindi pagkakapantay ng mag-asawa sa mga tradisyonal na trabaho. Tulad ng mga gawaing pambahay na kung noon ay karaniwang nakasalalay lamang sa kababaihan ngunit sa kasalukuyan ay kahit mga lalaking Sambal ay nagiging katuwang na sa mga gawaing bahay. Aniya, kung noon ang **Pehe** (pana) ay hawak lamang ng mga **Mangangaho** at kadalasan ito ay mga kalalakihan, subalit ngayon ang mga kababaihan ay may pagkakataon na rin makagamit ng **Pehe** lalo na kung nais makahuli ng mga maliliit na hayop tulad ng mga manok. Kung dati ang mga babaeng Ayta ay di makapagtrabaho sa labas ng kanilang tahanan, ngayon ay may kalayaan na silang makahanap ng trabaho sa labas sa kanilang komunidad. Dahil dito nagkaroon ng kamalayan ang mga babaeng Ayta sa pagkilala ng kanilang karapatan bilang babae.

Ang Kamag-anakan

Ang kamag-anakan para sa pananaw ng mga Ayta sa Botolan ay itinuturing na iisa lang ang lahi. Kadalasan sila ay may apelyidong Dela Cruz at maging ang mga Cabalic lamang. Kung kaya't ang depenasyon nila ng kaanak ay yaong mga taong kapareha nila sa apelyido na malapit sa kanila. Ayon kay Reed (1904), ang mga Ayta ay madalas nananatili sa maliliit na grupo at kadalasan ito ay may sampung (10) pamilya o mga limampung (50) indibidwal na nagmula sa iisang pamilya o ninuno. Hanggang ngayon ay makikita pa rin ang kaugalian na ang mga

magkakamag-anak ay madalas na naninirahan o nakikita lamang sa iisang lugar.⁴⁴ Mahigpit na ipinagbabawal sa mga Ayta ang pag-aasawa ng kadugo o kamag-anak (Reed, 1904).⁴⁵ Nagsalaysay si Ginoong Suterro ng isang kuwento patungkol sa kaganapang ito,

“Noong unang panahon kasi may kuwento diyan may magpinsang buo na nag-asawa, kaya pinarusahan sila o binigyan ng isang kundisyon. Ang ginawa sa kanila tinali yung mga tiyan nila sa isa’t isa magkatagilid at kailangan nilang akyatin yung tuktok ng bundok na tawag ay Panipugpugan. nasa likod lang nila yung mga kamag-anak nila tinitignan sila kasi pag naabot nila yung tuktok ng bundok hahayaan na silang magasawa o magsama. Kaso hindi sila umabot dun eh halos kalahati palang di na nila kinaya, namatay sila. Eh kasi tinali yung tiyan eh tapos walang pagkain, walang tubig at walang pahinga. Kasi ito palang mga tyan natin pag tinali nang mahigpit di talaga tayo makakahinga nang maayos. Tapos siyempre pataas yung akyat nila kaya kailangan talaga na nakakahinga ka nang maayos para malampasan mo yun...” (S. Dela Cruz, Personal komunikasyon, Hunyo 26, 2018)

Pakikipag-ugnayan sa komunidad

Ang katangiang pagiging mabait, mapagbigay at marunong makisama ay ilan lamang sa dapat taglayin ng isang taong marangal at tinitingala sa komunidad. Dapat ay tapat sa pananalita at pagseserbisyo dahil walang maniniwala sa kanya kung puro kalokohan lamang ang ginagawa niya. Kapares o kapantay naman ang pagtingin ng mga lalaki sa mga babae sa komunidad ngunit hindi pa rin nawawala ang aspekto na nasa lalaki ang huling pagbibigay ng desisyon. Maaaring magbigay ng mga idea at mungkahi ang mga babae. Maaari rin nilang sabihin kung may nakikitang mali o hindi tama sa pagdedesisyon ngunit nasa lalaki ang panghuling salita. Para kay Ginoong Suterro, pamilya ang tingin niya sa lahat ng miyembro ng kanilang komunidad lalo na’t kapamilya niya naman talaga ang mga ito sa katunayan. Masasabi niya na maayos naman ang relasyon ng bawat isa sa komunidad at halos lahat ay magkakakilala. Wala gaanong napapabalitang mga away at nakawan sa lugar. Tahimik at payapa ang lugar nila sa Loob-Bunga. Minsan lang ay hindi maiiwasan ang mga away mag-asawa ngunit bago pa man lumaki ang away ay pinapangunahan na at pinagsasabihan na sila ng mga matatandang miyembro ng komunidad. Nagbibigay ng payo ang mga *elder* kung paano dapat nila tratuhin ang isa’t isa. Kung titignan ang estado ng isang *elder*, mas nakakataas at mas pinapaboran sila kaysa sa mga namumuno sa komunidad tulad ng opisyal ng barangay na hindi nila kauri. Ang **Matua** o elder ay maituturing na mataas na posisyon sa kanilang grupo dahil sa kaalaman at karanasan nito sa pagpapairal ng kapayapaan sa kanilang komunidad. Ayon kay Ginoong Suterro, ang **Papu** o lolo niya ang kauna-unahang naging katutubong kapitan ng kanilang komunidad.

Sistema ng Batas at Pagkamit ng hustisya

Ang sistemang politikal ay kadalasang pinamumunuan ng mga matatandang Ayta. Ang mga tribal leader at **Matua** o elders ang siyang tagapagbigay ng payo lalo

⁴⁴ Reed, William A. “The Negrito of the Philippines.” *Southern Workman* 23 (1904), 273-279.

na kapag mayroong alitan sa loob ng kanilang komunidad. Nagsasagawa sila ng mga pagpupulong upang maintindihan ang mga kasong kinasasangkutan ng mga miyembro ng kanilang komunidad. Ayon kay Ginoong Lito de La Cruz, ang dating kapitan ng barangay, ang kanilang sistemang pang-hustisya ay hindi mapamilit. Ibig sabihin, maaaring hindi sundin ng Ayta ang payo ng mga matatanda. Ngunit, dahil na rin pinapahalagahan ng mga Ayta ang kapayapaan at kaayusan sa loob ng kanilang komunidad, laging sinusunod ng mga miyembro ng komunidad ang mga nakakatanda upang mapanatiling maayos ang kanilang lugar (Garvan, 1964).⁴⁵

Sa pagputok ng bulkang Pinatubo, nagsilikas ang mga Ayta mula sa kanilang orihinal na tahanan at nakasalamuha ang mga unat at natutuhan nang bahagya ang batas ng unat subalit hindi sa lahat ng pagkakataon. Aniya, ang batas ng mga Ayta ay naiiba sa batas ng unat. Para sa mga Sambal Botolan Ayta, ang sinumang makagawa ng malaking kasalanan katulad ng pagpatay ay ganoon din ang dapat niyang maging kapalaran bilang kabayaran sa kasalananang nagawa. Base sa salaysay ng Ginoong Lito Dela Cruz:

“Pag may nangyaring masama sa isa, hindi kailangan siya lang ang makaranas. Kailangan pati yung gumawa noon sa kanya, parusahan ng katulad sa naranasan noong isa. Maghuhukay iyan ng lupa, doon sila ilalagay pareho kung sakaling mamatay yung isa. Doon din paparusahan ang nakagawa ng masama o krimen sa kapuwa Ayta.”

Dagdag pa ni Ginoong Lito Dela Cruz, kapag ang isang Ayta ay nakapatay, isasama siya sa hukay ng taong napatay niya. Subalit sa kasalukuyan ayon sa kanya ay hindi na nila ito ginagawa. Ang ganitong pagpaparusa ay nangyari sa kanilang mga ninuno. Wala nang mga Ayta sa Zambales ang gumagawa ng ganitong pagpaparusa. Mas kilala ito sa tawag na **Turukan** sa wikang Sambal Botolan. Bagamat, mayroon pa ring mga katutubong batas ng mga Ayta na hanggang sa kasalukuyan ay nananatili pa rin ang proseso ng pagkamit ng hustisya. Halimbawa, kung ang isang Ayta ay **“Pinatulo ang dugo”** o nasaktan ng kaniyang kapuwa Ayta ito ay magreresulta ng pagbabayad **Dote** sa kasamahang nasaktan. Kadalasan ang **Dote** ay sa pamamagitan ng baboy o manok. Ang pagbibigay na ito ay dapat kusa upang maramdaman ng nasaktan na nagsisi at humihingi ng tawad ang nanakit sa kaniya. Kung hindi ito gagawin, maaaring sundin ng Aytang nasaktan ang batas ng mga taga-baba o mga taong nasa bayan at idedemanda niya ang Ayta na nakagawa sa kaniya ng kasalanan. Sa realidad, madalas nasusunod ang batas ng mga Ayta at pumapayag ang biktima na ayusin ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng **Dote** kaysa gumastos pa siya sa pagbabayad ng abogado pagdaanan ang mahabang proseso ng demandahan.

Siklo ng buhay

Ang bawat tao ay dumadaan sa siklo ng buhay. Para sa mga kakabaihan nagsisimula ang siklong ito sa pagdadalang-tao at magpapatuloy hanggang sa katandaan at sa kalaunan ay kamatayan. Ang dibisyon ng siklo ng buhay sa iba’t ibang yugto ay madalas nahahati sa edad ng isang tao at ito ay nag-iiba sa bawat lipunan at nakadepende sa partikular na kultura.

⁴⁵ Garvan, John M. The Negritos of the Philippines. Edited by Herman Hochegger. Vienna: Verlag, Ferdinand, Berger and Horn, 1964

Ang siklo ng buhay ng mga Ayta ay nahahati sa iba't ibang yugto. Nagsisimula ito bilang isang **Kulaw** (sanggol o infancy stage), **Anak** (pagbata o childhood), **Anakabayo** bilang dalaga o binata at ang **Daga** o nagbibinata o nagdadalangang Ayta. Ang **Papu** ay ang matatandang kalalakihan at kababaihan. Kompara sa iba't ibang kultura na nakadepende lamang sa edad, naiiba ang balangkas ng siklo ng buhay ng mga Ayta sa Botolan sapagkat ito nakaayon sa kakayahan at gawain ng isang tao sa kanilang partikular na edad at tungkulin.

Paglililihi at Panganganak

Ayon sa ginawang pag-aaral na “Mainstreaming Indigenous Health Knowledge and Practices” na isinagawa ni Palaganas (2000)⁴⁶, kagyat na maidokumento ang mga katutubong kaalaman at kaugalian tungkol sa kalusugan at mga aspektong nakaugnay sa siklo ng buhay bago pa maimpluwensiyahan ng makabagong mga kaalaman ng mga taga-labas. Bukod dito, inaangkop nila ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya at kagawian sa kanilang mga pangangailangan at kung paano ito inilalahok sa kanilang katutubong kaalaman (Rovillos, 1999). Kapansin-pansin na ang kasalukuyang salinlahi ng mga Sambal ay unti-unti nang mas nagiging lantad o pamilyar sa kanluraning kaalaman tungkol sa kalusugan. Sa kabilang banda ay marahan nang nalilimutan ang mga katutubong kagawian.

Ang paglililihi at pagbubuntis ng isang babae, isang aspektong nakaugnay sa kalusugan, ay tinuturing nilang isa sa mahahalagang parte ng siklo ng buhay sapagkat ito ang pundasyon para sa mga susunod na yugto ng isang indibidwal. Sa Brgy. Palis at Brgy. Nacolcol, ang pangunahing salita na ginagamit ay Sambal Botolan, **Pamuktot** ang termino para sa salitang pagbubuntis o pagdadalang-**tao** o **Kulaw** isang sanggol sa loob ng **Inyanan** o bahay-bata. Tinatawag namang **Layo** ang mga babae na may kalagayan na walang kakayahang mabuntis.⁴⁷ **Ampangalik** ang terminong ginagamit sa Sambal Botolan para sa naglililihi. Kadalasan, ang paglililihi ay nararanasan simula sa ikatatlong buwan hanggang ikapitong buwan ng pagbubuntis. May mga pagkakataon na nag-iiba ang palatandaan ng paglililihi ng isang babae depende sa pagkaselan ng pagbubuntis nito. Ang ganitong kalagayan ng buntis ay tinatawag ng mga Sambal Botolan Ayta na **Maselang Pamuktok. Panhuka** (pagsusuka), **Kaulaw** (nahihilo), at paglalaway depende sa naisin nitong kainin, ang madalas na palatandaan na naglililihi ang isang babae.

Ang pagbubuhat ng mabibigat na bagay at pag-inom ng mga gamot tulad ng *Mefenamic Acid* at piling mga *Antibiotic* ay ipinagbabawal sa mga nagdadalang-**tao**. Wala namang ipinagbabawal na pagkain sa kanila. Ngunit para sa mga inang nagbubuntis mainam pa rin ang mga natural na pagkain tulad ng mga gulay at iba pa. Sa paniniwalang Sambal Ayta, kailangang sundin kung ano ang gusto o pinaglililihihan ng babae dahil sa paniniwalang maaari itong makapagdulot ng sensitibong panganganak o pinaniniwalaang makakapagdulot ng **Pag-agas** (pagkalaglag) ng anak. Gaya ng **Nakwan** o malaglag ang **Kulaw** (sanggol) mula sa bahay-bata o **Inyanan**. Sa Brgy. Palis at Brgy. Nacolcol, walang tiyak na pagkain na hindi dapat kainin ang isang babae habang siya ay buntis. Nagbabago ito depende sa pagkain na hindi gusto ng sikhura ng isang buntis. Bukod dito, may mga iba pang mga rason kung bakit maaaring **nakwan** o makunan ang isang nagdadalang-**tao**.

⁴⁶ Erlinda Castro-Palaganas (2001), Mainstreaming Indigenous Health Knowledge & Practices. University of the Philippines, Center for Integrative and Development Studies.

⁴⁷ Panayam kina Emanlyn Dela Cruz na naninirahan sa Nacolcol, samantalang ang nakapanayaman na si Maricel Dela Cruz ay naninirahan sa Palis

“...dahil nakabuhat sila ng mabigat. At yung mababa ang matres. Minsan nakukunan din kapag hindi mo nakukuha ang gusto mo. ‘Yan ang dahilan kaya nakukunan. Pag mababa ang matres, kapag nagbuhat ng mabigat, at kung may nagustuhan kang pagkain tapos hindi nakuha. Yun, maaaring malaglag ang bata. Nauha nakwa nya labay nin kanen ang kakwan (Kung hindi mo nakuha ang gusto mong kainin, makukunan ka) ang tawag sa Sambali.” (M. Basa, Personal Communication, Hunyo 28, 2018)

Pinatotohanan ito ng pag-aaral ni Evelyn Grey na *Cultural Beliefs and Practices of Ethnic Filipinos: An Ethnographic Study* (2015) na tumalakay sa pagbubuntis at panganganak ng mga kababaihang Ayta⁶⁰. Ayon sa pag-aaral na ito, ang paglilihi ng isang Ayta ay:

“Kapag nangyari ang kondisyon na ito, mahalaga na maibigay sa isang nagdadalangtao ang kaniyang gusto o pinaglilihian upang ang itsura ng kaniyang sanggol ay hindi maapektuhan, at maaari siyang makunan kapag ipinagkait ito sakaniya. Kung maaari, ang mga tao sa kaniyang paligid, lalong-lalo na ang miyembro ng kaniyang pamilya, ay malugod na ibigay at sundin ang kaniyang gusto upang maiwasan ang pagkainit ng ulo o pagkagalit nito na maaari ring makaapekto sa kaniya at sa dinadalang sanggol.”

“When this condition occurs, it is important to give what the conceiving woman desires so that the appearance of the child would not be affected or worse, the denial may lead to miscarriage. As much as possible, the people around her, especially the family members, would try to please the pregnant woman to avoid the possibility of her getting angry.”

Hindi hadlang sa nagbubuntis ang maglaba, maglinis ng bahay at magluto lalo na sa mga unang buwan ng pagdadalang-tao. Gayunpaman, ang isang buntis ay hindi maaaring magbuhat ng mabibigat na bagay. Para sa mga ama tungkuling ng mga miyembro ng pamilya na siguraduhing ligtas ang pagdadalangtao ng babaeng Sambal na nagdadalang-tao. Ayon sa nakapanayam na si Emanlyn Dela Cruz, ipinagbabawal sa asawang lalaki ang makipagtalik sa kaniyang asawa sa panahon ng **Pamuktot** o pagbubuntis nito. Napag-uusapan ang paksang ito sa pribadong diskusyon ng isang mag-asawa. Ayon naman kay Maricel Dela Cruz, dating kagawad ng barangay wala namang ipinagbabawal na gawin ang lalake basta’t siya ay nagtatrabaho at tumutulong sa pangangailangan ng asawang buntis. Sa paglilihi, pareho namang nabanggit ng dalawang nakapanayam na hindi rin maaaring tanggihan ng asawang lalaki ang asawang babae kapag may nagustuhan itong kainin. Naniniwala rin ang mga Ayta na kapag ang asawang lalaki ang pinaglilihian ng asawang babae, dapat palaging magkasama ang mag-asawa dahil maaari nakakaapekto ito sa kondisyon ng **Pamuktot**.

Paltera ang tawag sa nagpapaanak sa bahay na hilot ang ginagamit sa pagpapaanak. Halos lahat ng mga paltera ay matatanda at isa itong gawi na ipinamamana mula sa mga nakakatandang miyembro ng pamilya. Langis, tuwalya, ilang halamang-gamot, at palanggana lamang ang kasangkapan na ginagamit ng paltera, kompara sa mga makabagong kasangkapan sa mga health center. Kasalungat ng madalas na kaalaman, may mga lalake ring paltera. Ang kinaibahan nito sa babaeng paltera, sa kanilang asawang babae lamang sila maaaring magpaanak. Sa kabilang banda, midwife ang tawag sa mga nagpapaanak sa ospital. Ang gobyerno ang siyang

nagtatalaga at nagbibigay suweldo sa mga midwife sa center. Makikita sa panayam ang pinagkaiba ng mga proseso kung ikokompara ang gawi ng mga **paltera** at ng mga midwife. Noong wala pang check-up, ang paghihilot ng **paltera** ang nagsisilbing pangunahing isinasagawa upang malaman ang **pamuktot** o pagbubuntis ng isang babae. Ginagamit din ang paghihilot upang maiayos ang pagkakapuwesto ng sanggol.

“Kapag may naramdaman na silang bilog sa tyan, sinasabi nila na may bata na iyan.” (Lila Dela Cruz, Personal na komunikasyon, Hunyo 28, 2018)

“Para maiayos ang bata. Yung iba nga, kapag nakapahalang ang bata, naiaayos pa nila.” (Lila Dela Cruz, Personal na komunikasyon, Hunyo 28, 2018)

Para naman sa mga miyembro ng pamilya, may paniniwala na kailangang dumeretso sa loob ng bahay ang bisita at bawal huminto sa may pintuan sapagkat maaari daw itong magdulot ng pagbalik ng ulo ng sanggol sa panahon ng panganganak. Dati sa sariling tahanan madalas manganak ang mga babae. Nang magkaroon ng health center at ospital, dito na mas madalas manganak ang mga buntis. Nakaapekto rin ang ordinansa sa Brgy. Palis na hindi na maaaring magpaanak ang mga **paltera** o manghihilot sa kasalukuyang panahon. Kapag napag-alaman na nagpaanak pa rin ang isang paltera, maaari siyang makasuhan at makulong. Ayon sa Ginang Lilia de La Cruz, dating *treasurer* ng barangay, hindi pamilyar ang mga tao sa Brgy. Palis kung ano ang tiyak na pangalan ng batas o kautusan na ito at kung sino mismo ang mga indibidwal na naghain nito. Ang nasabing kautusan ay napag-alaman lamang dahil nabanggit ito sa mga center at ospital. Gayunpaman, may ibang mga lugar tulad ng Baytan na pinapayagan pa rin ang pagpapaanak ng mga paltera dahil na rin sa kalayuan nito sa center at ospital.

Sa kasalukuyan, sa mga center na sumasangguni ang mga buntis dahil na rin sa libreng check up.

“May binibigay silang card, nililista kung doon kung anong inenjection sayo, kung para saan, kung kailan ang pagbalik mo. Noon, walang checkup. Ngayon, updated na sa checkup.”

Pagkatapos manganak, nakadepende sa babae kung kailan siya babalik sa kaniyang normal na gawain matapos manganak. Ang iba ay maagang bumabalik sa trabaho lalo na't kung walang maaasahan at katuwang sa hanapbuhay.

“Kung wala ring maaasahang magtrabaho, magtatrabaho na talaga siya. Wala namang magluluto para sa kaniya. Kahit isang buwan, magluluto na, maglalaba. Ganun, kung wala kang kasama sa bahay.” (M. Basa Personal na komunikasyon, Hunyo 28, 2018)

Kadalasang tumatagal nang tatlong buwan bago bumalik sa normal na gawain ang mga babaeng Ayta na bagong panganak. Sinisigurado muna ng isang ina ang **Pamanuno** o makapagsuso ng sanggol. Sa ganito rin matitiyak na makaiwas na mabinat at malamigan. Ayon sa pag aaral ni Evelyn Grey ukol sa *Cultural Beliefs and Practices of Ethnic Filipinos: An Ethnographic Study*, naniniwala noon ang mga buntis na Ayta sa iba't ibang mga nilalang tulad ng aswang kaya't gumagamit sila ng iba't-ibang halamang gamot upang itaboy ang mga ito. Ipinagbabawal din ang pag-upo sa

pintuan ng bahay dahil may negatibong epekto nito sa sanggol na kung maaring lumabas ang bata sa di pa panahong buwan. Ngunit dahil na rin sa kasalukuyang gawî, wala nang ritwal na ginagawa base sa kasarian ng kapapanganak ng Kulaw o sanggol at sa mismong yugto ng pagbubuntis. Kasabay nito’y unti-unti na ring nawawala na ang ilang terminolohiyang kaugnay sa ritwal sa pagbubuntis. Ang pasasalamat sa Diyos ang ginagawa ng mga inang Ayta dahil nairaos ang pagbubuntis. Dagdag pa ni Ginang, Lilia de La Cruz,

“sariling dasal na lang ang ginagawa, hinihiling sa Diyos na maging ligtas ang panganganak. Kapag nairaos na, sariling dasal din bilang pasasalamat na maayos ang panganganak.”

Pagpapapasuso o Pamanuno

Walang mahigpit na ipinagbabawal para sa ibang anak at sa anak na **Ampanuno** o sumususo. Para sa mga inang Ayta, mahalaga ang **Pamanuno** (pagpapasuso) para sa **Kulaw** (anak) dahil sa sumusunod na dahilan:

1. Ang pagpapasuso ay walang mga kemikal na hindi katulad ng pulbos na gatas na sa palagay nila ay maaaring makapinsala sa kalusugan ng kanilang anak.
2. Ang mga inang Ayta ay naniniwala na ang pagpapasuso ay isang paraan ng pagkuha ng pag-uugali at isa ring katangian mula sa ina ng ina na tinatawag na **Ampamana**. Katulad ng isang karaniwang paniniwala na ang isang tao ay dapat uminom ng gatas ng tao, ang pag-inom mula sa gatas ng ibang hayop ay maaaring maging sanhi ng isang tao na kumilos na tulad ng isang hayop, ito ay isang paniniwala ng mga tao sa mga Ayta na kapag ang isang kamag-anak ay may isang tiyak na kalagayan o pag-uugali, posible na ang pasuso ng ina ay mapása sa katangian sa bata. Bilang halimbawa, kapag masaya ang nararamdaman ng isang ina sa panahon ng kaniyang pag-aalaga, ang pag-uugaling ito ay maipapasa sa bata. Ang bata ay magiging masunurin sa kanyang mga magulang at magiging malapit sa kanila.
3. Ang mga inang nagpapasuso ay isang pagpapatunay ng kanilamg kakayahang bilang isang babae.



Larawan 7: Isang inang Ayta kasama ang kaniyang mga anak
Para sa mga inang Ayta, karaniwang ang tagal ng pagpapasuso ay nakadepende

sa mga bata. Maaari umabot ito mula labinlimang minuto hanggang kalahatingoras. Titigil lamang sa pagsuso ang bata kapag sila ay busog na. Hindi nakasanayan ng mga ina na pagbawalan o ihinto agad ang pagpapasuso maliban kung may isang aktibidad na hindi maaaring ipagpaliban. Naniniwala ang mga inang Ayta na kung ihihinto sa pagsuso ay magtatampo at mararamdaman ng bata na siya'y napapabayaan. Mahalaga rin ang magandang kondisyon ng katawan isang ina. Siya'y dapat na malusog dahil naniniwala sila na maaari nilang mailipat ang kanilang mga sakit sa **kulaw**. Ang isang paraan upang mapanatili ang pinakamahusay na kondisyon sa pagpapasuso ay matiyak na ang kanilang **Eteng** (nipples) ay malinis bago ang pagpapasuso. Bukod sa anit at buhok, ginagamit ding panlinis sa eteng ang **Gugo** lalo na kung sila ay nasa Baytan. Ngunit dahil sila ay nasa Banwa o resettlement area, tubig at sabon ang ginagamit nilang panlinis.

Bukod pa ryan, mahalaga para sa mga nagpapasusong ina ang pagkain ng masustansiya gaya ng malunggay, **Manok nin bali** (native na manok), **Kamoteng Kayapyap** (kamoteng kahoy), papaya dahil sa dagta nito at iba pang pagkain ay makakatulong na sa pagkakaroon ng maraming gatas ng ina. Samantala ang pagkain ng **Damulag** (kalabaw), usa, prutas at isda ay ipinagbabawal sa paniniwalang ito ay nakakapagdulot ng pagbara sa **Nuno** (suso) na magiging sanhi sa pagtigil ng gatas. Bukod pa ryan, maaaring ma-empatso ang ina dahil pagkain nito. Ayon kay Ginang Lydia dela Cruz,



Malay-ep nin pagkain o itinuturing na malamig ang pagkain ng karne ng kalabaw at usa. Bukod sa mga pagkaing “malalamig” ipinagbababwal din ang maasim tulad ng mangga dahil sa paniniwalang ito ay nakakapagdulot ng sakit sa tiyan ng ina at maging sa kanyang anak. Itinuturing na **Maamot** (mainit) ang kalagayan ng isang ina kapag siya ay nabubuntis, kapapanganak pa lamang at nagpapasuso. Dahil dyan lahat ng itinuturing na malamig na pagkain at kapaligirang malamig lalo na sa gabi ay nakakasama sa katawan ng ina. Kaya madalas ang mga inang na nasa ganitong kalagayan ay nagpapahilot sa **paltera** upang maiwasan ang pagpasok ng lamig sa katawan na nakakapagdulot ng **Pasmo** (pasma). Bukod pa ryan ito raw ang nagiging sanhi ng **Tinulaw** o pagkabihang sa mga inang nasa ganitong kalagayan. Kaya madalas bukod sa pagpapahilot sila rin ang nagsasagawa ng **Pa-ahok nin Nanay** (pausok) o suob.⁴⁸

Sa mga pagkakataon na hindi maaring magpasuso ang mga ina dahil may sakit

⁴⁸ De Guzman, MT An Ethnographic Study on breastfeeding practices among the Aytas of Botolan Zambales. 5th Breastfeeding Congress this August 1-2, 2017 at Manila Hotel.

o may mahalagang aktibidad na gagawain tulad ng **Pangaho** o pangangaso, ipinagkakatiwala nila ang kanilang mga anak sa mga kamag-anak na babae na may kakayahan pa rin magpasuso. Ayon kay Ginang Mirasol dela Cruz, ang ganitong pagbabahagi ng gatas ng ina sa ibang sanggol ay bahagi na ng kanilang kultura upang matiyak ang kalusugan ng anak sa pamamagitan ng pagpapasuso sa tamang oras. Bukod pa ryan isa rin itong pagbabahagi ng pagmamalasakit at pagtutulungan ng mga kababaihang Ayta.

Materyal at di materyal na kultura: Ayta Sambal Botolan

Ang tradisyon ng mga Ayta Sambal Botolan

Hinggil sa tradisyon at sining ng mga Sambal Botolan Ayta, nananatiling buháy ang ilan sa kanilang mga tugtugan at sayawan. **Talipi** ang tawag sa uri ng sayaw naisinasagawa kapag nagkakaroon ng ligawan sa kanilang lugar. Sinasayaw ito sa saliw ng tugtog ng gitara. Hindi ito naiiba **Lapinding**. Ang **lapinding** ay isang uri rin ng sayaw na maaaring isagawa tuwing may kasal at kultural na pagtatanghal. Sa sayaw na ito, karaniwang sinasabitan ng pera ang bagong kasal. Bukod pa ryan ang mga kalalakihan ay pinagsusuot ng **Lubay at Bahuling** naman sa mga kababaihan. Madalas makikita ang ganitong kasuotan kapag ang kasal ay nagaganap sa Baytan o bundok. Bagamat bibihira na lamang makikita ang ganitong tagpo na ang mga Ayta ay nakasuot ng tradisyonal na damit kapag sila ay nagtatrabaho o nasa bahay lamang. Subalit ayon kay Ginoong Tirso dela Cruz, hindi pa rin nalilimutan ang **Talipi** at ang pagsuot ng tradisyonal na damit dahil patuloy ang kanilang pagtuturo sa mas batang henerasyon upang mapanatili ang kanilang tradisyon at kultura. Bahagi ito sa kanilang kontribusyon bilang tagapangalaga ng kanilang tradisyon.



Larawan 8: Isang nakatatandang Ayta Sambal Botolan gamit ang isang katutubong instrumentong pang-musika

May ilang mga Batang Ayta na hindi na nakaranas ng mga tradisyonal na laro dahil sa pagbabago ng kanilang kultura, lalo na yaong nasa Loob-Bunga (resettlement area). Bagama't kakikitahan ang ilang kabataan ng habul-habulan, taya-tayaan, **Kote-**

kotehan o kotse-kotsehan na gawa sa kahoy at ito ang madalas na nilalaro ng mga bata. Ayon sa mga matatandang Sambal Ayta, hindi na naipasa nang husto ang mga laro sa mga kabataan dahil kadalasang katu-katulong sila sa pangangaso at paggasak. Sa mga nakalap na datos, hindi na gaanong naisasagawa ang ilan sa mga tradisyon ngunit patuloy nilang sinusubukang buhayin ito.



Larawan 9: Isang batang Ayta Sambal Botolan at ang kaniyang laruang kotsi-kotsihan na gawa sa kahoy

Dagaw ha Lubon nin Katutubo (Larong Basketball ng mga Katutubo)

Ang **Dagaw ha lubon nin kultora** ay isang laro ng mga katutubong Ayta na hango sa larong basketball kung saan ay mayroong dalawang (2) grupo na maglalaban. Bawat isang grupo ay mayroong labing-dalawang (12) manlalaro subalit anim (6) lamang ang maaaring makakapaglaro. Bawat grupo ay mayroong isang manlalaro na may nakatali sa likod na **Lobon** (basket) na gawa sa **Yantok o Lawi**. Ito rin ang materyales sa paggawa ng sahig ng mga kubo. Kapag binilog Lawi (yantok) tinatawag itong **Nalenbeey**. Ang bola o **nalenbeey** ay gawa sa hinabing Lawi (yantok). Ang tao na may dala ng lobon (basket) ay puwedeng tumakbo at magpaikot ikot para hindi maipasok ng kalaban ang bola sa lobon. Kinakailangang maipasok nang sampung (10) beses ang bola sa Lobon. At ng grupong makagagawa nito ang siyang tatanghalin na panalo . Matutunghayan na lamang ito sa tuwing may pista, at araw ng katutubo sa buwan ng Marso sa Botolan, Zambales.



Larawan 10: Mga katutubong Ayta Sambal Botolan na naglalaro ng Dagaw ha lubon nin kultora

Suyu

Ang **Suyu** ay karaniwang nilalaro ng katutubong Ayta sa kanilang lugar. Kailangan nilang kumuha ng **Uwa** sa gubat. Ang uwa ay isang bunga na hugis bilog na nanggaling sa **Puno ng Aple** kung tawagin ng mga katutubo. Ang konsepto ng larong ito ay parang konsepto ng larong holen. Kailangang ilagay ang uwa sa loob ng hugis bilog na guhit at ihagis ang pamato sa loob ng guhit para lumabas ang uwa sa guhit. Kapag naipalabas ng manlalaro ang uwa sa loob ng guhit, mapupunta sa kaniya ang lahat ng uwa.

Tebey

Ang **Tebey** ay isang punò na madalas matatagpuan sa baytan. Ang mga bunga ng nito hugis pabilog na kasing laki ng sineguelas [*Spondias purpurea*]. Ito ang ginagawang laruan ng mga batang Ayta. Karaniwang ginagawa nilang sasakyan ang nakukuha nilang tebey. Nilalagyan nila ng tingting sa gitna ng tebey at pagdudugtungan ang mga ito hanggang maging hugis trak at saka lalagyan ng tali. At hihilahin nila ito na parang trak na umaandar.

Ang pagbibinata at pagdadalaga ng isang Ayta Sambal Botolan

Anakabayo ang tawag sa Sambal Ayta ng nagbibinata at nagdadalaga. Napapansin na nagiging palaayos at hindi na naglalaro ng mga larong pambata ang mga Ayta na nagbibinata o nagdadalaga. Para sa mga lalaki, isang palatandaan ng pagbibinata ang pagbabago sa pisikal na anyo tulad ng pag-iiba ng boses at paglaki ng katawan o tinatawag sa kanilang lugar na **Pinuklan**. Para sa mga ilang kalalakihan (bagamat may nagsalaysay na depende sa edad na gusto) ang **Nagpapapiyat** ay ang paglalagay ng peklat sa balat sa pamamagitan ng pagsunog ng balat na kung tawagin ay **Tektek** o **nagpapatektek**. Ang **Pagpapapiyat** ay madalas nakikita sa parte ng braso. Gamit ang balat ng **Ungot** (buko) ito ay sinusunog at ilalapat sa balat ng nagpapatektek. Ayon kay Ginoong Gaab Anacio iilan na lang sa mga kabataan ang nagpaplagay ng

tektek dahil para sa kanila ito ay ang mga sinaunang tradisyon ng kanilang etnikong grupo. Ang tektek ayon kay Ginoong Gaab Anacio ay simbolo at tanda ng kanilang grupo. Mayroon namang iba na kaya nagpaplagay ng ganitong disenyo ay dahil na lamang sa trabaho. Gaya na lamang ng mga nagtatrabaho sa Subic na kung saan ang Piyat ay tampok sa mga impormasyong ipinapaalam sa mga turista.



Larawan 11: Ang mga tektek ng isang katutubong Ayta Sambal Botolan mula sa pagpapapiyat

Ang mga Ayta Sambal Botolan ay nanatiling nakadepende sa mga likas na yaman bilang kanilang pangunahing pinagkukunan ng pangkabuhayan tulad ng pangangalap, pangangaso, pagtatanim, at pangingisda (Ocampo and Ocampo, 2015; Malicsi, 1982; Gloria, 1997; Simon, 1988-1989; Headland, 2003; Tamanut, 1996). Ang mga nabanggit ay nananatili pa ring ginagawa ng mga katutubo sa Zambales subalit ang **Pangangaho** ay bibihira na nagagawa dahil wala na raw mahuling hayop, at ipinagbabawal na rin ng batas na bawal na manghuli ng mga hayop sa Baytan. Ayon sa kinapanayam na si Ginoong Tirso de la Cruz, na matagal nang naninirahan sa Brgy. Palis, Loob-Bunga, ang **Pakikihupa** o pagrenta sa serbisyo ng mga Sambal Ayta ang pangunahing kabuhayan ng mga tao sa kanilang barangay. Karaniwang trabaho sa pakikihupa ay pagtatanim at pagtatapas sa taniman ng iba; maaari rin itong paggawa ng mga kubo at pagkakarpentero. Bukod pa ryan sila rin ay nagtatanim at nangingisda sa dati nilang tirahan sa baytan. Kadalasan ang mga gulay at lamang-ugat ang kanilang tinatanim gaya ng sitaw, kamoteng kahoy, kamoteng kapkap, saging, luya, biga, at iba pa. Para sa kanila, ang tirahan sa Loob-Bunga ay pansamantala lamang dahil ang lugar na ito ay mahirap pagtaniman dahil ang lupa sa lugar ay **Maamot** o mainit kung saan bibihira lang ang mga nabubuhay na halaman. Kaya imbes na magtanim, sila ay naghanap ng alternatibong trabaho, ang Pakikihupa o ang pagtatrabaho sa mga palayan ng mga tagabayan. Samantala, ang **Paggagahak** ay karaniwang isinasagawa lamang tuwing tag-ulan. **Gahak** ang tawag sa taniman ng palay at gulay sa baytan. Nagtatanim din ng **Kamoteng Kayapkap** (*Manihot esculenta*) o kamoteng kahoy ang mga Sambal Ayta.

“...gumagamit ng utak at taluro (o asarol) para sa pagaalis ng damo at asarol para sa pagbubungkal ng lupa bago itanim ang mga binhi...”

Ang pagtatanim sa **Bakil** (bundok) ay nakadepende sa klima kung anong uri ng pananim ang kanilang itanim. Sa pagtatanim, kadalasang mga kagamitan gaya **utak, taluro, at asarol** ang madalas nilang ginagamit tuwing sila ay magtatanim. Kung ilalarawan, ang **Taluro** ay **Utak** (*itak*) na nilagyan ng bolo na kanilang ginagamit sa pagbubungkal.

Mayroong dalawang uri ng panahon ang lalawigan ng Zambales. Buwan ng Nobyembre-Abril ang karaniwang panahon ng tag-araw habang buwan naman ng Mayo-Oktubre ang panahon ng tag-ulan— kung kailan madalas manalasa ang bagyo. Sa mga buwan din na ito, nililinis nila ang kanilang mga **Bagbag** (gubat). ⁴⁹Kapag sumapit na ang buwan ng Mayo, bago dumating ang panahon ng tag-ulan, ang mga Sambal Botolan Ayta ay bumababa na sa baytan pagkatapos ng **Manghad**. Ang **manghad** ay ang pagtatanim ng palay, **Haas** o saba, kamoteng kayapyap, mais at iba pa. Sa panahon din na ito ang punongkahoy na **Alawey** na namumunga at dinadayo ng ibon galing sa ibang lugar. Dahil dito napapadali ang paghuli ng mga manok na ligaw at ibon gamit ang mga **Pehe** o pana. Iba’t ibang uri ang pana. Ito ay naayon sa hayop na huhulihin (Tingnan ang Mga uri ng pana)⁵⁰

Talahanayan 6: Mga uri ng pana				
Uri ng mga Pana	Saan ginagamit	Sukat ng talim	Haba	Kabuang haba
Pehe (mahaba)	lamiran (<i>cat</i>), paniki (<i>fruit bats</i>), bayawak (<i>monitor lizard</i>), piyaw (<i>eagle</i>)	6.50"	40.50"	47.00"
Talomang (maikli)	lamiran (<i>cat</i>), bukao (<i>fish</i>), matsing (<i>monkey</i>)	7.00"	32.00"	39.00"
Balangat (mahaba)	manok (<i>wild chicken</i>), isda (<i>fish</i>)	2.25"	57.75"	60.00"
Hawel (maikli)	baboy ramo (<i>wild boar</i>), labuyo (<i>wild chicken</i>), buet (<i>rabbit</i>)	6.00"	33.00"	39.00"
Dumpil (maikli)	baboy ramo (<i>wild boar</i>), usa (<i>deer</i>)	6.50"	33.00"	39.50"
Palho (maikli)	baboy ramo (<i>wild boar</i>)	7.00"	36.50"	43.50"



Larawan 12: Larawan ng mga uri ng pana

⁴⁹ De Guzman, Ma. Teresa G. (2013). Sense of Smell: The Strategies of Accommodation and Appropriation among the Sambal Ayta of Botolan Zambales. International Journal of Research in Social Sciences. Volume 3, Issue 1 ISSN: 2249-2496

⁵⁰ Ibid

Pagkatapos ng anihan o pangangalap ng mga gulay at lamang-ugat. Ibinebenta nila ang mga gulay o ugat na pananim sa bayan upang ipambili ng bigas at karne. Ang ilan naman ay itinatabi upang mabawasan ang kanilang gastusin sa pagkain.

Sa kanilang pagtanim, mayroon din silang ritwal kapag malaki-laki ang kanilang naani. Ito ay ang pag-aalay sa pinagtaniman sa pamamagitan ng pagbibigay ng parte ng mga bungang naani sa mga espiritu.

“...kapag mayroong malaking ani, nagaalay sa mga espiritu sa pamamagitan ng pagbibigay ng parte ng ani. Halimbawa, kung mag-aani ng saging, isang piling ng saging ang inaalay. Kapag kamoteng kahoy naman, lulutuin muna tsaka iaalay. Tatawagin mo yung mga espiritu tapos parang ipapakain mo sa kanila...”

Bukod sa pangangaso may pagkakataon na nanghuhuli ng isda at hipon ang mga Ayta lalo na ang mga nakatira sa Brgy. Palis na kung saan ang kanilang orihinal na tirahan. Ang pamamaraan ng mga Sambal Ayta sa panghuhuli ng mga hipon ay sa pamamagitan ng pangongoryente. Bukod pa ryan ang mga Sambal Ayta ay gumagamit ng **Biste** sa pangingsda. Ang **Biste** ay ang tingting ng payong na lalagyan ng baterya upang magkaroon ng koryente. Gumagamit din sila ng **Antuko** na nagsisilbing antipara sa paninisid upang makakita ng mga lamang-ilog sa ilalim ng tubig. Sa ganitong pamamaraan, hindi makapamilya ng huhulihin ang mga nangingisda. Ayon kay Ginoong Roosevelt Anacio, madalas ang kanilang nahuhuli ay hipon, Egat (palos), at **Bundaki** [Ophicephalus striatus]⁵¹

Likhang-kamay

Tungkol naman sa ilang likhang kamay, may ilang mga Sambal Ayta na gumagawa ng bilao at basket. Ayon kay Ginoong Robert Dela Cruz, isang kagawad ng barangay, minsan ay may pumupunta sa kanila upang bilhin ang mga produktong ito. Karaniwang gawa sa **Buho** at **Bikal** [*schizostachyum dielsianum*] ang materyales na ginagamit. Naibebenta nila ang mga ito sa halagang PHP100.00 kada piraso. Sa ngayon, bunsod ng daming mga mananaliksik at turistang dumadalaw sa kanila, gumagawa na sila ngayon ng mga straw na gawa sa **Bikal**.

Edukasyon, Partisipasyon, Kalusugan, Komunikasyon at iba pa

Ayon sa pag-aaral nina Ličen, Lihtenvalner & Podgornik (2012) ukol sa migrasyon at impormal na edukasyon ng mga Ayta, nagmula noong lumikas ang mga Ayta dahil sa pagputok ng bulkang Pinatubo, nagkaroon ng mga programang may layuning palawigin ang karunungan ng mga ito bilang dayuhan sa mga bago nilang komunidad. Ang mga programang ito ay ginawa upang makabilang ang mga katutubo sa kanilang bagong komunidad habang patuloy na pinapahalagahan ang kanilang kultura.

Nakasaad sa pag-aaral na ito na mula noon pa man, hindi gumagamit ang mga

⁵¹ Herre, Albert W., Ichthyologist Office of Foreign Activities, Fish and Wildlife Service and Agustin F. Umali, Ichthyologist Philippine Bureau of Fisheries. English and Local Common Names of the Philippine Fishes. 1948

Sambal Ayta ng *written language*. Ibig sabihin, walang sistema ng pagsusulat ang mga Ayta noon. Nagkaroon lamang sila ng idea sa karunungan bumasa at sumulat noong taong 1982 dahil sa pagdating ng mga Sisters of St. Francis sa Mt. Pinatubo. Mula noon, ang Education for Life Foundation (ELF) ay namahala ng mga programang naglalayong palawigin ang karunungan, paunlarin ang komunidad at kaalaman ukol sa proteksiyon ng mga karapatan sa pagmamay-ari ng lupa. Ilan sa mga programang ito ay ang Grassroots Leadership Courses (GLC) at Alternative Learning System (ALS). Dagdag pa rito, dumadalo rin sila sa mga seminar at workshop tulad ng kurso sa pagsasalita sa publiko para sa mga lider; seminar ukol sa kaligtasan mula sa sunog; pagsasanay sa paggawa ng mga sabon, pulot, kandila at iba pang produktong maaaring pagkakitaan. Gayunpaman, limitado ang mga programang ito para sa mga mas matatandang miyembro ng komunidad. Maipagpapalagay na nabuo ang pagpapahalaga ng mga katutubong Ayta sa edukasyon mula sa mga programang ito. Ayon sa panayam kay G. Suter, mayroon silang limang institusyong pang-edukasyon sa kasalukuyan, tulad ng Day Care Center, Loob-Bunga 1 (LB1), Loob-Bunga 2 (LB2), Loob-Bunga 3 (LB3) at Alternative Learning System (ALS). Sa mga paaralang ito, Tagalog at Ingles ang mga wikang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo sa mga bata. Ang wikang Sambal ay hindi na ginagamit sa paaralan dahil ipinagpapalagay na lahat ng bata sa kanilang komunidad ay marunong nang magsalita sa kanilang katutubong wika. Dagdag pa rito, hindi nakapaloob sa kurikulum ng edukasyon sa mga paaralang ito ang pagtuturo ng mga katutubong kaalaman. Sa madaling salita, walang pormal na pag-aaral o proyekto na sasaklaw sa pagpapalaganap ng kanilang mga katutubong sistema at tradisyon. Naipapasok lamang ang mga ito tuwing may mga programa na nangangailangan ng presentasyon tulad ng pagsasayaw ng **Talipi** na kung saan ang sayaw na ito ay gumagaya sa mga galaw hayop na makikita sa Baytan (bundok)

Mula sa pag-aaral ni Guanzon-De Guzman (2010), isinasaad na ang mga itinuturo sa paaralan ay higit na naiiba sa kanilang kultura. Tulad na lamang ng pagtuturo ng mga kakaibang mga prutas tulad ng ubas at mansanas na hindi naman araw-araw nakikita ng mga batang Ayta. Hindi natatalakay ang iba't ibang prutas at hayop mula sa kultura ng Ayta, kundi higit na nabibigyan diin ang konseptong dayuhan.

Bagamat nais ng bawat pamilyang Ayta na mapag-aral ang kanilang mga anak, hindi maikakaila na nagiging mahirap pa rin para sa kanila na sustentohan ang pag-aaral ng mga bata. Nahihirapan ang mga magulang na ibigay ang pangangailangan ng mga mag-aaral lalo na sa mga proyekto nila sa paaralan. Dahil sa hirap ng buhay, madalas ay isinasama ang mga bata sa Baytan upang magtrabaho sa bukid. Dahilan kung bakit natitigil sila sa pag-aaral. Dagdag pa rito, ang problema ay umiiral sa mismong sistema nito. Ang kalidad ng edukasyon ay nakokompromiso dahil sa kakulangan ng mga pasilidad at guro. Walang sapat ng libro para sa bawat mag-aaral. Ngunit gayunpaman, pantay-pantay ang oportunidad na natatanggap ng bawat isa sa aspekto ng edukasyon. Ayon kay Ginoong Suter dela Cruz, "*Kulot ka man o unat, importante maturuan ka ng pag-aaral.*"

Kalusugan

Naging madali para kay Ginoong Suter del Cruz na ibahagi ang mga kadalasang nagiging sakit sa kanilang barangay. Base sa kanyang ibinahagi, maraming pamamaraan at kaalaman tungkol sa kalusugan ang kanilang grupo. Ipinaliwanag niya na may malaking bahagi ng pag-iwas sa sakit ang pagpapanatili ng kalinisan ng kanilang mga sarili at kapaligiran. Para sa kanilang grupo, ang kalusugan ay maiuugnay sa pagkakaroon ng malinis na pinagkukuhanan ng tubig pang-inom. Dagdag pa rito ang pag-iwas sa pagbabad sa init upang hindi magkasakit. Ayon kay Ginoong Suter, malaking bagay sa kanila ang pagpapaalala ng responsabilidad ng bawat isa sa kapaligiran na pinagkukuhanan ng kanilang pang-araw-araw na pagkain at ang paglilinis ng kapaligiran ito ay makakatulong sa pag-iwas sa sakit. Ang pagtatae, ayon sa kanya, ay isang lamang sa mga sakit na may kinalaman sa di malinis na kapaligiran lalo na at kadalasang naaapektohan ang mga kabataan. Malugod din na ipinaliwanag ang kahalagahan ng pag-aalay sa kalikasan. Ang pag-aalay ayon kay Ginoong Suter ang kaugalian na *“ibalik ang mga nagpakain sa iyo.”* Tinukoy niya ang pagbibigay o pag-aalay sa mga

Kamana o espiritu ng kalikasan kahit kaunti lang ang kanilang inani. Dagdag pa niya, sa kanilang komunidad walang lang maririnig na mga Ayta na may kanser. Malaking pagpapahalaga ang binibigay ng mga Sambal Ayta sa papel ng pagtrato ng tao sa kaniyang katawan at kapaligiran. Ayon kay Ginoong Suter, ang kamote, saging, ube, at **Biga** (gabi)



bilang mga katutubong pagkain na madalas na iniluluto sa kaldero o **Buho** (kawayan). Dagdag pa rito, ipinaliwanag niya na mayroong mga katutubong sakit na maaaring hindi parehas ang pagkakilala ng mga hindi Ayta. Isang halimbawa ay ang sakit na **Tibi**, isang kondisyon na dala ng pagkain ng isang tao ng mga bagay na kontra sa isa't isa. Ang **tibi** ay nagdadala ng matinding sakit sa ulo at puson sa babae man o lalake. Ayon sa kanya, ang kondisyon na **tibi** ay ang tinatawag ng mga unat na high blood. Ang taong may **tibi**, ay hindi na halos nakatatayo sa higaan dala ng matinding pananakit. Ang mga halimbawa ng pagkain na pangontra sa tibi ay ang langka, hipon, sili, at kabute. Dagdag pa rito, paniniwalang ang pagbunot ng buhok ay makakatulong sa pagpapagaling ng may sakit. Ayon sa kanya, ang proseso ng pagbunot ng buhok ay nag-uumpisa sa paghalo ng **Maglara** (cobra grass), **Polulen** (uri ng kahoy), katas ng dahon ng **Kakawate** (*Gliricidia sepium*), at langis. Bago mag-umpisa sa pagbunot o paghila ng buhok kinakailangan ipahid muna ang pinagsama-samang sangkap ng mga dahon, kahoy at langis. Ipapahid sa buong katawan ng may sakit--mula sa paa hanggang ulo. Ang pagsasagawa ng prosesong ito ay nililimitahan lamang sa asawa ng may sakit, o ng taong may parehong kasarian dahil sa pagpahid ng likido sa maseselang bahagi ng katawan. Mapapansin dito ang pagpapahalaga ng mga Sambal Ayta sa pagpapanatili ng dangal sa pagitan ng babae at lalake. Ibinahagi rin ni Ginoong Suter na nakararanas din ang mga *unat* sa ganitong sakit. Ipinagpalagay niya na hindi lamang batid ng mga unat ang totoong dinaranas nila, ngunit hindi ito naiiba sa katutubong sakit na kinikilala din ng mga Ayta.

Bukod sa tibi, nakararanas din ng Urinary Tract Infection (UTI), at matinding

ubong ang mga Ayta. Ayon sa kanya, ang UTI ay nagagamot sa pamamagitan ng pag-inom ng pinigang **Amukaw** (isang uri ng saging) na tinatawag na **Inunab** kapag naging katas na. Ang matinding pag-uubong naman ay nabibigyang lunas ng pag-inom ng katas ng **Abuhaw o Baging** (*Apocynum floristratum Noronha*) mula sa bundok na dumadaan sa pagsasala. Kapag hindi na kinaya ang paggagamot gamit ang tradisyonal na sangkap sila ay napipilitang magtungo sa pagamutan na malapit sa komunidad. Inihalintulad ng Ginoong Sotero paninigarilyo ng kalahating stik ng sigarilyo ang layo ng kanilang barangay sa health care center. Sa salaysay na ito mapapansin ang pagbabahagi ng oras at tagal ay hindi naayon sa numero kung hindi sa proseso ng tagal ng paninigarilyo. Isa lang ito sa mga halimbawa ng kawalan ng konsepto ng oras sa kanilang kultura.

Transportasyon at Komunikasyon



Larawan 13: Isa sa mga paraan ng transportasyon sa lugar na isinagawang na pananaliksik

Weapon's carrier

Ayon sa panayam kay Robert dela Cruz, kapag inaangkat ang kanilang produkto galing sa Baytan, madalas ang mga Ayta ay gumagamit ng **Bagon** na aabutin ng isang buong araw ang byahe. Ang bagon ay isang sasakyang kariton na hinihila ng **Damulag** o kalabaw. Kung susuwertihin, may pagkakataon na mayroong **Weapons carrier** o **Sadam na** dumadaan sa kanilang tirahan. Subalit ayon sa kanya, ito ay nangyayari lamang kapag nagkakaroon ng pagtitipon, pista, eleksiyon o may mga bisitang tulad ng mga outreach program na dadalaw sa lugar. Ayon sa kanya, ang mga sasakyang ito ay napakamahal at yaong lang na may kaya ang nakakagamit nito. Kada byaye nito ay naghahalaga ng P7,000 dahil sa layo at hirap ng lugar. Ang ilang may Sambal Ayta ay mayroon nang sariling motor na maaari ring rentahan na nagkakahalaga ng P1,000.00 kada byahe. Dahil malayo-layo ang kanilang barangay sa lungsod, natutuhan na nilang gumamit o magkaroon ng sariling radyo at cellphone upang mapadali ang pakikipag-ugnayan o pagkalap ng balita mula sa bayan para sa mga miyembro ng komunidad. Ang ilan ay mayroon na ring sariling telebisyon. Nakikinig at nanonood na lamang sila ng mga balita upang malaman ang nangyayari nangyayari sa labas. Ngunit mas madalas ang mga Ayta na nasa Baytan ay itinetext na lamang ng mga taong tagalabas o nasa bayan. Gayunpaman, kahit nakikita ang kahalagahan ng pag-usbong ng teknolohiya sa

kanilang komunidad, nagiging maingat pa rin sila sa paggamit ng mga ito dahil ang teknolohiya ay di permanente at dapat hindi laging nakaasa rito.

Mga Aktibidad sa Kalamidad

Ang mga opisyal ng Barangay Palis ay aktibong nangangasiwa ng mga programa na para sa ikabubuti ng komunidad lalo na kung ito ay may kaugnayan sa disaster o kalamidad. Ayon kay Ginoong Sotero dela Cruz, ang kapitan ng brgy. Palis; masasabing ang disaster ay ang isang pagkakataon na kinakailangan ng tulong mula sa gobyerno o ibang institusyon. Kung ikokompara sa depinisyon ng International Federation of Red Cross and Red Crescent Societies (2016;); ang disaster ay ang hindi inaasahang pangyayari na kumikital o sumisira ng buhay at ari-arian. Sa ganitong depenisyon ayon sa kanya, tinitipon nila ang mga kakayanan ng kanilang komunidad upang maipagpatuloy ang araw-araw na buhay; kung sakaling walang tulong na manggagaling sa iba o sa labas. Ang depenisyon ni Kapitan Sotero ukol sa disaster ang reaktibong pangangailangan ng agarang aksiyon. Hindi lamang nito kinikilala ang pangangailangan ng tulong, kinikilala rin nito ang pangambang dulot ng disaster. Ayon kay Kapitan ang nangyaring disaster sa kanila ay noong Bagyong Ondoy taong 2009 na sumalanta sa kanilang mga kabuhayan.

Tulad noong nangyari sa amin, disaster 'yon, kalamidad. Ang aming pinagkukuhanang kabuhayan ay nasalanta. Tulad ng mga saging... Ibig sabihin, inihingi namin ng tulong para kami ay nakabangon ulit na nagtanim ulit para magiging maayos nanaman ang aming kabuhayan. 'Yon ang ibig sabihin ng disaster.' (S. Dela Cruz, Personal komunikasyon, July 26, 2018)

Sa Barangay Palis, mayroon silang aktibong komite na nangangasiwa sa Disaster Risk Reduction & Management (DRRM). Mayroong kagawad na napili dahil siya ang eksperto para sa larang na ito. Ilan sa kaniyang tungkulin ay ang pagkakalat ng balita ukol sa paparating na sakuna. Aktuwal na nagbabahay-bahay ang opisyal na ito upang sabihan ang mga miyembro ng komunidad na maghanda at maging ligtas. Dagdag pa rito, matapos ang kalamidad o sakuna, ang kagawad ang inaatasan na maglista ng mga pangalan ng mga biktima o apektuhan na ipapasa naman sa DSWD upang makatanggap ng ayuda. Sa pamamagitan ng pagkain, damit at iba pang gamit na posibleng nilang mapakinabangan. Bukod sa pagkakaroon ng komite, aktibo rin ang lahat ng opisyal ng barangay sa pagbabantay sa komunidad upang masiguro ang kaligtasan ng bawat isa. Sa katunayan, ayon kay Kapitan, nakabantay magdamag at hindi natutulog ang mga opisyal tuwing may sakuna.

Mayroon ding iba't ibang tungkuling itinatalaga sa bawat miyembro ng komunidad. Ang mga kalalakihan ay inaatasang magsagawa ng pagligtas tulad ng paghahanda ng mga gamit pambaha at lindol. Sila rin ang inaasahan na mangangalaga sa bata at matatanda na walang kakayang pisikal laban sa kalamidad. Ang mga kalalakihan din ang nagbabantay sa kapaligiran upang maging handa sa kung anomang maaaring mangyari. Ang mga kabataan naman ay nakahandang tumulong sa mga ganitong panahon. Habang ang tungkulin naman ng mga kababaihan ay manatili sa loob ng bahay upang bantayan ang kanilang mga anak. Samantala, ang mga matatanda o *elders* ay ang nagsisilbing tagapayo at nagbibigay ng plano sa kung ano ang gagawin ng mga mas nakababatang miyembro.

Hindi naman maiiwasan na mas malaki ang tyansa ng pagkakaroon ng mga sakit

sa panahon ng *disaster*. Kadalasan, ang mga tao ay nakararanas ng pananakit ng tiyan, pagtatae at pagsusuka bunga ng kakulangan sa malinis na tubig. Bagamat hindi naman pangmalawakan ang pagkakasakit, dinadala pa rin ang mga apektadong miyembro ng komunidad sa pinakamalapit na *health center* upang gamutin. Gayunpaman, ibinunyag ni Kapitan Sotero dela Cruz na hindi na sila gaanong nakakaranas ng mga suliranin sa ganitong mga pangyayari dahil sa tagal ng panahong sila ay nakararanas ng kalamidad, natuto na raw sila ng mga pamamaraan sa kung paano ito haharapin.

Natalakay rin ng kapitan ang iba't ibang pamamaraan na isinasagawa sa komunidad upang paghandaan ang pabago-bagong panahon. Una sa lahat, hindi lingid sa kaalaman ng mga katutubong Ayta ang terminong “climate change”. Ayon kay Kapitan, ang climate change ay ang “pag-iiba ng sistema ng panahon” at ito ay alam ng bawat miyembro ng kanilang komunidad. Ang konseptong ito ay nagmula rin umano sa mga matatandang miyembro ng grupo na inilalarawan nilang “pabago-bago”.

Ayon naman sa dating Kapitang Barangay na si Lito Dela Cruz, mayroong mga palatandaan na nagsisilbing gabay sa mga mamamayan patungkol sa mga epektong dala ng panahon. Isa na rito ay ang puwesto ng buwan. Ayon sa dating Kapitan, kapag ang buwan ay tagilid o pahalang, nagpapahiwatig ito ng babala na ang darating na buwan ay magiging maulan. Dagdag pa rito, nagsisilbing palatandaan din ang mga damo. Ang damo ay mayroong mga **Bako o buko**. Ang bilang ng bako o iyong mga guhit sa damo ay katumbas din ng bilang ng buwan na tatagal ang maulan na panahon.

Ang panahon ng tag-ulan ay pinaghahandaan ng bawat miyembro ng komunidad. Pinangungunahan ng mga matatanda ang paghahanda, bago pa man magsimula ang tag-ulan, nagtitipon ang lahat upang bigyan ng babala ang mga miyembro ng grupo. Ang komunidad ay nag-iimbak ng pagkain bilang paghahanda sa mga panahong ito dahil hindi gaanong makakalabas ang mga tao sa kanilang mga bahay. Ayon kay Seitz (1998), ang mga Ayta ay may pag-uugali na nakabase sa agarang pagkonsumo ng mga pagkaing nakukuha, alinsunod sa kanilang pagkakakilanlan at pamamaraan bilang mangangalap (foragers). Taliwas dito ang ibinahagi ng Kapitan patungkol sa kanilang paghahanda para sa tag-ulan. Ayon sa Kapitan, dahil sa payo ng mga matatanda, kinakaugalian na ng mga tao ang pag-iimbak ng pagkain upang mapaghandaan ang kung ano mang dala ng panahon.

Iba't ibang obserbasyon ng Sambal Botolan Ayta ukol sa kalamidad. Sa naaalala ng dating Kapitan na si Ginoong Lito dela Cruz, noong bagyong Yolanda, aniya wala na raw siyang nakitang mga ibon at masyadong tahimik ang paligid. Napansin din niya na mayroong makikitang bilog sa buwan at maging ang mga langgam aniya ay nagmamartsa na may dala-dalang mga pagkain. Dagdag pa niya na sobrang mainit ang panahon na iyon na pagkaminsan ay may malakas na hangin na walang direksiyon. Base sa ganitong obserbasyon, ang mga Sambal Ayta ay nangolekta ng mga kahoy panggatong, mga lamang-ugat tulad ng **Kamoteng Kayapyap** (kamoteng kahoy); inihanda rin nila ang ang kanilang mga bahay sa pamamagitan ng paglalagay ng tali sa bawat sulok ng bahay gamit ang damo na kung tawagin ay **Tagal-ib** (talahib). Ganito rin ang naging obserbasyon niya at ginagawa nilang paghahanda noong panahong pumutok ang bulkang Pinatubo. Ayon sa kanya sobrang mainit, at tahimik subalit may kapansin silang kakaiba sa sitwasyong yaon. Ayon sa kanya, may natatanging amoy ang paligid, na kung saan may **Pandaep nin sulfur** o nangangamoy sulfur ang paligid. Noong pumutok ang bulkang Pinatubo marami ang hindi naligtas sa kamamidad lalo na ang mga matatanda. Talagang naghirap sila dahil nasira ang kanilang mga **Gahak (gasak o kaingin)** kung saan sila kumukha ng pagkain, dahil dito naging sanhi ito pagkakasakit ng ilang mga miyembro sa kanilang komunidad. Subalit ayon sa kanya, hindi lang naman sa mga panahong iyon ang may mga ganitong

epekto, para sa kanya dahil sa pabago-bagong panahon, ang kalusugan ng mga tao sa Barangay Palis ay naapektuhan. Ang mga kadalasang nagiging sakit ay sipon, pagtatae, sakit ng ulo at katawan na dala ng **Maamot nin luta** o init ng lupa. Lalo na kapag tag-araw na kung saan makikita ang **Puno ng Kupang** (*Parkia javanica*) na nawawalan na ng dahon. Ang palatandaang ito ay nagsasaad na nagsisimula na ang tag-init o **Maamot nin panahon**. Ilan sa mga proyekto ng barangay na nakatuon sa pagpapanatili ng kaligtasan ng mga mamamayan. Gaya ng Clean-Up Drive, na kung saan ang bawat miyembro ay naglilinis ng mga kanal at kapaligiran upang maiwasan ang Malaria lalo na sa panahon ng tag-ulan. Dagdag pa niya, upang paghandaan ang epekto ng pabago-bagong panahon, sila ay nagtatanim upang mayroong maaani sa darating na tag-ulan o anu mang kalamidad.

Apendiks 1: Talasalitaan Sambal Botolan

<i>SAMBAL BOTOLAN</i>	<i>KAHULUGAN/FILIPINO</i>
A	
<i>abáya</i>	<i>balikat</i>
<i>abó</i>	<i>abó</i>
<i>ágtay</i>	<i>atáy</i>
<i>Aháwa -</i>	<i>asáwa</i>
<i>Ahe</i>	<i>hindî</i>
<i>áhin</i>	<i>asín</i>
<i>Áho</i>	<i>áso</i>
<i>áhok</i>	<i>úsok</i>
<i>álak</i>	<i>álak</i>
<i>álal</i>	<i>bákod</i>
<i>alíkabók</i>	<i>alíkabók</i>
<i>al-lo</i>	<i>Áraw/tanghali</i>
<i>almuhál</i>	<i>almusál/agáhan</i>
<i>Ampanaynip</i>	<i>panagínip</i>
<i>Ampangaho / mangaho</i>	<i>mangáso</i>
<i>amak</i>	<i>baníg</i>
<i>ampangka-ili</i>	<i>tawá/tumáwa</i>
<i>ampwaku</i>	<i>lákad/maglakád</i>
<i>ánag</i>	<i>ánay</i>
<i>Anák</i>	<i>anák</i>
<i>Anák</i>	<i>anák</i>
<i>ánem</i>	<i>ánim</i>
<i>ángin</i>	<i>hángin</i>
<i>angkaangan</i>	<i>úhaw</i>
<i>Angkaihipan</i>	<i>tandaán</i>

<i>angkalímo</i>	<i>tákot</i>
<i>Angkaliwawən</i>	<i>makalímot</i>
<i>angkareng-ey</i>	<i>nahiyâ</i>
<i>Angkatandaan</i>	<i>matutúhan</i>
<i>Aníno</i>	<i>aníno</i>
<i>nanaka/nanuray</i>	<i>dumumí/ tumáe</i>
<i>apa</i>	<i>ipá</i>
<i>ápat</i>	<i>ápat</i>
<i>apuy</i>	<i>ápog</i>
<i>atép</i>	<i>bubóng/atíp</i>
<i>áway</i>	<i>áway</i>
<i>Awu</i>	<i>óo</i>
<i>Ayen Tərem</i>	<i>mapuról</i>
<i>áyin</i>	<i>walâ</i>
<i>áyop</i>	<i>háyo</i>
<i>aypa</i>	<i>tímog</i>
B	
<i>bábà</i>	<i>babà</i>
<i>babai</i>	<i>babáe</i>
<i>báboy</i>	<i>báboy</i>
<i>bagà</i>	<i>bagà</i>
<i>bagatan</i>	<i>silángan</i>
<i>bake</i>	<i>unggóy/matsíng</i>
<i>baket</i>	<i>asáwang babáe</i>
<i>bakí</i>	<i>dagâ</i>
<i>bákilil</i>	<i>bundók</i>
<i>Baláy</i>	<i>kilála</i>
<i>balí</i>	<i>báhay</i>
<i>balúngoh</i>	<i>ilóng</i>
<i>bangka</i>	<i>bangkâ</i>
<i>ba-wo</i>	<i>bálo</i>
<i>bapa/papo</i>	<i>matandáng laláki</i>
<i>barák</i>	<i>buwáya</i>
<i>baráso</i>	<i>bráso</i>
<i>bató</i>	<i>bató</i>
<i>báyad</i>	<i>báyad</i>
<i>báyo</i>	<i>bágo</i>
<i>baytan</i>	<i>kanlúran</i>
<i>birdí</i>	<i>luntí</i>
<i>bitíh</i>	<i>paá</i>

<i>bitúka</i>	<i>bitúka</i>
<i>bitu-wen</i>	<i>bituín</i>
<i>bo-ek</i>	<i>sákong</i>
<i>bókot</i>	<i>likód</i>
<i>Bolong</i>	<i>dáhon</i>
<i>bótò (matanda)</i>	<i>titi</i>
<i>bówag</i>	<i>bulág</i>
<i>bebey</i>	<i>bibíg</i>
<i>buhay</i>	<i>talón</i>
<i>buhóy</i>	<i>busóg</i>
<i>bukláv</i>	<i>lalamúnan</i>
<i>Bulaklak</i>	<i>bulaklák</i>
<i>Bulyawan</i>	<i>tawágin</i>
<i>Bungkuk</i>	<i>magsinungalíng</i>
<i>but-o</i>	<i>búkungbúkong</i>
<i>but-ó</i>	<i>butó</i>
<i>but-ó</i>	<i>butó</i>
<i>bowan</i>	<i>buwán</i>
<i>buwáte</i>	<i>buláte</i>
<i>buya</i>	<i>bigás</i>
D	
<i>dáan</i>	<i>daán</i>
<i>dagat</i>	<i>dágat</i>
<i>daepen</i>	<i>amóy</i>
<i>damowag</i>	<i>kalabáw</i>
<i>dangkál</i>	<i>dangkál</i>
<i>dáyà</i>	<i>dugô</i>
<i>demek</i>	<i>ibasúra</i>
<i>dikot</i>	<i>damó</i>
<i>dilà</i>	<i>dilà</i>
<i>dóray</i>	<i>ihì</i>
<i>dorowángan</i>	<i>bintanà</i>
<i>Dowi</i>	<i>tiník</i>
<i>dulâ</i>	<i>dumurâ</i>
<i>dupa</i>	<i>dipá</i>
G	
<i>Gahak</i>	<i>kaingín</i>
<i>galamay</i>	<i>dalirì</i>
<i>gamét</i>	<i>kamáy</i>

<i>gayát</i>	<i>hiwà/ magputól</i>
<i>gígang</i>	<i>gagambá</i>
<i>Gulot / luma</i>	<i>lumà</i>
<i>guloyən</i>	<i>hiláhin</i>
H	
<i>ha-a</i>	<i>ságing</i>
<i>habáw</i>	<i>sabáw</i>
<i>habót</i>	<i>balahíbo</i>
<i>habót</i>	<i>buhók</i>
<i>hakit</i>	<i>maysakít</i>
<i>handók</i>	<i>kutsarón/sandók</i>
<i>hapa-əg</i>	<i>ngayón</i>
<i>hapá-əg</i>	<i>ngayón</i>
<i>hayngét</i>	<i>páwis</i>
<i>Helken</i>	<i>tingnán</i>
<i>hí-il</i>	<i>sahíg</i>
<i>híkó</i>	<i>síko</i>
<i>hílong</i>	<i>sílong</i>
<i>Hinghíng</i>	<i>singsíng</i>
<i>hóka</i>	<i>nagsuká/ súka</i>
<i>huyod</i>	<i>balsá</i>
I	
<i>igwâ</i>	<i>ibigay</i>
<i>hek-hek</i>	<i>kalúban, suksúkan</i>
<i>ieklen</i>	<i>lumunók /nilunók</i>
<i>íkoy</i>	<i>buntót</i>
<i>ílek</i>	<i>lamók</i>
<i>Ilgu</i>	<i>salitâ</i>
<i>Ilguhən</i>	<i>sábi</i>
<i>Inanawa / inanawun</i>	<i>hiningá</i>
<i>Intakul / tinak'l</i>	<i>tinalì</i>
<i>ipaalo</i>	<i>ibilád</i>
<i>ipuna</i>	<i>ikuskós</i>
<i>Istorya</i>	<i>kuwénto</i>
<i>itágò</i>	<i>magtagò</i>
<i>itapon</i>	<i>itsá, ihágis</i>
<i>itørøn</i>	<i>itúlak</i>
K	
<i>kabulalakaw</i>	<i>bahaghári</i>
<i>kaganawán</i>	<i>lahát</i>

<i>kaibigan</i>	<i>kaibígan</i>
<i>Kaka (lalaki)</i>	<i> kapatíd</i>
<i>Kalamo ha bale</i>	<i>sám bahayán</i>
<i>Kalamo ha bale</i>	<i>alípin</i>
<i>Kalamo y pamilya</i>	<i>pamílya</i>
<i>kalamuan</i>	<i>kasáma</i>
<i>kalalean</i>	<i>ilálim</i>
<i>Kaldéro - (kaldero)</i>	<i>palayók</i>
<i>kaleyen</i>	<i>hukáy / humúkay</i>
<i>Kamoteng kayapgkap - (Kamoteng baging)</i>	<i>kamóte</i>
<i>kanem</i>	<i>kánin</i>
<i>Kanáyon</i>	<i>ibá</i>
<i>Kápah</i>	<i>búlak</i>
<i>kapatian</i>	<i>buhángin</i>
<i>Katat</i>	<i>balát ng káhoy</i>
<i>kátat</i>	<i>balát</i>
<i>kayát</i>	<i>kagát</i>
<i>káyo</i>	<i>káhoy</i>
<i>kelay</i>	<i>kílay</i>
<i>kimat</i>	<i>kidlát</i>
<i>kirép</i>	<i>pilikmatá</i>
<i>kókò</i>	<i>ubó</i>
<i>kóto</i>	<i>kúto</i>
<i>kóto</i>	<i>kúto</i>
<i>Kubang / ubang</i>	<i>landás</i>
<i>Kukohən</i>	<i>kalmutín</i>
<i>Kulaw</i>	<i>anáak</i>
<i>kuna</i>	<i>isdâ</i>
<i>kúna</i>	<i>karné</i>
<i>kurol</i>	<i>kulóg</i>
<i>kuyapi</i>	<i>pigsâ</i>
L	
<i>labì</i>	<i>labì</i>
<i>lahúngan</i>	<i>lúsong</i>
<i>laiya</i>	<i>lúya</i>
<i>Lakay (asawang lalaki)</i>	<i>asáwa</i>
<i>lakó</i>	<i>ibénta, ipagbilí</i>
<i>lahlah</i>	<i>lála</i>
<i>laláki</i>	<i>laláki</i>
<i>lamán bolî</i>	<i>pigî</i>

<i>lamít</i>	<i>dikít /dumikít</i>
<i>lanom</i>	<i>inumín</i>
<i>lanum</i>	<i>túbig</i>
<i>lawi</i>	<i>yantók</i>
<i>layón</i>	<i>lindól</i>
<i>leey</i>	<i>leég</i>
<i>lehem</i>	<i>úlap</i>
<i>limá</i>	<i>limá</i>
<i>linglín</i>	<i>dingding</i>
<i>lobót bolí</i>	<i>tumbóng</i>
<i>lópa</i>	<i>mukhâ</i>
<i>lótà</i>	<i>lúpa</i>
<i>lowá</i>	<i>dalawá</i>
<i>lówà</i>	<i>luhà</i>
<i>lowámpò</i>	<i>dalawampû</i>
<i>ayat/lawak</i>	<i>gúbat</i>
<i>nilumpad</i>	<i>lumipád</i>
<i>lumtao</i>	<i>lumútang</i>
<i>lubay</i>	<i>bahág</i>
<i>M</i>	
<i>malhay</i>	<i>malakí</i>
<i>maahem</i>	<i>maásim</i>
<i>maamot</i>	<i>ínit/maínit</i>
<i>maamot</i>	<i>maínit</i>
<i>maamot</i>	<i>kulô</i>
<i>Mab'yat</i>	<i>mabigát</i>
<i>mabangó</i>	<i>mabangó</i>
<i>mable</i>	<i>mahál (na presyo)</i>
<i>Mábiyay</i>	<i>mabúhay</i>
<i>madani</i>	<i>malápit</i>
<i>madayo</i>	<i>malayò</i>
<i>Magandá</i>	<i>mabúti/mabaít</i>
<i>magáto</i>	<i>sandaán</i>
<i>Magdagaw</i>	<i>maglarò/laruin</i>
<i>Magkantá</i>	<i>umáwit</i>
<i>Mag-obra</i>	<i>magtrabáho</i>
<i>papeyihen</i>	<i>paikútin</i>
<i>matuloy</i>	<i>matúlog</i>
<i>mahakít</i>	<i>sakít/kirót</i>
<i>mahambak</i>	<i>umága</i>

<i>mahilem</i>	<i>hápon</i>
<i>ma-ín (itsura)</i>	<i>magandá</i>
<i>maipa</i>	<i>múra</i>
<i>Maipaw</i>	<i>magaán</i>
<i>mairap</i>	<i>maralita</i>
<i>mairap (nin gaw'un)</i>	<i>mahírap</i>
<i>Makapoy</i>	<i>mahinà</i>
<i>makhaw</i>	<i>ágos</i>
<i>Makhaw</i>	<i>lakás /malakás</i>
<i>malaengey</i>	<i>búko</i>
<i>malawang</i>	<i>lawà</i>
<i>malay-ep</i>	<i>malamíg</i>
<i>malele</i>	<i>malungkót</i>
<i>malíbo</i>	<i>líbo</i>
<i>malímo</i>	<i>matákot</i>
<i>malínis</i>	<i>kínis / makínis</i>
<i>maliyu</i>	<i>maligò</i>
<i>mal-luto</i>	<i>maglutò</i>
<i>maong</i>	<i>pantalón</i>
<i>mag-ilba</i>	<i>labá/ máglaba</i>
<i>mayamo</i>	<i>makítid/makípot</i>
<i>malawang</i>	<i>maluwáng</i>
<i>malale</i>	<i>lálím / malálím</i>
<i>maaypa</i>	<i>mababà</i>
<i>mayamo</i>	<i>maiklî</i>
<i>malhay</i>	<i>malakí</i>
<i>makara</i>	<i>mahabà</i>
<i>maong</i>	<i>pantalón</i>
<i>mag-ilba</i>	<i>labá/ máglaba</i>
<i>mama</i>	<i>ikmó</i>
<i>mambayo</i>	<i>magbayó</i>
<i>Mamihibi</i>	<i>sibák</i>
<i>mamilang</i>	<i>magbiláng</i>
<i>Manalil / manalíw</i>	<i>bilí / bumilí</i>
<i>manangóy</i>	<i>langóy /lumangóy</i>
<i>mananem</i>	<i>taním</i>
<i>mángan</i>	<i>káin / kumáin</i>
<i>mangantí</i>	<i>maghintáy</i>
<i>manguya</i>	<i>húgas/naghúgas</i>
<i>manî</i>	<i>manî</i>
<i>manók</i>	<i>manók</i>

<i>manok-manók</i>	<i>ibon</i>
<i>mapaháng</i>	<i>gálit</i>
<i>mapò</i>	<i>sampû</i>
<i>marawak</i>	<i>masamá</i>
<i>Mat'sa</i>	<i>matigás</i>
<i>matá</i>	<i>matá</i>
<i>matam-ii</i>	<i>tamís /matamís</i>
<i>Matarem</i>	<i>tálas/matálas</i>
<i>makuwalta</i>	<i>mayáman</i>
<i>Mayámò</i>	<i>maliít</i>
<i>mayanan</i>	<i>hilagà</i>
<i>mayangat</i>	<i>marumí</i>
<i>mihá</i>	<i>isa</i>
<i>miknò</i>	<i>upô / umupô</i>
<i>mirəŋ</i>	<i>tayô /tumayô</i>
<i>mórong</i>	<i>uwî</i>
<i>muli</i>	<i>akyát / umakyát</i>
<i>Murós - (kamoteng kahoy)</i>	<i>kamóte</i>
<i>mowayo</i>	<i>takbó</i>
N	
<i>naapon</i>	<i>kahápon</i>
<i>Naáyin</i>	<i>nawalà</i>
<i>nabahá</i>	<i>basâ</i>
<i>Nabange</i>	<i>bulók</i>
<i>nabitil</i>	<i>gútom</i>
<i>naebueng</i>	<i>napakapayát</i>
<i>nagate</i>	<i>katí</i>
<i>naholyáw</i>	<i>diláw</i>
<i>naklang</i>	<i>tuyô</i>
<i>Nanakaw</i>	<i>nákaw /magnákaw</i>
<i>nanay</i>	<i>nánay</i>
<i>nangítit</i>	<i>itím</i>
<i>naorít</i>	<i>pulá</i>
<i>napairí</i>	<i>manáhan/ tumirá</i>
<i>napait</i>	<i>mapaít</i>
<i>narabò</i>	<i>húlog</i>
<i>natí</i>	<i>patáy</i>
<i>natihi</i>	<i>mamatáy</i>
<i>nawíni</i>	<i>katawán</i>
<i>nebnéb</i>	<i>dibdíb</i>
<i>nga-lan</i>	<i>pangálan</i>

<i>ngangà</i>	<i>búnga ng ngangà</i>
<i>ngangà</i>	<i>ngangà</i>
<i>ngipen</i>	<i>ngípin</i>
<i>Nimatá</i>	<i>gisíng</i>
<i>Nípa</i>	<i>nípa</i>
<i>nobokah</i>	<i>búkas</i>
<i>nónò</i>	<i>súso</i>
<i>nónò</i>	<i>sumúso</i>
O	
<i>oki</i>	<i>kaliwâ</i>
<i>okóy</i>	<i>itlóg</i>
<i>óling</i>	<i>uling</i>
<i>ongnó</i>	<i>ilán</i>
<i>oran</i>	<i>ulán</i>
<i>ótang</i>	<i>útang</i>
<i>ótin (bata)</i>	<i>titì</i>
<i>owák</i>	<i>uwák</i>
<i>oyhá</i>	<i>usá</i>
P	
<i>pa-a</i>	<i>hità</i>
<i>pag-óng</i>	<i>pagóng</i>
<i>pahíngà</i>	<i>palakâ</i>
<i>pakpák</i>	<i>pakpák</i>
<i>pálal</i>	<i>pálad</i>
<i>palí</i>	<i>pálay</i>
<i>paliyán</i>	<i>palayán</i>
<i>palupaló</i>	<i>paruparó</i>
<i>pambayí</i>	<i>pambayó</i>
<i>pantay</i>	<i>derétso/tuwíd</i>
<i>Papo babai</i>	<i>matandáng babáe</i>
<i>parahən</i>	<i>bilís / mabilís</i>
<i>Patel (babae)</i>	<i>kapatíd</i>
<i>Patyən</i>	<i>patayín</i>
<i>payhép</i>	<i>íhip / híhip</i>
<i>pingí</i>	<i>pisngí</i>
<i>pitâ</i>	<i>pútik</i>
<i>pitó</i>	<i>pitó</i>
<i>píyat</i>	<i>pílat /péklat</i>
<i>póhel</i>	<i>tiyán</i>

<i>pó-ol</i>	<i>súnog</i>
<i>potî</i>	<i>putî</i>
<i>po-on</i>	<i>punô</i>
<i>prútas</i>	<i>prútas</i>
<i>punahan</i>	<i>páhid, punásan</i>
<i>puon</i>	<i>punò</i>
<i>pupuhan</i>	<i>pigâ /pigaín</i>
<i>pusò</i>	<i>pusò</i>
<i>pu-ulen</i>	<i>súnog / sunúgin</i>
S	
<i>sagwan</i>	<i>pansagwán</i>
<i>Saksak</i>	<i>saksák /saksakín</i>
<i>Sipahən</i>	<i>sipáin</i>
<i>siyám</i>	<i>siyám</i>
T	
<i>taba</i>	<i>tabâ</i>
<i>tagyáng</i>	<i>tadyáng</i>
<i>takâ</i>	<i>ipòt/dumí</i>
<i>takél</i>	<i>talì</i>
<i>talampakan</i>	<i>talampakan</i>
<i>Talanen</i>	<i>hawákan</i>
<i>talóm</i>	<i>talóng</i>
<i>tambál</i>	<i>gamót</i>
<i>Tandá</i>	<i>alám</i>
<i>tanggigini</i>	<i>dalirì ng paá</i>
<i>tángih</i>	<i>iyák / umiyák</i>
<i>taon</i>	<i>taón</i>
<i>tatay</i>	<i>tatay</i>
<i>tatló</i>	<i>tatló</i>
<i>ta-u</i>	<i>táo</i>
<i>tawnáhan</i>	<i>ígat</i>
<i>tay-en</i>	<i>tahî, tahîin, hinabî</i>
<i>tehek</i>	<i>bingí</i>
<i>Tinabon / itabon</i>	<i>ilibíng</i>
<i>titîw</i>	<i>puwérta, puki</i>
<i>toktók</i>	<i>tuktók</i>
<i>tó-ol</i>	<i>túhod</i>
<i>Tubayən</i>	<i>sagót</i>
<i>tubó</i>	<i>tubó</i>
<i>tuli</i>	<i>taínga</i>
U	

<i>uyat</i>	<i>ugát</i>
<i>uháy</i>	<i>sukláy</i>
<i>úlo</i>	<i>úlo</i>
<i>Umanən</i>	<i>ulítin</i>
<i>unan</i>	<i>únan</i>
<i>ungot</i>	<i>niyóg</i>
<i>utek</i>	<i>útak</i>
<i>utan</i>	<i>áhas</i>
<i>uwe</i>	<i>kúmot</i>
<i>uyap</i>	<i>ugát</i>
W	
<i>waló</i>	<i>waló</i>
<i>wanan</i>	<i>kánan</i>
<i>waweng</i>	<i>noó</i>
Y	
<i>yabi</i>	<i>gabí</i>
<i>yubil</i>	<i>lúbid</i>

Sambal Kakilingan




Larawan 14: Isa sa mga nakasalamuhang Ayta Sambal Kakilingan sa isinagawang fieldwork

Hango sa salitang "**Kiling**" ang etimolohiya ng "**Kakilingan**." Ito ay nangangahulugan na lugar na napapaligiran ng kawayan. Ang Sambal Kakilingan ay mga Ayta na nanahirahan sa Brgy. Sta Fe sa probinsiya ng San Marcelino, Zambales. Sa lugar na ito makikita ang hitik na iba't ibang uri ng kawayan na inilalarawan bilang **Bayog nin Bakil** (mga kawayan sa bundok). Ayon sa senso noong taong 2015, mayroong 33,665 katao ang populasyon ng munisipalidad na ito. Sa munisipyong ito makikita ang lawa ng Mapanuepe na nabuo pagkatapos ng pagsabog ng bulkang Pinatubo noong 1991. Kilala ang bayan ng San Marcelino sa kanilang mga produkto tulad singkamas, mais, mungo at asukal. Ang bayang ito ay nahahati sa 18 na barangay. Ito ay Aglao, Buhawen, Burgos (Poblacion), Central (Poblacion), Consuelo Norte, Consuelo Sur (Poblacion), La Paz (Poblacion), Laoag, Linasin, Linusungan, Lucero (Poblacion), Nagbunga, Rabanes, Rizal (Poblacion), San Guillermo (Poblacion), San Isidro (Poblacion), San Rafael at Santa Fe- ang lugar kung saan ginawa ang pag-aaral.

52

⁵² <https://sanmarcelinozambales.gov.ph>



Larawan 15: Mapa ng Brgy. Sta. Fe, San Marcelino, Zambales

Ang Brgy. Sta Fe base sa census na naitala noong taong 2015 mayroong 1,839 katao ang populasyon; kinakatawan nito ang 5.46% ng kabuoang kabuoang populasyon ng munisipalidad San Marcelino. Naitala na mayroong 32,867 ang nagsasalita ng wikang Botolan Sambal kasama na rito ang diyalektong Sambal Kakilingan.⁵³

Wika ng Sambal Kakilingan

Ang wika ng Sambal Kakilingan Ayta ay mayroong 17 na ponemang katinig. Ang mga ito ay ang /b, c, k, d, g, h, l, m, n, ng, p, r, s, t, q, w, y/ (Tingnan ang talahanayan 7: Punto ng artikulasyon)

⁵³ Yamashita, Michiko and Constantino, Ernesto 1992. Kakilingan Sambal texts with gramatical analysis. Cecilio Lopez Archives of the Philippine Languages: Philippine Linguistics Circle, University of the Philippines.

Talahanayan 7: Tsart ng Katinig (Ayta Sambal Kakilingan)						
Punto ng artikulasyon		Labial	Dental	Palatal	Belar	Glottal
Panlabi	Walang tunog	p	t	c	k	q
	May tunog	b	d		g	
Pailong	May tunog	m	n		n g	
Fricative	Walang tunog		s	h		
Pang-gilagid	May tunog		l			
Flap	May tunog		r			
Isang Vowel	May tunod	w		y		

Mga halimbawa ng mga salita sa Botolan at Kakilingan na nakikita ang pagkakaiba ng ponema at leksika (Tingnan ang talahanayan 8).

Talahanayan 8: Halimbawang mga salita sa Botolan at Kakilingan		
Tagalog	Botolan	Kakilingan
Inom	Lanem	Lanom
Isa lang	Bengat	Bongat
Mula	Obat	Ibat
Ito	Habayci	Habayti
Saan	Ato	Ayri
Magbigay	Idin	Igwa
Muna	Manta	Mintras
Binata	Miyawhay	Anakkabayo

Sa pagkaalala ni Ginoong Anacio (99 na taong gulang) dating pinuno ng pangkat, ang migrasyon ng mga Sambal Kakilingan Ayta ay nagmula sa Brgy. Villar sa paanan ng bulkang Pinatubo. Dahil sa pagputok nito, ang mga Sambal Ayta Kakilingan ay napadpad sa Brgy. Sta Fe sa mga probinsiya ng San Marcelino, Olongapo at Cabaggan.

Sa naganap na pagputok ng bulkang Pinatubo maraming kuwento ang naisalaysay ni Ginoong Anacio. Ayon sa kanilang karanasan noong panahon ng Hapon noong sila ay nasa Brgy. Villar pa, ang ilang kamag-anakan isang ay napadpad sa brgy. Sta Fe. Ayon sa kanyang salaysay, noong mga panahong iyon, napakaraming mga Manakaw sa kanilang lugar. Ang manakaw ay ang mga Hapon na nangunguha ng kanilang mga pagkain at naninira ng kanilang mga taniman. Sila raw ay pinahirapan ng mga Hapon at ang ilan ay pinatay. Natapos lamang ang ganitong pagpapahirap noong dumating ang mga grupong Markang Bungo na siyang tumulong sa kanila. Kilala ang grupong Markang Bungo na siyang pumupukso sa mga kasamaang ginawa ng mga Hapon. Sa ngayon, siya at ang kanyang mga kamag-anak ang naninirahan sa kabundukan ng Sta. Fe sa munisipalidad ng San Marcelino.

Transportasyon



Larawan 16: Ang sasakyang Kuliglig

Naging malaking hamon sa ginawang pag-aaral ang panahon sa pagdalaw sa lugar ng pag-aaral. Ilang beses naantala ang pagkalap ng datos dahil hindi madaanan ang lugar papunta sa komunidad ng Brgy. Sta Fe. Sa pagpunta sa lugar, iba't ibang sasakyan ang maaaring gamitin upang makarating sa lugar. Isa na rito ay ang **Kulong-kulong** na isang sasakyang gamit upang i-angkat ang mga produkto galing sa bundok. Ito rin ang gamit ng mga Sambal Kakilingan Ayta upang makarating sa bayan. Bukod sa **kulong-kulong** (motor na may kakabit na lalagyan ng mga kalakal), at **Bagon** (kalabaw na may kariton), mayroon ding **Kuliglig**, ito ang mas madalas gamitin at sakyan ng mga Sambal Ayta Kakilingan papunta't pabalik sa kanilang lugar.

Kabuhayan ng mga Kakilingan Ayta

Kilala ang mga Sambal Kakilingan Ayta bilang nomadiko. Sila ay di napipirmi o nanatili sa isang lugar. Kadalasan ang kanilang tirahan ay gawa lamang sa di permanenteng materyal. **Hawóng** ang tawag sa bahay ng mga Sambal Kakilingan Ayta na gawa sa dahon ng saging. Bukod sa di permanenteng tirahan, ang mga Ayta ay umuuwi sa kani-kanilang permanenteng mga bahay o **Bale**. Ang bale ay yari sa **Yabut** (*bambuseae*). Ito ang nagsisilbing permanenteng tahanan ng mga Sambal Ayta Kakilingan kung saan nakalagak ang kanilang mga kagamitan at nagsisilbing tulugan. Ang **Pangangangaho** (pangangaso) at **Paggagahak** (kaingin) sa **Bagbág** (kakahuyan), **Bowéd** (bulubundukin) at **Bakil** (bundok) ang kanilang **Kapanapolán** (hanapbuhay). Madalas sila ay nakakahuli ng **balakwát** (isang uri ng ibon), **Bakê** (unggoy), baboyat **bakâ** (baka) na naligaw dahil sa pagputok ng bulkang Pinatubo. Paborito nila ang pagkain ng **Barák** (bayawak), **Bocici** (butiking tubig) **Biklát** (sawa), at (kambing), **Kanding laboyò** o **Manók dikót** (labuyo) **Ma-owa** (baboy ramo), at mga **Olang** (hipon) bilang **Kenâ** (ulam) o pagkain. Madalas nila nahuhuli ang mga ganitong hayop sa bundok **Kamangi** (bundok na malapit sa Mt. Pinatubo) at ang mga isda sa **Ka-ogan**

(ilog). Dahil sila ay di pumipirmi sa isang lugar, kadalasan ang kanilang mga niluluto ay inilalagay lang sa **Bumbong o Boò** (buho) ng kawayan na kung tawagin ay **Binongey**. Anila, kapag may bisita ay ito rin ang kadalasan nilang inihahain. Sa tradisyonal na pagluluto gayun din ang mga nilutong pagkain ay kailangang bigyan din ng mga **Kinarni** (kinatay) na hayop ang mga **Kamana** (espiritu) at **Kawkamoko** (mga duwende) sa naturang lugar. Dahil baka sila raw ay parusahan at magdulot ng kapahamakan tulad ng **Keláh** (guho ng lupa) sa mga **Mangangaho**.

Iba't iba ang uri ng mangangaso. Ang **Magsilo** at **Maglawán** na nanghuhuli ng usa, iba't ibang manok. **Ampangahó** naman ang panghuhuli ng baboy ramo. Inilalarawan ang ampingahó na mahirap na trabaho dahil kadalasan ang mga hayop ay **Mahe** (mailap). Iba't ibang uri rin ng **Pehe** (pana) ang ginagamit dito, ang ilan ay ang **Tuyra, Palho** at **Balangat**. Subalit kadalasan, sila raw ay naghahantay lang ng mga manok **Labuyo** na dumapo sa puno o **Nama-apon** tuwing dapit hapon upang pagpapahinga sa mga bawat puno.

Ang pangunahing **Kowinto** (kuwento) sa **Mangangaho** (mangangaso) ay litaw sa kanilang mga kuwento tulad ng “Mangangaho ha bowán (Mangaso sa ilalim ng buwan).”


Hay istorya nin miháy manganga ha Bagáng. Hapa-eg, hin nangaho ya, niknô ya ha bató boy nangtót ya kanó. Piro hatoy bató awód ay kamana, kayâ tinomag-áy ya bató. Ahè na-alíh ya bolí na bató. Dinomtáh kanó ya bolí na banam. Hap-eg, nolí taná ya aho. Atoynay amo nin haci ya aho? Ciyó, cikapén tamo. Ciniháp boy kinalgá lay habaytó aho. Panhohomonól nayná kano nin aho tawtawo ya nanikáp. Hin lomaténg hilá baydó ay na-ikít la ya ag makwá ya bolí nin mangaho. The, talibengan tamoyná.

Ang istorya ay ang tungkol sa mangangaho at Bagang. Isang araw noong sila ay nangangaso, umupo ang mangangaso sa isang bato at napa-utot. Di niya alintana na ang bato na ito ay isang kamana o masamang espiritu at biglang gumalaw at tumayo. Sa pagtayong ito kasama ang puwit ng mangangaso at di na maalís ang bato sa puwitan nito. Noong umuwi ang kanyang dalang aso, tinatanong ng mga kasamahan ang aso kung nasaan ang kanyang amo. Sa tulong at gabay ng aso nakita nila ang mangangaso at laking gulat nila sa nakitang bato sa puwitan ng mangangaso. Kaya sila ay nagpapatugtog ng gitara at nagdasal.

Ang mga kuwento tulad ng “Nailibing na Mangangaso,” “Ang pakikipag-sagupaan sa mga Kamana,” at “Ang higante at ang Mangangaso” ay ilan lamang sa mga kuwentong hanggang ngayon ay naipapasa pa sa mas batang henerasyon.

Pananamit

Para sa mga kalalakihan, **Lubay** ang tawag sa kanilang **Bahag**. May ilang kalalakihan na gumagamit pa rin ng ganitong pananamit subalit kapag may mga okasyon o presentasyon lamang. Para sa pang-araw araw na kasuotan kulay asul ang kanilang ginagamit. Kapag pula naman, ito ay para sa digmaan o away sa karatig tribo. Ang **Baheleng** o **Tapis** naman ang kasuotan ng mga kababaihan. Kadalasan ang kulay ng kanilang baheleng ay mga di matingkad. May ilang nagsusuot ng kulay pula, ngunit ito ay para sa presentasyon lamang.



Sa mga sinaunang tradisyon, ang isang Ayta ay walang kakayahang makapamilya ng kanilang mapapangasawa dahil sila ay pinagkakasundo na ng kanilang mga magulang mula bata pa lamang. Dahil sa pagbabago, lalo na pagkatapos ng pagputok ng bulkang Pinatubo, sila na ngayon ay nakikihalubilo na sa mga unat (o mga taong di Ayta), unti-unting nagbago ang pananaw nila sa pagpapakasal. Ang mga Ayta ngayon ay may kakayahang pumili ng magiging **Mapapa-ahawa** subalit sila ay susunod pa rin sa tradisyon at proseso ng kasal sa na itinuturing bilang isang napakahalagang aspekto ng kanilang buhay. Isa na rito ang **Mangarog** na nangangahulugang sila ay dumadaan sa proseso ng panliligaw. Sa **mangarog**, kapag ang isang lalaking Ayta ay nanliligaw o **Nanayò**, kasama na rito ang panliligaw din sa pamilya ng napiling babaeng mapapangasawa. Maninilbihan sa pamilya ng babae at madalas sila ay nagbibigay ng regalo sa pamilya. Ito raw ay nagsisilbing kapalit sa mawawalang ambag na tulong ng babae sa kanyang pamilya kapag siya ay nag-asawa na. **Pahungaw** ang tawag na pagbibigay ng regalo sa sinusuyong pamilya ng babae. Kadalasan sila ay nagbibigay ng isang (1) baboy, isang (1) sakong bigas, at (1) **Eták** (itak). Ito ay depende sa hiling ng pamilya ng babae; minsan ay mga kasangkapan sa bahay ang kanilang ibibinigay. Ang

Pamimiha ang tawag sa parehong pamilya na nagkasundo o may **Kasondo-an** na sila ay magbibigay ng regalo tulad ng baboy, halaga at iba pang bagay upang makapagsimula bilang mag-asawa at bumuo ng isang pamilya. Kadalasan may isang **Pulyador** na tumutulong sa pakikipag-usap sa dalawang pamilya. Ang isang **pulyador** ay ang tagapagsalita o kinatawan ng bawat pamilya. Kapag nagkasundo na ang bawat pamilya, ang isang-daang pisong papel o **Gatóh** ay ilalagay sa gitna ng panyo at ito ay itatali. Hihilahin ng **Kaba-án** o magkasintahan ang magkabilang dulo ng panyo upang mas humigpit ito. Nangangahulugang simula na ang pagbubuklod ng dalawang magkasintahan at ng kani-kanilang pamilya. Sa pagkakasundong ito, ang pamilya ng lalaki ay magbibigay ng **Bandi** sa pamilya ng babae. Ang **bandi** ay itinuturing na isang kabayaran sa ama o pamilya ng babae sa pagkawala nito sa kanyang pamilya. Ang halaga ng babayaran **Bandi** para sa isang babae ay binabase sa kanyang kagandahan, kalusugan, kalakasan, at kakayahang magtrabaho.

Proseso ng Kahal

Ang proseso ng kasal ay nahahati sa tatlong bahagi:

Ang **Hogo**, ang **Suson**, at ang **Banhal**. Sa **Hogo** nagaganap ang pamamanhikan ng mga magulang ng lalaki sa pamilya ng babaeng nais nilang ipakasal. Ang **Suson** ay ang pagkakasunduan ng dalawang pamilya (engagement). Dito nagkakaroon ng pagpupulong ang mga kamag-anak ng babae at lalaki na madalas ay tungkol sa halaga at gamit na nais sa bandi. Ang hogo ay dapat ginagawa sa tahanan ng babae matapos lumubog ang araw at ang panig ng lalaki ay inaasahan na may dalang kanin at baboy na pagsasalu-saluhan ng dalawang panig. Matapos nito ay ang Suson, ang lalaki ay kinakailangan manilbihan sa pamilya ng babae. Kapag nagkasundo na ang dalawang panig, pag-uusapan na ang petsa ng banhal o **kahál** o **Kabanhalán**. Ito ay dalawang uri, ang kasal bukid at kasal Bayan. **Mihayay** naman ang tawag sa hindi nagkakasundo ang dalawang partido, lalo na at ang pamilya ng lalaki ay di nakapagbigay ng tamang nais na bandi ng pamilya ng babae.



Larawan 19: Mga pulyador sa panig ng lalaki

Tulad ng Sambal Botolan Ayta, **Talipi** at **Lapinding** din ang tawag sa sayaw na itinuturo ng mga matatanda sa kani-kanilang mga mga anak at apo, maging babae man o lalaki. Ito ay isang uri ng sayaw na maaaring isagawa tuwing **Makikipanposo** (makikipag-isang dibdib) o kasal kung saan sinasabitan ng pera ang mag-asawa na nakasuot ng tradisyonal na pananamit sa saliw ng isang **Talbeng** (tambol na gawa sa balat ng usa). Sa tuwing may selebrasyon kailangang sila ay magsagawa ng

Ampagtelék o pag-iingay upang maipakita ang kasiyahan at malaman din ng kanilang mga ninuno. Sa gabi bago ang kasal, kailangan ang isang **Manganitu** kung saan ang mga matatandang lalaki o **Lawlakáy** na nakaatang na makikipag-usap sa espiritu o **Anitu**, at mga espiritu ng mga kapamilya ng mga ikakasal na pumanaw upang sa araw ng kasal ay walang mararamdamang kakaiba ang mag-asawa at ang kanilang mga pamilya tulad na lamang ng **Hakit** (sakit). Pagkatapos ng kasal, bawal magtrabaho ang mag-asawa. Bawal din humawak ng matutulis at bawal magbuhat ng mabibigat na bagay ang asawang babae. Ang mga ito ay mga paniniwalang hanggang ngayon ay kanila pa ring sinusunod.

Mga Paniniwala ukol sa Kasal

Bukod sa mga paniniwala ukol sa mga **Kamana** (masamang espiritu), ang mga Sambal Kakilingan Ayta ay sumasamba rin kay **Apo Namalyari**. Itinuturing siya na tagapagbantay ng bulkang Pinatubo. Kapag nagkakaroon ng ritwal ang mga Sambal Kakilingan Ayta ay nag-aalay ng manok o **Kabon** [native na baboy] kasabay ang pagsambit ng **Dururo**. Ang **Dururo** ay isang kanta bilang pasasalamat sa mga espiritu at humihiling na huwag silang gambalahin. Ang **Dururo** ay pagdadasal at pag-aatang sa mga espiritu ng mga kamag-anakan at ilang mga kamana o espiritu na mga nasa paligid ng kanilang komunidad. Kapag may ikinakasal kadalasan, ito ang sinasambit ng mga nagdadasal para sa mga ikakasal:

"Itong kamag-anak natin ay ikakasal na bukas, kaya sana ay wala sanang mangyaring masama sa takdang araw ng kanilang kasal".

Ang Pagpapamilya

Sa pagpapa-asawa at pagpapamilya ng mga Sambal Ayta Kakilingan may mga ilang pamilya na di na sumusunod sa tradisyon na nakakapangasawa na kapawa Ayta. Ang ilang kalalakihan mas pinipili pa nila ang mag-asawa ng taga-ibaba o ang mga “unat” na di kasama sa kanilang pangkat. Sa kahirapan ng buhay, ayon sa kipanayam, ang mag-asawang Ayta ay **Naka-ampaidí** sa pamilya ng lalaki o sa **Ampò** (biyenang). Ang sa ngayon **Bandi** ay di na sinusunod lalo na’t ang napangasawa ay isang unat. Dahil sa pagbabago, may ilang mga kabataan lalaki ay **Angkalimò** (natatakot) na magkaroon ng kasintahang Ayta dahil sa mahal ng **Bandi**.

Sa pagpapamilya, ang unang inaasahang mag-asawa ay ang nakakatandang kapatid o ang panganay. Dahil siya ang unang natuto sa pagpapamilya at pag-aalaga ng mga kapatid ayon sa mga payo ng kani-kanilang mga magulang. Kung sakaling ang nauna ang mas nakakabatang kapatid o ang **Ali**, ito ay nangangahulugang nilagpasan ng nakakabatang kapatid na mag-asawa ang mas nakakatandang kapatid na kung tawagin ay Patukpaw. Kapag nagdalantao na ang isang Babayi (babae) ayon sa pagsasama ng mag-asawa, Pamuktot ang tawag dito. Na kung saan inalalarawan na mayroong sanggol o **Kulaw** sa loob ng bahay-bata o **Inyanan**. Ang babae sa yugtong ito ay tinaguriang **Ampangalik** na kung saan ang babae ay naglililihi na. Sa panganganak ng isang babae, ang **Paltera** ang kanilang tinatawag upang maging kaagapay sa kanilang panganganak. May pagkakataon na ang ilang kababaihan ay di pinagpalang magkaanak, Layo naman ang tawag rito na inilalarawan bilang mga babaeng walang kakayahang mabuntis. Minsan, ang mga lalaking may asawa ng isang babaeng layo ay naghahanap ng pangalawang asawa upang bigyan siya ng anak. Sa mga masuwerteng pamilya na maraming anak, ito ay isang kasiyahan sa pamilya at komunidad, sapagkat ang pagkakaroon ng mga maraming anak ay pagpapanatili ng kanilang identidad at lahi. Sa pag-aalalaga ng anak, sinisigurado ng isang ina na siya ay makapagpapasuso o

Ampamanuno, upang maging mapalapit ang sanggol sa kanyang ina at upang makaiwas na mabinat at malamigan din ang ina at ang sanggol na kung tawagin ay **Mag-indi**. Kapag nasa ika-walong (8) buwan na ang isang **Kulaw** (sanggol) at madalas ang sanggol ay **Bicíl** (gutom) maaari na siyang **Ampakán** (pakainin) ng **Ampamakawtô** (nilulutong kanin) at malalambot na **Haging** (saging) na **Ha-a** (saba), **Kamoci** (kamote) at mainit na **Habáw** (sabaw).

Kilala ang mga Sambal Kakilingan Ayta sa dami ng kanilang mga anak. Sa kanilang kultura ipinagbabawal pa rin ang paggamit ng kontraseptibo o pagpapalaglag ng kanilang mga sanggol. May mga ilang kaso na ang mag-asawa ay hindi na kinaya na buhayin ang kanilang mga anak dahil sa kahirapan kung kaya't ipinapaampon nila ang kanilang mga anak sa mga malalapit na kamag-anak tulad ng kanilang mga **Aw-amâ** (tiyuhin), **Darà** (tiyahin)/**Dawdarà** (mga tiyahin). Ipinagkakatiwala nila ang kanilang mga anak sa mga malalapit na kamag-anak upang hindi sila makakaranas ng **Dinanggás** o pang-aapi at pagmamaltrato. Ang pangyayaring ito ay tinatawag na Ipangere na kung saan ipinagkakatiwala ang mga anak sa mga malalapit na kamag-anak upang mag-aalaga o Ampangalaga ng kanilang anak. Kung sakaling magbago ang isip at makaluwag na sa buhay ang pamilyang nagpa-ampon at nais nilang bawiin ang kanilang anak, tinatawag itong **Urungen**.

Sa pag-aalalaga ng anak, sinisigurado ng isang ina na siya ay makapagpapasuso o Ampamanuno, upang maging malapit ang sanggol sa kanyang ina at upang makaiwas na mabinat at malamigan din ang ina at ang sanggol na kung tawagin ay **Mag-indi**. Kapag nasa ika-walong (8) buwan na ang isang Kulaw at madalas ang sanggol ay **Bicíl** (gutom), maaari na siyang **Ampakán** (pakainin) ng **Ampamakawtô** (nilulutong kanin) at malalambot na **Haging** (saging) na **Ha-a** (saba), **Kamoci** (kamote) at mainit na **Habáw** (sabaw).

Sa pagdidisiplina naman ng mga anak, ang mga Sambal Kakilingan Ayta ay bibihira lamang mamalo o **Ampamatoken** (namamalo). Ayon sa mga inang nakapanayam, ang pagsasabi ng mga kanilang karanasan at mga pangaral ang kanilang ginagawa upang matuto ang mga kabataan sa kanilang pagkakamali.

Siklo ng buhay

Kulaw ang tawag sa isang sangol mula edad 0-2. Subalit kapag ang **kulaw** ay nasa edad tatlo (3) at pataas siya tinatawag nang **Bata**. **Dalaginging** naman ang tawag sa mga batang babe nanagsimula nang magregla o may **Andayaen**. **Anak-kabayo** o **Miyawhay** naman kapag binata na ang isang lalaki kung nagbabago ang kanyang boses at paglaki ng katawan. **Papò** naman ang tawag sa matandang lalaki o lolo at lola naman sa babae.

Mga laro at pinagkakalibangan


Kapag nag-aaliw ang mga kalalakihan, kadalasan sila ay **Ampaghabóng** (nagsasabong) subalit ito ay isang katuwaan lamang at di sugal na nagkakaroon ng pustahan o **Piposta-án** na ginagawa ng mga taga-baba o yaong mga unat ayon sa impormante. Madalas makakarinig sa mga naglalaro ng ekspresyon tulas ng **Awtéh** na nangangahulugang “Diyos ko!” sa sobrang tuwa.



Larawan 20: Mga kabataan mula sa Kakilingan

Sistema ng batas at pagkamit ng hustisya

Ang **Langgad** ay ang pagbabayad sa ginawang kasalanan ng isang lalaki tulad ng pambabastos, **Matakaw** (magnakaw), Panghihipo, at **Mapací** (pumatay). Ang **Pilabunen** o pagsasamahin sa hukay kung sakaling nakapatay ang isang tao at di pumayag ang pamilya ng napatay sa areglo, kailangan siya maisama sa hukay o **Makipataladéh** ang nakagawa ng kasalanan.



Talahanayan 9: Sistemang Panghustisya ng mga katutubong Ayta Sambal Kakilingan

Pilabunen

Ayon sa panayam kay Perling Gabino (66 na taong gulang)

“...pag may nangyaring masama sa isa, hindi kailangan siya lang ang makaranas. Kailangan pati yung gumawa noon sa kanya, parusahan ng katulad sa naranasan noong isa. Maghukay iyan ng lupa, doon sila ilalagay pareho kung sakaling mamatay yung isa. Doon din papatayin yung nakagawa. Magkasama sila ililibing doon... Ganoon yung katutubong paraan talaga. Kapag nakapatay ka, papatayin ka rin.”

Naaiba ito sa Boghat na kung saan ang isang lalaki ay pinatay ang kanyang asawang babae dahil sa selos. Dahil dito nagtatago ang nakapatay at kung sakaling di mahanap ang nakapatay na asawang lalaki nagbanta ang pamilya ng babae na ang hahanapin o pagbabalingan ng hustisya ay ang pamilya, kamag-anak ng namatayan o ang kadugo niya.

Talasalitaan ng Ayta Sambal Kakilingan

Sambal Kakilingan

Kahulugan/Filipino

A

Ahawa

asawa

Alék

halik

Ampakán

pinapakain

Ampaghabóng

nagsasabong

Ampagtelék

nagiingay

Ampamatok

namamalo

Ampanakaw

nagnanakaw

Ampalotò

nagluluto

Anlabiyén

minamahal

Angkamací

namamatay

Apô

apo

Aw-amâ

mga tiyo

Awtéh

Diyos ko!

B

Bakà

baka (cow)

Babayi

babae

Baboy

baboy

Bakê

unggoy

Bagbág

kakahuyan

Balakwát

isang uri ng ibon

Balayl

balaE

Banhál

kasal

Bapà

tatay

Barák

bayawak

Bató
Baytan
Beyáh
Bi-ah
Biklát
boÒ
bowán
bowéd

K

kaén
kaba-án
kabaya
kaká
kahál
kamana
ko-ogan
karnE
kasalanan

kasondo-an
kawkamoko
kawkayo
keláh
kenà
kinarni

D

damwág
darà/dawdarà

E

eták

G

gahak
gatok

H

ha-a
habáw
hapà
hawóng
hawonghóng

I

indò

bato
silangan
bigas
bumbong (kawayan)
sawa
buho
bowan
bundok/burol

kanin
nobyono/bya
kuya/ate
ate, kuya
kasal
masasamng espiritu
ilog
karnE
kasalanan

kasunduan
dwende
punong-kahoy
guho ng lupa
ulam
kinatay

kalabaw
tiya/mga tiya

itak

kaingin
hundred

saging
sabaw
sapa
kubo
daan sa sapa

nanay

inilotò
iposta
istoryawén

niluto
ipusta
istoryahan

L

lakáy
lawlakáy

matandang lalaki
mga matatandang lalaki

M

makháw
ma-ekán
mag-ahawa
magatóh
mangan
mangangaho
mapací
mací
mato-á
mipostá
miyawhay

malakas
makakain
mag-asawa
isang daan
kumain
mangangaso
pumatay
mamatay
matanda
nagpustasah
binata

N

na-awog
naka-ahawa
nakagostó
nakalobáy
nakamací
nakikasondô
nakipag-istorya
nag-ahawa
nanabaw
napací

labak, lambak
nakapag-asawa
nagkagusto
nakabahag
nakamatay
nakaipagsundo
nakipag-istorya
nag-asawa
nagluto ng may sabaw
napatay

O

Oláng

hipon

P

Pahinga
Papò

palaka
apo

T

Talbeng

sayaw

Sambal Tina

Sa pag-aaral na ito, ang wikang Sambal Tina ay nabibilang na sa mga wika na tinatayang maglaho sa hinaharap bunsod ng mga salik panlipunan, pangkultura at pampolitika na nakaaapekto sa preserbasyon, paggamit, at pagpapaunlad nito. Ayon kay Alkalde Domingo Panganiban, ang sanhi ng unti-unting paglaho ng wika ay ayon na rin sa mga dumadaming migrante sa lugar. Sa kanyang obserbasyon, kakaunti na lamang ngayon ang mga taal sa naturang komunidad, at kung mayroon man, sila ay nakapag-asawa na ng Ilokano, Tagalog at Kapampangan. Dagdag pa niya, ang ilang mga mangingisda ay mga Bisaya na nakapag-asawa ng Sambal Tina at nagpasyang tumira na sa komunidad. Dahil dito sila ay napilitang magsalita ng wikang Filipino upang sila ay magkaintidihan. Ganito na rin ang naging sitwasyon sa mga sumunod na henerasyon na ang mga magulang ay nakapag-asawa ng di gumagamit ng katutubong Sambal Tina. Ang wika ng Sambal Tina ay sinasalita sa probinsiya ng Zambales sa mga munisipalidad ng Palauig, Masinloc, Candelaria at Sta. Cruz at ang ilan sa lalawigan ng Pangasinan (Infanta). Marami sa mga salita ng Sambal Tina ay nalalapit sa wikang Sambal Botolan.

Ang Sambal Tina ay may 14 na katinig at 3 patinig: a, b, k, d, g, h, i, j, k, l, m, n, ng, o, p, r, s, t, w. Mayroon ding *glottal stop* o paimpit at mga salitang may gitling tulad **Mag-atap** (mag-ingat). Ang tuldik sa wikang Sambal Tina ay mahalaga dahil ito ay nagbibigay ng mahalagang kahulugan sa salita. Ang mga halimbawang salita ay ayon sa sumusunod (Tingan ang Talahanayan 10: Paraan ng artikulasyon ng wikang Ayta Sambal Tina).⁵⁴

Talahanayan 10: Paraan ng Artikulasyon ng Ayta Sambal Tina	
Paraan ng artikulasyon	Halimbawang Salita
May tuldik na walang paimpit (<i>Final stress Without glottal stop</i>)	hala "dare you!"
Bahagyang may istres na malumanay at may tunog bago ang pinakahuli na walang paimpit (<i>penultimate stress without glottal stop</i>)	hala "horn"
Pinal – s na may paimpit (<i>final ~s with glottal stop</i>)	lak~ "many"
May tuldik na malumanay at tunog bago ang pinakahuli na may paimpit (<i>penultimate stress with glottal stop</i>)	lako "merchandise"

⁵⁴ Elgincolin, Goschnick at Elgincolin 1998. English-Tina Sambal-Pilipino. Summer Institute of Linguistics.

Kung ikokompara naman ang Sambal Botolan at Sambal Tina, mapapansin na ito ay may pagkakahawig sa Botolan maliban lang sa kaunting baryasyon nito: (Tingnan ang Talahanayan 11: Mga baryasyon at pagkakahawig ng mga salita sa Wikang Sambat Tina at Botolan)

Talahanayan 11: Mga baryasyon at pagkakahawig ng mga salita sa Wikang Sambat Tina at Botolan		
Tagalog	Sambal Tina	Sambal Botolan
Lalaki	la-la'-ki	la-la'-ki
Babae	ba-bay'-e	ba-bay'-e
Ulo	o'-lo	o'-lo
Buhok	sa-bot'	ha-bot'
Bibig	bo-bo'-y	bE-bE'-y
Mata	ma'-ta	ma'-ta
Ilong	a'-long	ba-loñg'-o
Ngipen	ni'-pen	ni'-pin
Dila	di'-la	di'-la
Taenga	to-tol'-yan	tu'-li
Braso	ta-ki-ay'	ta-ki-ay'
Paa	pa'-a	pa'-a
Dibdib	ke-lep'	nEb'-nEb
Likod	bo-kot'	bo-kot'
Binti	ay'-e	bi'-ti
Kamay	ga'-met	ga'-met
Daliri	ga-la-may'-e	ga-la-may'-e

Mapapansin na ang salitang “buhok” ay “sabot” sa Sambal Tina at sa Sambal Botolan naman ito ay “habot”. Ang pagkakaiba ay ang “h” at “s” tulad ng “aso” sa Tagalog at “aho” naman sa Sambal Botolan. Gayundin ang salitang “along” sa Sambal Iba “balongo” naman sa Sambal Botolan.⁵⁵

Mga Munisipalidad na gumagamit ng Wikang Sambal Tina

Ang mga Munisipalidad na mayroong gumagamit ng wikang Sambal Tina ay ang Palauig, Masinloc, Santa Cruz, at Candelaria. Ang mga napiling barangay ay ayon sa rekomendasyon ng Alkalde ng bayan ng Sta Cruz at Kapitang Barangay. Base sa kanilang rekomendasyon ang mga barangay Alwa sa Palauig, Purok Apitong sa Masinloc, barangay Tabalong ng munisipalidad ng Sta Cruz, at Brgy Uacon ay ang mga lugar na mayroong nagsasalita ng wikang Sambal Tina.

Munisipalidad ng Palauig

Isa sa mga bayan ng Zambales ang Palauig na napaliligiran ng mga bukirin at

⁵⁵ Guanzon, Ma.Teresa. “Ang Nawini ng mgaSambal Ayta ng Botolan, Zambales, at ang ‘Tawirang-pag-aakma ng Sarili’ Pagkatapos ng Pinatubo”. (Disertasyon Unibersidad ng Pilipinas Lungsod ng Quezon) 2007. Di pa inililimbag

isa rin sa pinakamalapit na lupa mula sa Panatag Shoal. Mayroon itong labing siyam (19) na barangay. Kabilang dito ang barangay **Alwa** na siyang napuntahan ng mga mananaliksik. Ang mga pangunahing wika na binibigkas ng mga taga-Palauig ay Sambal Tina, Ilokano at Filipino. Ang Palauig ay nagmula raw sa salitang Sambal na '**Manlawig**' na nangangahulugang, magpastol ng kalabaw. Sa malawak na bukirin ng Palauig, Zambales, nakapanayam sa isang talakayan ang tatlong magsasaka mula sa barangayng Alwa. Tinalakay ng mga magsasaka ang kani-kanilang mga karanasan ukol sa pagsasaka at maging ang terminolohiyang ginagamit nila sa pagsasaka.

Munisipalidad ng Masinloc

Ang Masinloc ang unang munisipalidad sa probinsiya ng Zambales. Ito ay isa sa mga naging tahanan ni Kapitan Juan de Salcedo sa kaniyang ginawang eksplorasyon sa Kanlurang Luzon noong 1572. (Municipality of Masinloc, 2017) ang tanyag na Scarborough Shoal (Pulo ng Panatag at Bajo de Masinlóc), ay matatagpuan sa loob ng teritoryo ng bayang ito. Dahil na rin sa agawan sa teritoryo, ang mga mangingisda ng Masinloc ay naiipit sa gulong hindi malayang mangisda malapit sa Scarborough Shoal (Etzler, 2013).

Sa pag-aaral na ito, napili ang **Purok Apitong** kung saan ang pangingisda ang pangunahing pinagkakakitahan ng mga tao sa komunidad.

Municipalidad ng Sta Cruz

Ayon sa sensus ng 2015, ang munisipalidad ng Sta. Cruz ay mayroong 58,151 katao.⁵⁶ Ang Tabalong ay isang barangay sa munisipalidad ng Santa Cruz. Ang populasyon nito ayon sa Sensus ng 2015 ay 593. Ito ay kumakatawan sa 1.02% ng kabuoang populasyon ng Santa Cruz. Matatagpuan sa barangay na ito ang mga mangingisda at ilang mga magsasaka, at ilang matatanda ay kasalukuyang nagsasalita na wikang Sambal Tina.

Munisipalidad ng Candelaria

Ang Candelaria ay isang munisipalidad sa baybayin sa lalawigan ng Zambales. Ang populasyon ayon sa sensus ng 2015 ay 27,174. Ito ay kumakatawan sa 4.60% ng kabuoang populasyon ng lalawigan ng Zambales, o 0.24% ng kabuoang populasyon ng rehiyon ng Gitnang Luzon. Isa sa barangay ng munisipalidad ng Candelaria ay ang barangay Uacon. Ayon sa sensus ng 2015 ito ay may tinatayang 3,471 katao. Ito ay kumakatawan sa 12.77% ng kabuoang populasyon ng Candelaria. Sa barangay na ito matatagpuan ang mga magsasaka at ilang mga mangingisda na gumagamit ng wikang Sambal Tina.

Sistemang Pangkabuhayan

Kilala mga Sambal Tina bilang mga mangingisda at magsasaka dahil na rin sa lokasyon ng kanilang lugar. Bunsod ng pakikihalubilo ng mga Sambal Tina sa mga gumagamit ng wikang Ilokonano, Pangalatok at Filipino, unti-unting nawawala o

⁵⁶ https://en.wikipedia.org/wiki/Santa_Cruz,_Zambales

nahahaluan ang mga terminolohiyang may kaugnayan sa pagpapakasal, transaksyon, politika at lalong lalo na sa larang ng pangingsda at pagsasaka. Ayon kay Mayor Domingo G. Panganiban, isinusulong niya ang pagtuturo ng wikang Sambal Tina sa paaralan upang matutuhan ng mga kabataan at di tuluyang mawala ang naturang wika. Sa mga naging obserbasyon, mangilan-ilan na lamang ang nagsasalita ng wikang ito at kadalasan ay yaong matatandang taal na lamang sa naturang lugar.

Nakatuon sa kabanatang ito ang paglalarawan ukol sapangingsda, pagsasaka at maging sa pamilya.

Pangingsda

Ang buhay ng isang **Maninilay** o mangingsda partikular na sa munisipalidad ng Masinloc ay nagsisimula ng madaling araw. Pagpatak ng alas kuwatro ng madaling araw, magbubukang liwayway pa lamang ay gumigising na ang mga mangingsda para maghanda sa buong araw ng pagpapalalaot. Pagkapatak ng alas-singko ng umaga, dapat ang mga mangingsda ay nasa laot na. Bandang alas-otso ng umaga sila ay magsisimula nang manghuli ng mga isda. Ito'y maaaring tumagal ng hanggang tanghali at madalas hanggang gabi.

Sa araw-araw na pagpapalaot ng mga mangingsda, may mga panahon na ang kanilang huli ay kulang pa sa pang-ulam sa buong araw ng kanilang pamilya. Mayroon din naman na panahon na lubos-lubos ang kanilang huli na mayroong pang-ulam at pambenta. Ang kanilang huli ay nakadepende sa panahon o **Panaón** at lagay ng karagatan o **Ambay**, lalo na kapag ito ay **Matinok** o **Malinak** (tahimik o mahinahon) at maraming bituin o **Bitoon**. Ang mga mangingsda ay malayang manghuli at di maramot/makasarili o **Mainglot**, kahit saan dahil walang konsepto ng teritoryo o puwesto sa laot kaya't hindi nagkakaroon ng gulo sa pagitan ng mga mangingsda. Ang lugar at layo ng laot ay nakadepende sa kapasidad ng bangka o **Balotong** na gamit ng mga mangingsda dahil habang lumalayo sa pangpang ang alon at hangin ay palakas nang palakas kung kaya't ang mga **Bangkang de Sagwan** o **Baloto na may bugsay** o may maliliit na motor ay hindi maaaring lumayo. Kapag ang *sagwan* o **Bugsay** lamang ang kanilang gamit sa pangingsda, sila ay inaabot ng dalawang oras sa pagpunta sa laot at malaking suliranin para sa kanila ang malakas na hangin at alon lalo na kung aabutan sila nito sa laot. Ayon sa mga nakapanayam, marami na rin ang naging kaso ng pagkawala sa laot dahil sa pakikipagsapalaran na mga mangingsda na maglayag sa laot. Iba't iba ang dahilan kung bakit marami pa ring naghihirap na mangingsda sa Masinloc; ito ay hindi dahil sa katamaran kundi sa kakulangan ng tulong mula sa mga kinauukulan dahil kulang ang kanilang kagamitan sa pangingsda. Ayon kina Ginoong Edwin at Nelson, ang mga mangingsda sa kanilang lugar ay walang sariling bangka at **Lambat** o **Taba** na siyang pinaka mahalagang gamit ng isang mangingsda. Madalas, sila ay napipilitang humiram o umarkila ng bangka at lambat, bumili ng gasolina at magpakain sa mga kasama. Bunga nito, malaki ang nababawas na kita na sana'y maiiuwi nila sa kani-kanilang pamilya.



Ayon sa mga kinapayam na sina Ginoong Edwin at Nelson sila ay hindi namimili ng klase ng isda na mahuhuli sa laot. Kung anong mahuli ng lambat, kumagat sa pain, at **Masalok gamit ng kawel**, iyon ang kanilang i-uwui. Subalit hindi naman nanghuhuli ng mga sobrang liit na isda dahil ang lambat na gamit ay mayroong malalaking butas na sapat lamang maka-huli ng mga tamang laking isda. Bukod diyan, ipinagbabawal ang maliliit na butas ng lambat dahil sa batas ng pangangisda na Republic Act No. 8550 kung saan hindi lalagpas ang sukat ng mesh o net na nasa tatlong sentimetro sa magkabilang dulo at kailangang naangkop sa batas ng ahensiya ng gobyerno. Ang lambat ay ginagamit kapag madilim sa gabi at di bilog ang buwan upang ito ay hindi nakikita ng mga isda. Hinahagis ito at iniilawan upang maakit ang mga isda sa liwanag at madaling mahuli.

Ayon sa kinapanayam, ang mga isdang mga nahuhuli ay kanilang pinaghihiwalay sa maliliit at sa malalaki. Ang mga malalaking isda ay kanilang ibinebenta na ipinambibili ng bigas, karne, at iba pa. Samantalang ang mga maliliit na isda ay kanilang inuulam para makatipid at bigas na lamang ang kailangang bilhin.

Samu't saring mga klase ng isda o **kóna** na maaaring ma-huli sa laot. Ang mga halimbawa nito ay ang mga sumusunod:

Talahanayan 12: Mga kóna o isda at iba pang lamang-dagat		
Pangalan ng Isda	Siyentipikong Pangalan	Paglalarawan o Katangian
Bisugo	Nimeptirus hexodon	Ito'y nahuhuli malalim na parte ng dagat at may dilaw na palikpik
Talakitok	Caranx Sexfaciatus	Maraming nahuhuli kapag tag-ulan.
Pusit Pula tinatawag ding Pusit Laot	Sthenoteuthis oualaniensis	Ito'y nahuhuli lamang sa gitna ng karagatan tuwing mayroong buwan.
Pusit Puti o tinatawag din na Pusit Tabi	Sepioteuthis lessoniana	Ito'y nahuhuli malapit sa pampang at maaari silang mahuli magmula hapon hangang kinagabihan, may buwan man o wala.
Talakitok	Caranx Sexfaciatus	Maraming nahuhuli kapag tag-ulan.
Tambakul o Bunging Mayubyob	Thunnus albacares	Ang mga isdang ito ay maliit at medyo madaling mahuli bagaman ang kanilang karne ay bahagyang magaspang.
Hipong suahe	Metapenaeus ensis	Madaling mahuli lalo na't kapag malalaki.
Kulapo o Kurapo – ILK	Selar crwnenophthalmus	Karaniwang ito ay may kulay pulang tuldok-tuldok sa buong ulo, katawan, at bilog na mga palikpik. Mas nakikita sa mababatong mga lugar sa baybayin kung saan maaaring madaling mahuli. Lumalaki hanggang sa 22 pulgada ang haba at depende sa panahon

<i>Baralite</i>	Thunnus albacares	Karaniwan ito sa mga taga-Zambales at madalas mahuhuli sa malalim na bahagi ng dagat
<i>Alimango</i>	Scylla serrata	Makikita sa malalim ng parte ng dagat.
<i>Alimasag</i>		Kadalasan makikita sa mababaw na parte ng dagat at ito ay mas maliit sa Alimango
<i>Tahong</i>	Perna viridis	Mababaw na lugar ng dagat nakakapit sa mga bato o itinanim na kawayan
<i>Basukol – Paganinang</i>	Elagatis bipinnulatus	Madalas makikita sa malalim na bahagi ng dagat
<i>Alumahan o ang Hasa-hasa</i>	Rastrelliger brachysomus /kanagurta	Madalas makikita sa malalim na bahagi ng dagat. Madalas marami at magkakasama ang isda na ito.
<i>Bonito o Tulingan</i>	Thunnidae	Kilala ito bilang ng makarel at matatagpuan sa mababaw na tubig sa baybaying dagat.
<i>Munamon o Dilis – ILK</i>	Engraulidae Stolephorus sp	Mura ang ganitong uri ng isda. Madalas ginagawang bagoong. Makikita ang mga isdang ito sa mababaw na mga parte ng dagat
<i>Mapuwaw o Matambaka</i>	Selar crumenophthalmus	Kadalasan makikita sa mga malalim ng parte ng dagat at marami ito lalo kapag tag-init at di bilog ang buwan
<i>Bilis o Bulis</i>	Thunnidae	Madalas makikita sa malalim na bahagi ng dagat
<i>Tamban</i>	Sardinella	Kadalasan makikita sa mga malalim ng parte

		ng dagat at marami ito lalo kung di bilog ang buwan at walang unos
<i>Sapsap</i>	Leiognathus	Ang ganitong uri ng isda ay karaniwang may malansa na katawan, maliliit na kaliskis, at malaki at pagpapahaba ng bibig. Sila ay lumalaki lamang sa ilalim ng anim na (6) pulgada ang haba. Kadalasan makikita sa mababaw parte ng baybaying dagat.
<i>Batalay o Dual</i>	Tylosurus strongylurus	Mahaba ang nguso at maraming ngipin na isda. Madalas nakikita sa mababaw na lugar ng dagat
<i>Anglat o Angrat</i>		Kadalasan makikita sa mga malalim ng parte ng dagat at marami ito lalo kapag tag-init at di bilog ang buwan
<i>Titong o Malaga</i>	Scatophagus argus	Ang isdang Titong ay kilala sa katangian nitong mabuhay sa dalawang uri ng tubig, ito ang alat at tabang. Ang isdang Titong ay di tumatagal sa malamig ng tubig, kung kaya't palipat tuwing nagbabago ang panahon.
<i>Dalagang bukid</i>	Caesio cuning	Kadalasan ito ay kulay pula at maputi ang laman. Makikita sa malalalim na bahagi ng dagat.

Mapapansin sa mga lamang-dagat na naitala, ilan dito ay sa mga wikang Pangasinan o Pangalatok, Ilokano, Filipino, at maging sa wikang Bisaya. Kaakibat nito ang iba't ibang terminolohiya, kataga't deskripsiyon sa iba't ibang uri ng gamit sa pangngisda na kung tawagin ay **Taga – Taga o Pangmingwit**.

Ang mga halimbawa nito ay ang **Ikot** o lambat at **Patoran - Báliwasan** na ginagamit panghuli ng maraming isda at mga lamang-dagat. Gumagamit sila ng *nylon* upang mamingwit ng mga isda. Ito ay kanilang inilulublob sa tubig at sila ay maghihintay na may kumagat na isda rito. Ang **Hila-Hila** naman ay ginagamit panghuli ng isda ngunit ito naman ay inilalaylay sa tubig habang gumagalaw ang bangka. Sa paghuli ng mga **Pusit Tabi**, sila ay gumagamit ng **Hipon- Hipon** kung saan inilulublob din nila ang tali na mayroong **Pekeng Hipon** at dito naaakit at didikit ang mga pusit tabi. Ang huli ay ang **Kawil** na ginagamit pangkuha ng hipon. Ang **kawil** ay ginagamit kapag panahon ng bagyo na di hindi makalaot (tingnan ang mga larawan sa ibaba). Ang ilan pupunta lamang sa dalampasigan at mangunguha ng **Opyang Batotoy** (shell) bilang pang-ulam o sagip-tiyan.

Ayon kay Gng. si Christina, 60 taong gulang:

Ang aking pagkaintidi, ang mga mangngisda dito ay gumagamit pangsalok para sa pusit at hook para sa pang-bonjing, ito yung mga malalaking isda. Mayroon din silang maliit na net para naman sa mga dilis. Yung kitang naman ay yung maraming hook ang nahuhuli naman nito ay ang Maya-maya at Talakitok. Ang Lapu-lapu at Tikilya ay parang style na Loro kaso bibihira na yan ngayon dito. Ang madalas ay yang Tuna. Sa tubig tabang naman madalas mayroon doong Maya-Maya na tinatawag nilang Kilong-Kilong, Sap-sap, Giris yung ginagawang toyo. Mayroon din namang talangka, depende din sa gamit. Minsan nakakahuli sila ng Alingasín o Mallet kung tawagin.

Sa pangngisda may mga ilang preparasyon at hakbang na dapat nilang sundan. Para naman sa mga mangngisda ng Purok Apitong, sila ay titingin mula sa mga bituin upang malaman ang oras kapag gabi. Kapag tumagilid naman ang **Balde** o mas kilalang *big dipper*, ito ay nangangahulugang paumaga na. Kapag sa tantya naman ng panahon, pinapakinggan muna ng mga mangngisda ang alon ng tubig. Kapag ito raw ay maingay, sila ay hindi na muna tutuloy sa pangngisda. May pagkakataon na sila ay naabutan ng sama ng panahon sa gitna ng dagat, sila ay babalik agad upang makaiwas sa anumang aksidente. Iba't ibang gamit sa pangngisda ito ay ang banka, sagwan, motor para sa banka at **Panti** naman para sa panghuli ng mga isda. Ang kanilang panghuhuli ay naayon sa oras at kalagayan ng buwan. Kalimitang gawain ng mga mangngisda sa naturang komunidad ay gigising sa umaga mga (4nu) o alas kwatro ng umaga, aalis ng bahay mga (5nu) ala-singko, dadating sa laot ng (8nu) alas otso ng umaga at mananatili doon hanggang alas onse ng tanghali, at mga ala-una (1nh) sila ay uuwi na. Kadalasan ang ganitong sistema ng pangngisda ay para sa pagkaing pamilya lamang. Kung para sa bentahan naman, sila ay kailangang pumalaot ng gabi at ang balik ay kinaumagahan na.

Ang pagtitinda at **Paglalakò** ng huli ng mga mangngisda, kadalasan ito ay nakaatang kani-kanilang mga asawang babae. Ayon kay Gng. Arlene ay isang tintera na nagbebenta ng **Talakitok** (*Caranx ignobilis*), at ang **Bisugo** (*Nemipterus virgatus*). Ang **Alimango** (*Scylla serrata*) naman ay nabebenta ng PHP250.00 kada kilo at ganoon din ang hipon. Dagdag pa rito, mayroon din silang **Pingka** o kilala bilang Espada (sword fish) (*Xiphaia gladius*), isang mahaba at malaking isda na na kulay itim at

matulis ang nguso.

Ayon kay Gng. Felicitas 72 taong gulang, kung tutuusin aniya, mahal ang bentahan nila dahil sa napakahirap mangisda sa panahon ngayon, aniya. Kaya ang ilang mga mangingisda ay nagta-tricycle, nag-aalaga ng mga manok. Bibihira lamang ang pag-aalaga ng baboy dahil ito ay ma-amoy at nakakasama sa kalusugan ng mga bata. Kung wala na talaga, ang ilan ay vendors, nag-aangkat na lamang ng isda sa ibang Mapapansin sa mga lamang-dagat na naitala, ilan dito ay sa mga wikang Pangasinan o Pangalatok, Ilokano, Filipino, at maging sa wikang Bisaya. Kaakibat nito ang iba't ibang terminolohiya, kataga't deskripsiyon sa iba't ibang uri ng gamit sa pangangisda na kung tawagin ay **Taga – Taga o Pangmingwit**.

Ang mga halimbawa nito ay ang **Ikot** o lambat at **Patoran - Báliwasan** na ginagamit panghuli ng maraming isda at mga lamang-dagat. Gumagamit sila ng *nylon* upang mamingwit ng mga isda. Ito ay kanilang inilulublob sa tubig at sila ay maghihintay na may kumagat na isda rito. Ang **Hila-Hila** naman ay ginagamit panghuli ng isda ngunit ito naman ay inilalaylay sa tubig habang gumagalaw ang bangka. Sa paghuli ng mga **Pusit Tabi**, sila ay gumagamit ng **Hipon- Hipon** kung saan inilulublob din nila ang tali na mayroong **Pekeng Hipon** at dito naaakit at didikit ang mga pusit tabi. Ang huli ay ang **Kawil** na ginagamit pangkuha ng hipon. Ang **kawil** ay ginagamit kapag panahon ng bagyo na di hindi makalaot (tingnan ang mga larawan sa ibaba). Ang ilan pupunta lamang sa dalampasigan at mangunguha ng **Opyang Batotoy** (shell) bilang pang-ulam o sagip-tiyan.

Ayon sa Gng. si Christina, 60 taong gulang:

Ang aking pagkaintidi, ang mga mangingisda dito ay gumagamit pangsalok para sa pusit at hook para sa pang-bonjing, ito yung mga malalaking isda. Mayroon din silang maliit na net para naman sa mga dilis. Yung kitang naman ay yung maraming hook ang nahuhuli naman nito ay ang Maya-maya at Talakitok. Ang Lapu-lapu at Tikilya ay parang style na Loro kaso bibihira na yan ngayon dito. Ang madalas ay yang Tuna. Sa tubig tabang naman madalas mayroon doong Maya-Maya na tinatawag nilang Kilong-Kilong, Sap-sap, Giris yung ginagawang toyo. Mayroon din namang talangka, depende din sa gamit. Minsan nakakahuli sila ng Alingasín o Mallet kung tawagin.

Sa pangangisda may mga ilang preparasyon at hakbang na dapat nilang sundan. Para naman sa mga mangingisda ng Purok Apitong, sila ay titingin mula sa mga bituin upang malaman ang oras kapag gabi. Kapag tumagilid naman ang **Balde** o mas kilalang *big dipper*, ito ay nangangahulugang paumaga na. Kapag sa tantya naman ng panahon, pinapakinggan muna ng mga mangingisda ang alon ng tubig. Kapag ito raw ay maingay, sila ay hindi na muna tutuloy sa pangangisda. May pagkakataon na sila ay naabutan ng sama ng panahon sa gitna ng dagat, sila ay babalik agad upang makaiwas sa anumang aksidente. Iba't ibang gamit sa pangangisda ito ay ang banka, sagwan, motor para sa banka at **Panti** naman para sa panghuli ng mga isda. Ang kanilang panghuhuli ay naayon sa oras at kalagayan ng buwan. Kalimitang gawain ng mga mangingisda sa naturang komunidad ay gigising sa umaga mga (4nu) o alas kwatro ng umaga, aalis ng bahay mga (5nu) ala-singko, dadating sa laot ng (8nu) alas otso ng umaga at mananatili doon hanggang alas onse ng tanghali, at mga ala-una (1nh) sila ay uuwi na. Kadalasan ang ganitong sistema ng pangangisda ay para sa pagkaing pamilya lamang. Kung para sa bentahan naman, sila ay kailangang pumalaot ng gabi at ang balik ay kinaumagahan na.

Ang pagtitinda at **Paglalakò** ng huli ng mga mangingisda, kadalasan ito ay nakaatang kani-kanilang mga asawang babae. Ayon kay Gng. Arlene ay isang tindera na nagbebenta ng **Talakitok** (*Caranx ignobilis*), at ang **Bisugo** (*Nemipterus virgatus*). Ang **Alimango** (*Scylla serrata*) naman ay nabebenta ng PHP250.00 kada kilo at ganoon din ang hipon. Dagdag pa rito, mayroon din silang **Pingka** o kilala bilang Espada (*sword fish*) (*Xiphaia gladius*), isang mahaba at malaking isda na na kulay itim at matulis ang nguso.

Ayon kay Gng. Felicitas 72 taong gulang, kung tutuusin niya, mahal ang bentahan nila dahil sa napakahirap mangisda sa panahon ngayon. Kaya ang ilang mga mangingisda ay nagta-tricycle, nag-aalaga ng mga manok. Bibihira lamang ang pag-aalaga ng baboy dahil ito ay ma-amoy at nakakasama sa kalusugan ng mga bata. Kung wala na talaga, ang ilang vendors ay nag-aangkat na lamang ng isda sa iba.

Bagamat ang ganitong trabaho ay itinuturing na mahirap at buwis buhay, para sa kanila hindi pa rin maiaalis ang pagsunod sa ritwal sa paniniwalang ito ang magiging daan upang maging masagana, matiwasay at ligtas ang kanilang pangingisda. Ang tawag nila rito ay **Patingting** kung saan sila ay tumatawag ng isang **Mandadasal** upang dasalan ang banka. Bukod pa ryan sila rin ay naghahanda upang pakainin ang mga bisita lalo na ang mga bata't matanda bago lalaot ang banka. Isa na rito ang **Bilobilo** isang kakanin na ipapakain sa mga lumahok ng ritwal at siyang isasabit sa bagong papalaot na banka. Dagdag pa rito, sila rin ay magsasabit ng suman sa kanilang katid, sumisimbolo ito ng masaganang huli. Pagdating ng umaga nang pumalaot na bangka, ito ay sasalubungin ng mga bata upang kuhanin ang suman na nagsisilbing parang nahuling isda. Gayundin sila ay magsasaboy ng pera upang isasabuhay ang pagbili ng kanilang huli. Bukod pa sa ritwal na nabanggit, mayroon din silang parada ng mga banka na ginaganap taon-taon.

Ayon sa ilang impormante bagamat bibihira na ang ilang **Namamalakaya** o mangingisda, ang kadalasang ginagawa ng ibang walang mahuli ay nanghuhuli na lang ng pusit na marami-rami sa kanilang lugar. Bagamat aminado sila na marami na ang nagtatrabaho sa Maynila at ibang bansa bilang nars, construction worker, pulis, at ang ilan ay engineer pa bunsod na rin sa walang kasiguraduhang buhay bilang mangingisda.

Pagtatanim

Ayon sa mga nakapanayam, ang **Mamalbawat** (pagtatanim, pagkasaka o pagbubukid), ang pangunahing pinagkukunan ng ikinabubuhay sa Munisipalidad ng Palauig, Zambales. Nagsisimula ang proseso ng pagtatanim sa Enero kung saan lilinisin ang lupa na siyangtatamnan at ito ay magtatagal hanggang Abril, depende sa lawak ng lupain. Bago **Ilibing** o **Itanim** ang mga **Palakay** (punla o binhi), inaararo o **Hokalon Nin Lotá**, o bubungkalin (**Paalibantawon**) ang lupa gamit ang pang-araro na hila-hila ng **Damulag** o kalabaw ngunit maaari rin itong manu-manong araruhin gamit ang asarol, bareta, o maliit na pala. Ginagawa ang prosesong ito upang ang abono o pataba sa ilalim ng lupa ay **Mairambol**; na siyang magdadala ng masaganang ani. Pagkatapos maararo ang lupa, sunod nito ay papatagin at tataniman na ng mga binhi. Umaasa lamang ang mga nagtatanim sa ulan upang madiligan ang kanilang pananim dahil walang irigasyon sa kanilang komunidad lalo na at sa bundok matatagpuan ang lugar kung saan sila nagtatanim.

Ang karaniwang iskedyul ng pagtatanim o **Mangmola** o **Iloloh** (itusok sa lupa ang binhi) ay ang sumusunod: Enero - kamoteng kahoy at baging; Pebrero – gábi;

Mayo - mais at iba pa. Pagkatapos ng ilang buwang ito ay aanihin o **Manglapót/Mangapas** na ang mga itinanim sa sumusunod na buwan: Agosto - mais at kamoteng kahoy; Setyembre o Oktubre - gábi; Disyembre - papaya; at tuwing Marso, kamoteng baging. Bukod sa mga nabanggit marami pang itinatanim ang mga nasa Brgy. Bakuli gaya ng luya, patola, kalabasa, okra, sitaw, saging na saba, saging na latundan, sigarilyas, patani, at tugula. Sila rin ay nagtatanim ng mga puno tulad ng mangga, santol, at kasoy.

May mga ritwal at **Pamimi-pol** o paniniwala sa pagtatanim ang mga taga-Bakuli bago o pagkatapos **Manglapot o Mag-ani**; tulad ng pag-aalay ng tubig sa bukid, pagdadala ng unang bunga ng mga puno sa simbahan, at pag-aalay ng parte ng ani. Ito ay ginagawa upang magkaroon ng masaganang ani. Para naman sa mga taga-Bakuli ang dasal nila ay tinatawag na **Alawa o Naatawa** para makaiwas sa sakuna at manatiling ligtas mula sa kalamidad na siyang tinatawag nilang kalaban.

Ayon kay Ginang Flora Espanol – 74 taong gulang

Noong buhay pa ang mga magulang namin kapag naani na ang palay, umaakyat ang mga magulang namin sa bukid tapos sila ay nagdadala ng mga kakanin at sila ang nagpapasamalamat. Subalit sa ngayon madalang na ang ganitong gawain dahil modernize na nga at hindi na naniniwala sa mga pamahiin.

Taong 2018, ang mga pananim na kanilang naani ay naibebenta sa sumusunod na halaga: Gabi - 40 pesos kada kilo, Luya - 80 pesos kada kilo, Patola 60 pesos kada kilo, Kalabasa - 10 pesos kada hiwa, 70 pesos na buong kalabasa kapag maliit at 100 pesos kapag malaki, Mais - 20 pesos kada kilo, Papaya - 20-30 pesos kada piraso, Kamoteng Kahoy - 20 pesos kada supot, Kamoteng Baging - 30 pesos kada kilo, Sitaw - 10 pesos kada bigkis, Patola - 20 pesos kapag malaki at 10 pesos kapag maliit - 20/pc, maliit - 10/pc.

Bukod sa pagtatanim, sila rin ay nangingisda. Ang mga mangingisda sa Brgy. Bakuli ay gumagamit ng pamamaraang pangongoryente upang makahuli ng hipon na kung tawagin ay **Suwahi** at mga maliliit na isda. Kapag walang maitanim at mahirap manghuli dahil sa bagyo at patuloy na ulan, ang ilang mga kakalakihan ay pumapasok bilang trabahador upang magkaroon ng dagdag na pagkakakitaan at ang ilang mga kabataan na ngayon ay ayaw na magsaka sa bukid.

Ayon kay Ginoong Godioso – 63, na taong gulang

“Karamihan ng mga tagarito ay parang ayaw na magsaka, Nagpupunta na sila sa syudad. Ayaw nilang maputikan ang kanilang mga katawan at gusto nila sila ay laging nakasapatos.”

Ang iba naman ay nagpapatubo ng punla ng puno ng **Awre at Mahogany** na kanilang naibebenta sa halagang lima (5) hanggang siyam (9) pesos kapag ito ay malaki. Dati, mayroong mga gumagawa ng **Paná, Pito**, at **Plauta** ngunit tumigil na dahil wala nang nagbebenta at wala nang oras sa paggawa. Sa ngayon, walis tambo at basket na lamang ang ginagawa ng ilang mga taga-Bakuli. Ang mga ito ay naibebenta sa halagang isang daan at limampung (PHP150.00) piso, dalawang daan at limampu (PHP250.00) pesos sa basket, depende sa yari at sa laki nito. Samantala ang walis tambo naman ay naibebenta sa halagang isang daan (PHP100.00) pesos hanggang dalawang-daan (PHP200.00) pesos depende sa kapal. Ang mga likhang-kamay na ito ay

naibebenta sa bayan o inilalako at minsan naman ay may umoorder ng mga ito.

Nag-aalaga rin ng sari-saring hayop ang mga nakapanayam tulad ng baboy, manok, pato, at kalabaw na kanilang kinakain para hindi na bumili at ang ilan ay ibinebenta ang kanilang mga alagang hayop. Nagbebenta na rin ng *hotcake* at *bananacue* ang mga nakapanayam sa halagang limampiso (5) pesos sa isang piraso. Anila, dahil sa hirap ng buhay, may mga kamag-anak at kakilala na ring nangibang bansa at doon magtabaho.

Sa kabuoan, malaking parte ng sistemang pangkabuhayan sa Munisipalidad ng Palauig ay nakadepende sa pagtatanim. Bagama't hindi pare-pareho ang kinikita ng bawat pamilya, masasabing maayos naman ang estado ng karamihan sa lugar. Pantay-pantay din ang pagtrato ng bawat isa sa komunidad.

Ang mga hakbang sa pagsasaka ay nagsisimula sa pagpili ng magandang binhi at paghahanda ng lupa. Para naman sa mga taga-Palauig, ito naman ay naaayon sa irigasyon at pagkakaroon ng sapat na tubig upang mabuhay ang mga pananim o ang kanilang bukirin. Isa ito sa mga malaking suliranin na hinaharap ng mga magsasaka ng Alwa. Sila ay umaasa lamang sa tubig ulan na kanilang isinasahod. Sa pagbaba ng unang patak ng ulan, sisimulan na ang paglilinis ng **Buat** o na mas kilala bilang bukid. Sa simula pa lamang ng ulan, simula na rin ito ng paglilinis ng **buat**. Masasabi na ang pinakamaagang paglilinis ay sa buwan ng Mayo ngunit madalas nangyayari ito tuwing Hunyo sa kadahilanang umaasa sila sa **Pagsahod ng habagat** o pagsasahod ng ulan. Dahil para sa mga magsasaka, ang **Luta** (lupa) ay tuyo at **Matibóy** o matigas at kung wala pang ulan ito ay hindi magandang taniman. Ang mga luta ayon sa mga kinapanayam ay mayroong dalawang klase na siyang ginagamit sa pagsasaka. Ito ay tinatawag na **Kariker** at **Buyangi**. Parehong ginagamit sa pagbungkal ng lupa at pag-aalis ng mga damo sa bukid.

Iba't ibang uri ng **Buya** o bigas ang kadalasang itinatanim sa Zambales, ito ay ang Triple 2 at ang C1-1000. Mayroong pagkakaiba ito sa dalawang uring nabanggit. Ang Triple 2 ay **matiboy** o matigas na itinatanim tuwing Hunyo upang umabot ito sa wastong gulang na dalawampung apat (24) hanggang dalawampung-lima (25) na araw, samantalang ang C1-1000 naman ay **Maduna ya** o malambot ang mga butil. Ang Triple 2 rin ay **Mabihat** sa kilo o mabigat sa kilo kompara sa kaysa sa iba pang mga uri ng bigas. Para sa kanilang magsasaka ito ay magandang kita dahil sa bigat kapag kinikilo. Ang RC-18 na isang uri na palay ay inilalarawan bilang magandang ani kapag tag-ulan ngunit angkop sa sobra pagbaha ng tubig sa palayan. At ang panghuli ay ang RC-14 na umaabot ng isang daan mahigit ang araw bago anihin. Ang klase ng bigas na ito ay kinakaya ang pagbago-bago ng panahon lalo na kapag tagtuyot. Para sa mga kinapanayam, magandang uri ito lalo na at sila ay umaasa lamang sa sahod ulan.

Magkaiba man ang tigas ng mga butil ng bigas na nabanggit ay pareho lang naman sila ng proseso ng pagtatanim at pag-aalaga. Dati ay mayroong dalawa pang uri ng bigas ang itinatanim ng pamilya bukod sa mga nabanggit ngunit itinigil nila ang pagtatanim dito dahil mas mahal ang mga ito sapagkat hybrid ang kanilang uri. Noon ay nagtatanim rin sila ng Brigante at SS-8 na hybrid na uri ng bigas pero dahil mas mahal ang punla at mas alagang ang mga ito kaysa sa Triple 2 at C1-1000 ay kaya naman tumigil sila. Nandyan din ang Wagwag, R5, at C4, na kung saan nagkakaiba sa katangian ng butil. Ang mga butil ng bigas na Wagwag ay malaki, ang sa R5 naman ay mahaba, at ang sa C4 naman ay pabilog ang hugis. Isang yunit ng panukat na ginagamit nila ay ang tersya kung saan ang tatlong tersya ay may katumbas na isang kaban o 35 kilo.

Sa pagtatanim ng punla, ito ay hiwa-hiwalay. Anila, ang isang **Pitak** ay isang klase o varayti. Ang desisyon sa kung anong varayti ang itatanim ay nakadepende sa kung ano

ang mas babagay sa lupa, at kung ano ang mas angkop sa panahon. Halimbawa sa paghihintay ng sahod ulan o **Halot habagat**, ang pagtatanim ay mangyayari sa panahon ng Hulyo.

Sa proseso ng paglilinis ng **Buat** (bukid), ito ay sinisimulan ng pag-aararo ng **buat**. Karamihan sa mga magsasaka ay wala nang isinasagawang ritwal bago magtanim. Ngunit mayroon pa rin na nagsasagawa ng **Pag-aatang**. Ang **pag-aatang** ay mga ritwal na isinasagawa sa pamamagitan ng pagpatay ng manok at matapos nito ay iiwan ito sa bukid at ikakalat sa lupa ang dugo. Magbibigay din sila ng malagkit na kakainin at alak. Ito ay ginagawa para raw sila ay biyayaan. Bagamat kadalasan sila ay umaasa sa biyaya ng Panginoon. Mayroon din silang mga paniniwala na hindi pinagtatanim ang mga buntis na tinatawag nilang **Buktot** at ang mga babaeng rinereglá o sa Sambal ay **Andayaon/Andayain**. Pinaniniwalaang ang mga babaeng nasa ganitong kalagayan ay mainit ang katawan na nagiging dahilan ito sa pagkamatay ng mga sa palay at at iba pang pananim kapag ito ay nahahawakan.

Bibihira na ang may alagang Damulag ang mga mag-sasaka. Madalas sila ay gumagamit na ng kuliglig para araruhin ang lupa, muling ililipat ang mga **Pale** (tumubong palay), na siyang namang **Pagtanom yay Palay** (itanim) sa lupa. Matapos ng tatlo hanggang apat (4) na buwan ay maaari nang anihin ang tumubong palay saka ito ibibilad o **Ingangawngaw sa araw**. Ang mga magsasaka ay gumagamit ng abono pampataba ng luta (lupa), para hindi na rin madapuaan ng mga insekto o masira ng mga peste o **Binirani** at **U'lol** (uod) ang kanilang pananim o **pananom**.

Ang bukid ay dapat alagaan nang mabuti upang ang lupa nito ay masaganang magbunga. Para sa mga taga-Alwa, mayroong tatlong pangunahing klasipikasyon ng luta o lupa: **Matibya**, **Mangitit**, at **Malagkit**. Ang lupang **Matibya** ay mapula ang kulay. Buhanginan ang klase ng lupang **Matibya** at hindi magandang pagtamnan. Ang **Magitit** na lupa naman ay maitim ang kulay. Ang lupang itim na malagkit, ayon sa kanila, ay ang pinakamagandang uri ng lupa para pagtaniman. Isa pang klasipikasyon ng lupa ay ang **Makarorikir** kung saan ito ay binubuo ng maliliit na bato. Hindi inirerekomenda na magtanim sa ganitong klase ng lupa dahil mahina ang ani dito sapagkat maluwang ang kapit ng lupa sa itanim.

Kapag ang bukid ay natapos na maararo, sisimulan na itanim ang punla. Nasa isang buwan na nakatanim ang punla. Kapag ito ay tumaas na ng isang dangkal, ito ay ililipat na. Nakadepende ang paglaki ng punla sa ulan o sa panahon.

Ayon sa mga magsasaka, matapos mailipat ang mga pananim, kinakailangan na ang **Pagkuliglig**. Ang pagkuliglig ay ang pagdudurog ng lupa. Sa pagkuliglig, madalas ang mga nakapanayam ay umuupa sa mga magsasaka na may kuliglig dahil sila ay walang kapasidad bumili ng makina. Madalas na inaabot ng dalawang daan (Php200.00) kada oras ang **Pagkuliglig**. Kung susumahin, sa isang ektarya umaabot ng sampung oras, at ang binabayaran ay nasa mga dalawang libo. Dahil sa kakulangan sa **Damulag** o tinatawag na kalabaw at makina, napipilitang umasa sa mga may ganitong sistema, bagaman alam ng mga magsasaka na ito ay malaking kawalan sa kanila.

Kapag natapos na ang pagkukuliglig, muling ililipat ang mga tanim. Sa wikang Sambal Tina tinatawag itong, **Mamatanum** o lipat tanim. Binubunot nila ang palay at huhugasan ito upang mas mabilis na ang paghihiwalay sa mga ito. Tinatawag itong **Pamaginit**. Ang mga **Giik** (dayami) ay iipunin at ipapahila sa damulag. Sa sampung kaban ay isang sako ng palay. Ang kanilang pag-aani ay madalas nangyayari sa buwan ng Oktubre. Ayon sa nakapanayam, sila ay hindi gumagamit ng makina para sa palay dahil ayon sa kanilang kalkula mas kakaunti ang palay na lumalabas dito. Pagkatapos maihiwalay ang palay, ito naman ay kanilang ibibilad sa semento o sa kalsada. Madalas na kumukuha ng trabahador at binabayaran ng dalawang daan at limampung piso (PHP

250.00) kada araw kasama rito ang pagkain. Bukod dito kumukuha rin ng trabahador upang magbunot at magtanim.

Iba't iba ang tawag sa ilang parte ng palay. Isang halimbawa nito ay dahon ng palay na kung tawagin ay **Pamatagay**. Ang ugat naman ay tinatawag na **Uyat**. **Buktot** naman ang tawag sa pagbubuntis ng palay. **Apa** naman ang tawag sa bunga at ang bigas naman ay tinatawag na **Buya**. Ang paggapas o gapasin naman ay tinatawag nilang **Yapahon** at **Tarum** naman ang tawag sa pang-gapas.

Naikuwento rin ng mga impormanteng magsasaka ang kanilang mga suliranin na kinakaharap ukol sa pera. Ilang taon na rin daw na lugi ang maraming magsasaka sa kanilang barangay. Ayon sa kanila, iba't iba ang itinuturing ng mga dahilan ng pagkalugi at isa na rito ay ang hindi maiprediktang panahon. Maraming beses na nasisira ang pananim dahil sa pagbabago ng panahon. Kapag tinatamaan ng bagyo o ng habagat o kaya naman kapag kulang sa tubig ulan o **Taglayop** (tagtuyot). Sa ginawang pagkukuwenta ng mga impormante, madalas sila raw ay kumukuha ng tatlumpu't limang trabahador upang magtanim. Ang isang **Balitang** ay kapareho ng $\frac{3}{4}$ na ektarya ng lupa or nasa 6025 sqm. Sa isang ektarya na may labing anim na **Luwang** (dalawampu't limang kilometro kwadrado), mangangailangan ito ng humigit kumulang labing dalawang libong piso (PHP12,000.00). Ang dalawang-daang at limampu (PHP250.00) dito ay ang bayad sa mga trabahador at ang mahigit kumulang PHP25,000 naman ang ginagastos ng mga magsasaka. Ito ay naayon sa laki ng lupa, at kapag nagkagayon mas mahal pa ang upa. Dagdag pa ryan ang pagbili ng abono ay nagkakahalaga ng isang libo at dalawang daang (PhP1200) piso. Kaya naman ang kanilang paraan para mabuhay ay ang pag-utang at sa araw ng bayaran kakarampot na lamang ang natitira sa kanilang inaasahang pinagkakakitahan.

Sa paghahanapbuhay na ganito, parte ng kanilang laban ay ang lumapit sa mga **Takalanan**. Ang mga takalanan ay ang proseso ng pangungutang o pagbali. Ito ay isinasagawa upang magkaroon ng kapital sa mga itatanim. Ang magsasaka ay utang ng pera sa **takalanan** at upang mabayaran ang utang na ito, kanilang ibabayad ang mga palay na kanilang naani. Ang presyuhan ng palay ay nasa labing-pito hanggang dalawampu (17-20 piso) kada kilo. Halimbawa, kung ang isa ay may utang na isang libong (P1,000) piso, kinakailangan na magbigay ng labing limang (50) kilong palay ang magsasaka bilang bayad sa kanyang inutang. Sa sistemang ito, ikinalungkot nila, na sa tagal ng panahon ay hindi na raw nagtaas pa ang presyuhan ng palay kada kilo. Bunsod na rin ito malaking suliranin na kanilang kinahaharap ang kawalan ng tubig o irigasyon sa kanilang lugar. Kung sila ay may patubig, mas marami ang ani, kapag maraming ani maraming kita. Kung mayroon tulong mula sa gobyerno, ito ay ang 4Ps na nakakatulong gumaan ng kaunti ang kanilang buhay.

Ang mga miyembro ng kanilang pamilya ay nagtutulungan sa mga gawain sa bukid upang mas mapadali ang trabaho at mas mabilis silang makatapos. Dahil walang **Damulog** o kalabaw ang pamilya, mas napapatagal ang oras na nilalaan nila sa pagtatrabaho sa bukid. Ang pamilya ay nagsisimula magtanim ng alas-otso ng umaga at matatapos ng alas-singko ng hapon. May oras ng pahinga sila tuwing tanghali kung saan ay nagpapahinga sila pagpatak ng alas-onse saka na lang babalik muli sa bukid ng ala-una ng tanghali. Ibinahagi naman ni Gng. Ponsing isang magsasaka, noong kabataan pa siya nag-uumpisa na sila magtrabaho sa bukid. Dati rin daw ay nagbabayad pa sila ng 25 sentimos para sa upa. Ang kanilang pamilya ang unang nagsaka sa bukid nila ngayon. Dahil tinuruan sa lahat ng gawain si Gng. Ponsing ay ganoon din ang kanyang pagturo sa kanyang mga anak at apo. Walang nakatakdang gawain ang ibinibigay sa mga babae o lalaki lamang, basta ay kaya nilang gawin ang

mga ito. Isang halimbawa nito ay si Gng. Edna , ang anak ni Gng. Ponsing, siya ay nagtatanim na sa kanilang bukid bago pa man siya maging sampung taong gulang.

Para sa kanilang pamilya, napakahalaga ng pagsasaka dahil dito nakasalalay ang kanilang buhay. Ito ang kanilang pangunahing hanapbuhay pati na rin ang pinagkukunan nila ng pangkain sa araw-araw. Gayon pa man, datapwa't nakadepende sila sa pagsasaka para mabuhay, patuloy pa ring hindi naririnig ng mga kinauukulan ang kanilang mga hinaing at paghihirap na kanilang nararanasan sa bukid. Ayon nga kay Gng. Margie Heleran na isang ring magsasaka ay kumakapit na sa patalim upang mabuhay. Isa sa mga hinaing ng mga magsasaka ay ang pagkakaroon ng sistema ng irigasyon para sa kanilang bukid sapagkat nakasalalay lamang sila sa sahod-ulan upang mabigyan ng tubig ang kanilang palay na pananim. Dahil sa kawalan ng sistema ng irigasyon, gustuhin man nilang magtanim ng iba pang mga gulay tuwing hindi panahon ng palay ay hindi nila ito magawa dulot ng kakulangan sa tubig. Pati ang panahon ng kanilang pagtanim ng palay ay nauudlot din dahil maaari lamang nila ito gawin tuwing tag-ulan. Ngayong taon ng 2018 pa lamang ay nausog na sa itinakdang buwan dapat ang pagtanim ng palay dahil matagal ang panahon ng **Mahinlanum** o tagtuyo buhat ng *climate change*. Sa gayon ay lalong nawalan ng regular na pinagkakakuhanan ng kita ang pamilya. Dahil hindi makapagtanim ang pamilya kung walang ulan, ang kanilang pinagkukuhanan ng hanapbuhay ay pangangahoy. **Mangayo** ang salin sa kanilang wika ng salitang *mangahoy*. Sa kakahuyan na nakapalibot sa kanilang bukid, may limang uri ng panindang **Uhay** o kahoy ang naroroon: ang **Mulawin, Duhat, Balinghay, Malahabi, at Paninglong**. Ang kahoy ng **Mulawin** ay matibog at maganda gawingbaga, samantalang ang mga kahoy ng **Duhat** at **Balingay** naman ay madingas. Maaari namang kainin ang bunga ng punong **Paninglong**. Noong panahon na may mga puno ng Mahogany at Milena sa kakahuyan nila. Ang troso nitong dalawang uri ng puno ay dating **Nilalako** o binebenta ng kanilang pamilya na ginagamit rin sa panggawa ng bahay.

Ang kahoy mula sa puno ng Mahogany ay inaabot ng sampung taon bago ito matroso. Subalit napakaganda naman ng kalidad nito sapagkat hindi ito inaany. Maganda rin ang kulay nito dahil mapula ang kahoy nito. Sabi nga ni Gng. Benigno Delasrigas, madalas ang mga pinto sa bahay ng mga mayayaman at yari sa kahoy ng puno ng Mahogani. Ang Milena naman ay hindi tulad ng Mahogany sapagkat saglit na panahon lamang ang kinakailangan nito bago gawing troso ang kahoy nito. Isa siyang malambot na kahoy na madalas ginagamit sa pagyayari ng mga bakya, kabinet, o dibayder sa bahay. Negosyo rin ang Takalanan, isang sistema ng pangungutang kung saan palay Gng ang ginagamit pambayad. Ayon sa kanila, malaki rin ang tubo ng mga nagpapautang dahil mas mahal ang benta ng palay kaysa sa pautang mismo. Kung ang mga magsasaka ay walang ani, wala silang maipapakiskis o Maibabayong palay kaya naman ay minsan kinakailangan nilang mangutang. Nagkakahalagang PHP150 Piso ang isang kilo ng palay kapag ito ay kiniskis o ibinayo.

Naglalako rin ng iba't ibang gulay at pagkain ang pamilya pandagdag na rin sa pinagkakakuhanan nila ng hanapbuhay. Nagbebenta sila ng lagulo, sukang sasa, at Sabindukong. Ang sabindukong ay isang bulaklak na maaaring kainin na inihalintulad nila sa lalaking papaya. Kapag mayroon namang Opyang o Batotoy na nakuha sa ang pamilya ay kanila itong niluluto para gawing ulam upang hindi na gumastos pa. Ang niluluto nilang ulam gamit ang opyang ay Magatang at Malahap (magata at masarap). Sila rin ay nagbebenta ng Dirakrakan o kabute na galing sa kanilang bukid at kakahuyan. Ang isang kilong dirakrakan ay naibebenta nila sa halagang PHP 35.00 samantalang ang kalahating kilo naman ay nagkakahalagang PHP 50.00. May dalawang klase ng kabute ang matatagpuan sa kanilang bukid: ang Kubute sa Kidlat

at ang Kabute sa Dayami. Ang kabute sa dayami ay nilalako ni Nanay Margie sa umaga at madaling maubos ang paninda niyang ito.

Ang kahoy mula sa puno ng Mahogany ay inaabot ng sampung taon bago ito matroso. Subalit napakaganda naman ng kalidad nito sapagkat hindi ito inaanay. Maganda rin ang kulay nito dahil mapula ang kahoy nito. Sabi nga ni Gng. Benigno Delasrigas, madalas ang mga pinto sa bahay ng mga mayayaman at yari sa kahoy ng puno ng Mahogani. Ang Milena naman ay hindi tulad ng Mahogany sapagkat saglit na panahon lamang ang kinakailangan nito bago gawing troso ang kahoy nito. Isa siyang malambot na kahoy na madalas ginagamit sa pagyayari ng mga bakya, kabinet, o dibayder sa bahay. Negosyo rin ang Takalanan, isang sistema ng pangungutang kung saan palay Gng ang ginagamit pambayad. Ayon sa kanila, malaki rin ang tubo ng mga nagpapautang dahil mas mahal ang benta ng palay kaysa sa pautang mismo. Kung ang mga magsasaka ay walang ani, wala silang maipapakiskis o Maibabayong palay kaya naman ay minsan kinakailangan nilang mangutang. Nagkakahalagang PHP150 Piso ang isang kilo ng palay kapag ito ay kiniskis o ibinayo.

Naglalako rin ng iba't ibang gulay at pagkain ang pamilya pandagdag na rin sa pinagkakakuhanan nila ng hanapbuhay. Nagbebenta sila ng lagulo, sukanang sasa, at Sabindukong. Ang sabindukong ay isang bulaklak na maaaring kainin na inihalintulad nila sa lalaking papaya. Kapag mayroon namang Opyang o Batotoy na nakuha sa ang pamilya ay kanila itong niluluto para gawing ulam upang hindi na gumastos pa. Ang niluluto nilang ulam gamit ang opyang ay Magatang at Malahap (magata at masarap). Sila rin ay nagbebenta ng Dirakrakan o kabute na galing sa kanilang bukid at kakahuyan. Ang isang kilong dirakrakan ay naibebenta nila sa halagang PHP 35.00 samantalang ang kalahating kilo naman ay nagkakahalagang PHP 50.00. May dalawang klase ng kabute ang matatagpuan sa kanilang bukid: ang Kubute sa Kidlat at ang Kabute sa Dayami. Ang kabute sa dayami ay nilalako ni Nanay Margie sa umaga at madaling maubos ang paninda niyang ito.

Siklo ng Buhay

Tulad ng ibang mga bata sa iba't ibang parte ng mundo, ang mga batang Sambal Tina na hindi pa pumapasok sa paaralan ay naglalaro lamang. Sila ay naliligo sa ilog, gumagala at nakikipaglaro sa mga kapitbahay. Unang beses na ipinapasok ang mga bata sa Day Care Center kapag sila ay apat o limang taong gulang na. Mayroon din namang mga klaseng binuo ng kanilang Pastor para sa mga bata na kadalasang dinadaluhan ng mga nasa dalawa at tatlong gulang pa lamang. Pinapahalagahan naman ng mga mamamayan ng Sitio Bakuli ang pag-aaral ng mga bata ngunit minsan ay isinasama sila sa bundok na nagiging dahilan ng kanilang paghinto sa pag-aaral.

Gayunpaman, hindi pa rin nakakaligtaan ang pagtuturo sa mga batang ito ng mga gawaing bahay tulad ng pagwawalis sa loob at labas ng bahay, paghuhugas ng plato at kaldero, pag-iigib at marami pang iba. Kalimitan, walang pagkakaiba sa mga gawaing inaatas sa mga lalaki at babae. Ngunit habang tumatanda ang mga ito, nahahati na ang mga gawain ayon sa kanilang kakayahan. Ang mga lalaki kapag nasa hustong edad na o **Hoston ha idad** ay kadalasang nagsisibak ng kahoy at ang mga babae naman ay nagsasaing, nagwawalis at naghuhugas ng mga pinagkainan.

Habang nagbibinata at nagdadalaga ang mga bata o nasa **hosto ha idad** (nasa hustong edad) o may sapat na gulang, nakakakita ng mga pagbabago sa kanilang mga kilos at pananalita. Ayon sa mga panayam, ang kadalasang napapansin nilang mga pagbabago ay ang pagkakaroon ng **Kamoró** o tagyawat at pasa, nagiging masungit,

madaling mairita, lumalaki ang boses, lumalaki ang katawan at marami pang iba. Ang pinakamadaling palatandaan ay kung **Magrigla** o **nirereгла** na. At dahil nag-iiba na ang mga bata, inaasahan din mula sa mga binata at dalaga na maging mas responsable sa kanilang mga ginagawa.

Bagamat walang pormal na okasyon o programa upang basbasan ang pagbabago nila mula sa pagiging bata, naniniwala naman ang mga taga-Bakuli sa **Ida-ton** (pag-aalay) sa mga espiritu o sa ng namatay na kamag-anak. Ayon sa isang panayam, tuwing araw ng kapanganakan, nagtatabi sila ng mga handa upang kapag bumisita ang kanilang namayapang kamag-anak ay mayroong nakahandang pagkain para sa kanila. Kasama ng mga pagkaing iniaalay ay ang **Bilog** (alak), kandila at sigarilyo.

Habang tumatanda ang mga tao, nagkakaroon na sila ng mas konkretong perspektibo sa mga layunin nila sa buhay. Pagkarating ng panahon na sila ay nasa sapat ng gulang na, pumapasok na ang mga ito sa pagpapamilya. Ang ilan sa mga nakapanayam ay katorse lamang noong sila ay mag-asawa at aminado naman ang mga ito na masyadong maaga pa ito para bumuo ng sariling pamilya. Gayunpaman, anila, mayroon silang kalayaan na pumili ng kanilang mapapangasawa. Ukol naman sa kung sino ang dapat mauna, sabi ng mga nakapanayam na ang **Kalingkakaan o Pinakamatontawo** (panganay) dapat ang nauuna sa pag-aasawa.

Sa kabilang banda, pagkarating naman ng edad ng **Matoantawo** o katandaan, mayroon pa ring mga tungkuling dapat gampanan ng mga matatanda sa lipunan. Kadalasan, sila ang nagbibigay ng payo sa mga mas nakababatang miyembro. Sila rin ang kadalasang nangunguna ng mga plano sa komunidad at madalas naatasing pangongolekta ng abuloy sa simbahan o maging para sa patay. Mataas ang respetong binibigay nila sa matatanda pero hindi ibig sabihin nito na anumang sabihin ng mga matatanda ay kanila nang susundin.

Pamilya at Pagkakamag-anak

Mayroong iba't ibang paraan at paniniwala ang bawat pamilya sa pagpapanatili ng kaayusan ng mga ito. Una sa lahat, ang puno ng pamilya ay kadalasang ibinibigay sa mga ama o tatay, ayon sa dalawang nakapanayam. Ito ay dahil sila ang naghahanap-buhay upang maibigay ang pangangailangan ng pamilya. Ayon kay Sarah Jeron,

“Kung sa amin lang naman, siyempre lalaki ang magdedesisyon. Dahil siya ang lider ng pamilya.”

Sa pagbabago ng panahon ay nagbabago na rin ang pagtingin sa paghahati ng obligasyon sa kanilang pamilya, ito ay naayon sa kakayahan ng bawat mag-asawa. Sa ngayon mayroon nang pantay-pantay na pribilehiyong natatanggap ng mga kalalakihan at kababaihan sa lipunan.

Sa usaping pag-aasawa, hindi mahigpit ang mga kondisyon ukol sa magiging asawa ng isang tao. Napag-alaman ng mga mananaliksik na walang hindi puwedeng mapangasawa ang isang lalaki sa kanilang grupo. Ang mahalaga ay kaya niyang ibigay ang pangangailangan ng bawat isa. Maaaring maging asawa ng isang lalaki ang kanyang ina o kapatid na iba sa mga panayam sa ibang lugar ng pananaliksik. Sa Sitio Bakuli, maaari maging magkasintahan ang dati nang magkapatid, mag-ina o silang dalawa. Isang halimbawa sa mga pagkakasundong ito ang isang nakapanayam ng mga

mananaliksik na dalawang magkapatid na babae na may iisang asawa. Ayon sa nakapanayam na si Emi Basa, patuloy silang tumitira sa ilalim ng iisang bubong at sama-samang tinataguyod ang kanilang pamilya, sa layuning mapangalagaan ang lahat.

“Ang sakin lang naman, nandyan na yan eh. Di ko kasalanan na di ako mapagbigay sa kasiyahan ng isang tao. Kaya ang ano ko dun, nagpapaka-martir nalang ako sa asawa naming dalawa. Siyempre may anak na rin naman ako, ayaw ko kasing mabuhay ang anak ko ng walang ituring na tatay. Kaya ang ginawa ko nalang ako nalang ang nagpakumbaba para hindi kami magkaaway. Ang ano ko lang sa kanila basta magkasundo tayo, kako, at saka magtiyaga lang tayo pareparehas maghanapbuhay. Tayo kasi kakong tatlo wala naman kasi tayong kayamanan. Kaya ang ano nalang natin kako ay magtulungan nalang tayo para mabuhay (Sarah Jeron, KII, June 26, 2018).”

Bagamat pawang bukas ang mga pamilya sa pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng komunidad, ang away o alitan sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya ay hindi na dapat pinakikialaman ng mga kapitbahay. Labag sa kanila ang panghihimasok ng ibang tao sa mga alitan o problema sa pagitan ng dalawang panig. Ayon sa kanila, ang away sa mag-asawa o pamilya ay eksklusibo lamang sa mga sangkot dito. Maaari lamang tumulong o makialam ang mga kapitbahay kapag umabot na ang away sa pisikalan o patayan. Bukod pa rito, nagkakaroon lamang ng opinyon ang iba lalo na ang mga nakatatanda tuwing lumalapit ang mga sangkot para humingi ng tulong. Ayon sa mga nakapanayam, katanggap-tanggap lamang ang panghihimasok ng kanilang mga chieftain o di kaya, ng mga nakakatanda sa komunidad, kung kinakailangan. Gayunpaman, pinagsisikapan na ang mga alitan ay manatili sa kani-kanilang mga pamilya, maliban kung ang mga paksa ng alitan ay malubha at may kinalaman sa kabuoan ng komunidad.

Talasalitaan ng ga salita sa wikang Sambal Tina

A	
<i>aboh</i>	<i>abo</i>
<i>abolog</i>	<i>kulungan ng baboy</i>
<i>abosyon</i>	<i>paniniwala</i>
<i>akoton</i>	<i>manguha/mangalap</i>
<i>agoh</i>	<i>agos</i>
<i>alalak</i>	<i>anak/kaanak</i>
<i>alimbohabo</i>	<i>ipo-ipo</i>
<i>alindayat</i>	<i>lawa</i>
<i>alinhangaw</i>	<i>alingasaw</i>
<i>alipaok</i>	<i>hamog</i>
<i>alon</i>	<i>alon</i>
<i>a-long</i>	<i>ilong</i>

<i>amá</i>	<i>ama</i>
<i>ambay</i>	<i>dagat</i>
<i>amog</i>	<i>hamog</i>
<i>amót</i>	<i>init</i>
<i>aná</i>	<i>anak</i>
<i>apóy</i>	<i>apoy</i>
<i>armosál</i>	<i>almusal</i>
<i>arò</i>	<i>pag-ibig/mahal</i>
<i>asadór</i>	<i>asarol</i>
<i>asók</i>	<i>usok</i>
<i>awlo</i>	<i>araw</i>
<i>ayro</i>	<i>Hipag</i>
B	
<i>ba-bâ</i>	<i>baba</i>
<i>babaí</i>	<i>bayán</i>
<i>babo</i>	<i>burol</i>
<i>baboy</i>	<i>baboy</i>
<i>baka</i>	<i>baka</i>
<i>bakil</i>	<i>bundok</i>
<i>bagon</i>	<i>Bagon/kariton</i>
<i>bahora</i>	<i>bahura</i>
<i>balarbar</i>	<i>libis</i>
<i>Balí</i>	<i>bahay</i>
<i>Balo</i>	<i>balo</i>
<i>banal</i>	<i>banal</i>
<i>banga</i>	<i>banga</i>
<i>barko</i>	<i>barko</i>
<i>bayì</i>	<i>yumuko</i>
<i>biliwon</i>	<i>makita</i>
<i>bitíl</i>	<i>gutom</i>
<i>bitoka</i>	<i>bituka</i>
<i>bitoon</i>	<i>bituin</i>
<i>biyáy</i>	<i>buhay</i>
<i>boklah</i>	<i>umaga</i>
<i>boghay</i>	<i>sagwan</i>
<i>bolan</i>	<i>bunganga</i>
<i>boma-log</i>	<i>dagungdong</i>
<i>bonong</i>	<i>bolo</i>
<i>bool</i>	<i>malamig</i>

<i>bosay</i>	<i>talon</i>
<i>botol</i>	<i>buto</i>
<i>botolán</i>	<i>benta</i>
<i>bowát</i>	<i>palayan</i>
<i>boya</i>	<i>boya</i>
<i>boyáh</i>	<i>bigas</i>
<i>byahi</i>	<i>byahe</i>
<i>K</i>	
<i>kabatwan</i>	<i>mabato</i>
<i>kabayo</i>	<i>kabayo</i>
<i>kabónlalangaw</i>	<i>bahaghari</i>
<i>kabwatan</i>	<i>troso</i>
<i>kakair</i>	<i>Karet/kalaykay</i>
<i>kakalaykayan</i>	<i>kakahuyan</i>
<i>kakalmaán</i>	<i>paniniwala</i>
<i>kakolangan-kalmá</i>	<i>kamalasan</i>
<i>kadimalasan</i>	<i>minalas</i>
<i>kaga-galang</i>	<i>kagalang-galang</i>
<i>kagostowán</i>	<i>kagustuhan</i>
<i>kahál</i>	<i>kasal</i>
<i>kairapan</i>	<i>kahirapan</i>
<i>kalingkakaan</i>	<i>panganay</i>
<i>ka-payawan</i>	<i>tubigan</i>
<i>kapobrihan</i>	<i>kahirapan</i>
<i>kayo</i>	<i>kahoy</i>
<i>kimát</i>	<i>kidlat</i>
<i>klima</i>	<i>klima</i>
<i>kolitá</i>	<i>pugita</i>
<i>komadrona</i>	<i>komadrona</i>
<i>konâ</i>	<i>isda</i>
<i>D</i>	
<i>dakpon</i>	<i>dakpin/hulihin</i>
<i>dakrakan</i>	<i>kabute</i>
<i>dalomarim</i>	<i>ambon</i>
<i>damolag</i>	<i>kalabaw</i>
<i>da-ton</i>	<i>sakripisyo</i>
<i>dayami</i>	<i>dayami</i>
<i>dikót</i>	<i>damot</i>
<i>diláp</i>	<i>kinabukasan</i>

<i>Dios</i>	<i>Dyos</i>
<i>domaloy</i>	<i>dumaloy</i>
<i>domawat</i>	<i>magdasal</i>
<i>domoong</i>	<i>dumaaon</i>
<i>doták</i>	<i>putik</i>
<i>G</i>	
<i>gabók</i>	<i>alikabok</i>
<i>gamiton</i>	<i>gamitin</i>
<i>gamót</i>	<i>kamay</i>
<i>gaor</i>	<i>sagwan</i>
<i>gastosón</i>	<i>gastusin</i>
<i>gatir</i>	<i>magsagwan</i>
<i>gaw-on</i>	<i>gawain</i>
<i>gigilingan</i>	<i>gilingan</i>
<i>glorya</i>	<i>Glorya/langit</i>
<i>H</i>	
<i>habongan</i>	<i>sabungan</i>
<i>halanggawón</i>	<i>hulihin</i>
<i>halità</i>	<i>salita</i>
<i>handaan</i>	<i>handaan</i>
<i>hapà</i>	<i>sapa</i>
<i>hoból</i>	<i>sibol</i>
<i>hohokat</i>	<i>sukat</i>
<i>holaan</i>	<i>hulaan</i>
<i>homi-ban</i>	<i>lumaki</i>
<i>I</i>	
<i>ibo-bò</i>	<i>ibuhos</i>
<i>ikabít</i>	<i>ikabit</i>
<i>ikót</i>	<i>pangbingwit</i>
<i>idád</i>	<i>edad</i>
<i>ilakò</i>	<i>ilako</i>
<i>llisi</i>	<i>elisi</i>
<i>ilog</i>	<i>ilog</i>
<i>inawlo-awlo</i>	<i>Araw-araw</i>
<i>isla</i>	<i>isla</i>
<i>itolak</i>	<i>itulak</i>
<i>L</i>	

<i>lakò</i>	<i>lako</i>
<i>lahap</i>	<i>lasap</i>
<i>lanóm</i>	<i>tubig</i>
<i>lapót</i>	<i>hakot/ani</i>
<i>lawak</i>	<i>bukid</i>
<i>la-wan</i>	<i>bitag</i>
<i>layag</i>	<i>layag</i>
<i>layat</i>	<i>dagat</i>
<i>layí</i>	<i>batas</i>
<i>lolom</i>	<i>kulimlim</i>
<i>lomabág</i>	<i>lumabag</i>
<i>lomabwà</i>	<i>lumawa/umapaw</i>
<i>lopót</i>	<i>hangin</i>
<i>lotà</i>	<i>lupa</i>
M	
<i>maabond</i>	<i>mabunga</i>
<i>mababo</i>	<i>mababaw</i>
<i>mabyat</i>	<i>mabigat</i>
<i>ma-kan</i>	<i>makakain</i>
<i>maki-ram</i>	<i>manghiram</i>
<i>ma-kit</i>	<i>makita</i>
<i>maklang</i>	<i>matuyo</i>
<i>maganda</i>	<i>maganda</i>
<i>magkaambalí</i>	<i>marami</i>
<i>magdasál</i>	<i>magdasal</i>
<i>maghandâ</i>	<i>maghanda</i>
<i>magpoyát</i>	<i>magpuyat</i>
<i>magrigla</i>	<i>magregla</i>
<i>mahosay</i>	<i>mahusay</i>
<i>maíh</i>	<i>mais</i>
<i>mainglot</i>	<i>lamang-dagat</i>
<i>mairap</i>	<i>mahirap</i>
<i>malalò</i>	<i>malalim</i>
<i>malayóp</i>	<i>malamig</i>
<i>maliga</i>	<i>maligaya</i>
<i>ma-lilimóh</i>	<i>malunod</i>
<i>mallnak</i>	<i>kalamado</i>
<i>malino</i>	<i>malinaw</i>
<i>malombit</i>	<i>buntis</i>

<i>malotò</i>	<i>mahinog</i>
<i>ma-magtinda</i>	<i>magtinda</i>
<i>mamipalwah</i>	<i>gumawa</i>
<i>ma-mot</i>	<i>mainit</i>
<i>manglapót</i>	<i>mag-ani</i>
<i>mangmola</i>	<i>mamula</i>
<i>mangotkot</i>	<i>maghukay</i>
<i>maninilay</i>	<i>mangingisda</i>
<i>manoyang</i>	<i>manugang</i>
<i>N</i>	
<i>naiknawán</i>	<i>Tradisyon</i>
<i>nigosyo</i>	<i>negosyo</i>
<i>O</i>	
<i>otang</i>	<i>utang</i>
<i>P</i>	
<i>pakahalan</i>	<i>marami</i>
<i>pahaklang</i>	<i>pataas</i>
<i>pahobà</i>	<i>pababa</i>
<i>palakay</i>	<i>punla</i>
<i>palbangon</i>	<i>Madaling araw</i>
<i>palingki</i>	<i>palengke</i>
<i>pamilbián</i>	<i>tanda</i>
<i>panà</i>	<i>pana</i>
<i>panaón</i>	<i>panahon</i>
<i>pantalan</i>	<i>pantalan</i>
<i>papalbwatan</i>	<i>Bukid/taniman</i>
<i>posít</i>	<i>pusit</i>
<i>R</i>	
<i>rimidyo</i>	<i>remedyo</i>
<i>S</i>	
<i>sinyas</i>	<i>senyas</i>
<i>T</i>	
<i>talanan</i>	<i>sumuporta</i>
<i>talonaha</i>	<i>igat</i>
<i>tambal</i>	<i>gamot</i>
<i>tinanda</i>	<i>Kaalaman</i>
<i>toldok</i>	<i>tuldok</i>
<i>W</i>	

<i>wawali</i>	<i>payuan</i>
<i>Y</i>	
<i>yabi</i>	<i>gabi</i>
<i>yamót</i>	<i>ugat</i>

Apendiks : Mga impormante

Mga kinapanayam

1. *Luzviminda Avila Navarro*

Magsasaka
73 taong gulang
Sitio Taya, Barangay Alwa Palauig Zambales
Sambal Tina

2. *Genelyn Mapa*

43 taong gulang
Barangay Health Worker
Barangay Lucapon South
Sambal Tina

3. *Genelyn Mapa*

43 taong gulang
Barangay Health Worker
Barangay Lucapon South Sta. Cruz, Zambales

4. *Judy Basa*

Pastor
33 taong gulang
Sitio Rivera, Bakuli, Cabangan, Zambales

5. *Loreto Beltran*

36 taong gulang
Ordinaryong mamayan
Brgy. Bacoli Cabangan, Zambales

6. *Lorna Mary Echipare*

51 taong gulang
magsasaka
Barangay Tabalong Sta. Cruz, Zambales

7. *Elena Mersa*

45 taong gulang
Housewife
Barangay Tabalong Sta. Cruz, Zambales

8. *Nilda Mersa*

58 taong gulang
Magsasaka
Barangay Tabalong Sta. Cruz, Zambales

9. *Hellen Reboso*

55 taong gulang
May bahay

Barangay Lucapon South, Sta. Cruz

10. Myrna Urbano

53 taong gulang
Sekretarya ng Barangay / Pagsasaka
Barangay Tabalong Sta. Cruz, Zambales

11. Rowena Molino

46 taong gulang
Sa nutrisyon ng Banangay
Barangay Tabalong Sta. Cruz, Zambales

12. Solomon Fernandez

77 taong gulang
Dating Barangay Kapitan
Barangay Tabalong Sta. Cruz, Zambales

13. Jepril Torqueza

21 taong gulang
Mamayan
Barangay Alwa Palauig Zambales

14. Mary Jane Navarro

22 taong gulang
May bahay
Sitio taya Barangay Alwa, Zambales

15. Sarah Geron

32 taong gulang
May bahay
Sitio Taya barangay Alwa Zambales

16. Gema Rie Turqueza

24 taong gulang
May bahay
Sitio Taya barangay Alwa Zambales

17. Saturnino Torqueza Jr.

32 taong gulang
Magsasaka
Sitio Taya barangay Alwa Zambales

18. Jacquelyn Turqueza Cabrera

38 taong gulang
Mason

Sitio Taya barangay Alwa Zambales

19. Luzviminda Avila Navarro

73 taong gulang

Ordinaryong mamayan

Sitio Taya, Barangay Alwa Palauig Zambales

20. Edna Paranas

52 taong gulang

Magsasaka

Sitio Taya barangay Alwa Zambales

21. Gilbert Cabrera

43 taong gulang

Magsasaka

Sitio Taya barangay Alwa Zambales

22. Benigno Retumban

53 taong gulang

Magsasaka

Sitio Taya barangay Alwa Zambales

23. Mario Ramos

51 taong gulang

Indigenous People Mandatory Representative

Brgy. Cadmang Reserba, Cabangan Zambales

24. Paulino Lopez

44 taong gulang

Mangingisda

Brgy. Baloganon, Cabagan Zambales

25. Manuel Dela Cruz

Brgy. Palis, Botolan Zambales

26. Emely Dela Cruz

Utility helper sa barangay

50 taong gulang

Brgy. Palis Botolan Zambales

Sambal Botolan

27. Sotero Dela Cruz

Brgy. Captain

38 taong gulang

Brgy. Palis Loob Bunga Botolan Zambales

28. Rosita Baldovino

78 taong gulang

Brgy San Rafael, San Marcelino Zambales

29. Nikki Garcia

23 taong gulang

Housewife

Brgy. Sitio Baculi Cabangan, Zambales

30. Mario Ramos

51 taong gulang

Indigenous People Mandatory Representative

Brgy. Cadmang Reserba, Cabangan Zambales

31. Loreto Beltran

36 taong gulang

Ordinaryong mamayan

Brgy. Sitio Baculi Cabangan, Zambales

32. Tomorio Ramos

47 taong gulang

Ordinaryong mamayan

Brgy. Sitio Baculi Cabangan, Zambales

33. Arlene Pata

31 taong gulang

Brgy. Baloganon, Cabagan Zambales

34. Victoria Ecclibia Recupero

90 taong gulang

Senior Citizen

Barangay Uacon, Candelaria Zambales

35. Rotila Espanol Gonzales

57 taong gulang

Barangay Health Worker

Barangay Uacon, Candelaria Zambales

36. Laila Cayaga

47 taong gulang

Barangay Nutrition Scholar

Barangay Uacon, Candelaria Zambales

37. Edlina Edquiba

41 taong gulang

Kagawad
Barangay Uacon, Candelaria Zambales

38. Arlinda Cabangisan
50 taong gulang
Ordinaryong mamayan
Barangay Uacon, Candelaria Zambales

39. Felicitas A. Apongol
72 taong gulang
Kapitana ng Barangay
Barangay Uacon, Candelaria Zambales

40. Christina M. Lee
60 taong gulang
Barangay kagawad
Barangay Uacon, Candelaria Zambales

41. Godioso Recupero
63 taong gulang
Ordinaryong mamayan
Barangay Uacon, Candelaria Zambales

42. Flora Espanol
74 taong gulang
Ordinaryong mamayan
Barangay Uacon, Candelaria Zambales

43. Margie Cayabyab
55 taong gulang
Brgy. Alwa, Paluig Zambales

44. Ma. Teresa Cayabyab
50 taong gulang
Brgy. Alwa, Paluig Zambales

45. Edna Cayabyab
87 taong gulang
Brgy. Alwa, Paluig Zambales

46. Lorna Mary Echipare
51 taong gulang
Brgy. Tabalong Sta Cruz Zambales

47. Godioso Recupero
63 taong gulang
Brgy. Uacon, Candelaria Zambales

48. Felicitas A. Apongol

72 taong gulang
Brgy. Uacon, Candelaria Zambales

49. *Arlinda Cabangisan*
50 taong gulang
Brgy. Uacon, Candelaria Zambales

50. *Edlina Edquiba*
41 taong gulang
Brgy. Uacon, Candelaria Zambales

51. *Laila Cayaga*
47 taong gulang
Brgy. Uacon, Candelaria Zambales

52. *Emily Gorospe*
29 taong gulang
Purok Apitong, Masinloc Zambales

53. *Edwin Tila*
42 taong gulang
Purok Apitong, Masinloc Zambales

54. *Nelson Montesa*
58 taong gulang
Purok Apitong, Masinloc Zambales

55. *Ester Moselina*
30 years old
Purok Baloganon, Masinloc Zambales

56. *Noli Moselina*
33 taong gulang
Purok Baloganon, Masinloc Zambales

57. *Maggie Osoryo*
30 taong gulang
Purok Baloganon, Masinloc Zambales

58. *Marilou Mirano*
37 taong gulang
Sekretarya ng barangay
Barangay Lucapon South Sta. Cruz, Zambales

59. *Lilia dela Cruz*
35 taong gulang
BHW

Barangay Palis, Loob Bunga Botolan Zambales

60. Tirso dela Cruz

42 taong gulang

Kagawad

Barangay Palis, Loob Bunga Botolan Zambales

61. Sotero dela Cruz

40 taong gulang

Kapitang Barangay

Barangay Palis, Loob Bunga Botolan Zambales

62. Arnold dela Cruz

46 taong gulang

Kagawad

Barangay Palis, Loob Bunga Botolan Zambales

63. Lito dela Cruz

46 taong gulang

Dating Kapitang Barangay

Barangay Palis, Loob Bunga Botolan Zambales

64. Robert Dela Cruz

30 taong gulang

Kagawad

Barangay Palis, Loob Bunga Botolan Zambales

65. Mirasol Basa

35 taong gulang

Housewife

Barangay Palis, Loob Bunga Botolan Zambales

66. Gaab Atanacio

90 taong gulang

Dating chieftain/elder

Barangay Moraza, Loob-Bunga Botolan Zambales

67. April Boy Magtanong

18 taong gulang

Ordinaryong mamayan

Nocolcol, Loob-Bunga Botolan Zambales

68. Peling Gabino

66 taong gulang

Ordinaryong mamayan

Sta Fe, San Marcelino Zambales

69. Fina Espano

63 taong gulang
Housewife
Sta Cruz, Zambales

70. Gadoso Perling
66 taong gulang
Ordinaryong mamayan
Sta Cruz Zambales

71. Lorna Echepara
Barangay Tabalong Sta. Cruz, Zambales

72. Leonarda Fernandez
Barangay Tabalong Sta. Cruz, Zambales

73. Myrna Urbano
Barangay Tabalong Sta. Cruz, Zambales

74. Nilda Mersa
Barangay Tabalong Sta. Cruz, Zambales

75. Rowena Molina
Barangay Tabalong Sta. Cruz, Zambales

76. Marilou E. Milano
Barangay Tabalong Sta. Cruz, Zambales

77. Hellen Reboso
Barangay Tabalong Sta. Cruz, Zambales

78. Paulino Lopez
Baloganon, Masinloc Zambales

79. Robella T. Banesa
Brgy. Uacon, Candelario Zambales

80. Adoracion Elenator
Brgy. Alwa, Palauig Zambales